

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

August 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

“Big time” na pagtaas ng presyo ng langis ngayong Agosto, tinutulan.....	8
Detachment militar sa Guihulngan City, pinaputukan ng BHB.....	10
Magsasakang matagal nang ginigipit ng pulis at militar sa Negros Oriental, pinasurender.....	11
70 taon ng pakikibaka para sa soberanya at kapayapaan ng mamamayang Korean, ginunita	12
Agosto 26, itinakdang Internasyunal na Araw ng Pagkilos para sa kilusang mapagpalaya sa Pilipinas.....	15
PKM-Rizal, nakiramay sa mga namatayan sa lumubog na bangka sa Binangonan.....	17
Soberanya ng mga bansa sa Latin America at Caribbean, iginiit sa CELAC-EU summit.....	19
59th IB, nambubulabog sa komunidad sa Batangas.....	25
Pagtatalaga ni Marcos ng mga opisyal ng CORDS, binatikos ng NDFP.....	26
DoH, kinalampag ng manggagawang pangkalusugan sa mga pribadong ospital.....	29
₱10B “confidential” at “intelligence” funds sa panukalang badyet, binatikos.....	31
Bahay ng nagreklamong kapitan ng barangay, niratrat ng sundalo.....	33

European Union, hinamon ng NDFP na muling imbestigahan ang rekord sa karapatang-tao ni Marcos Jr.....	34
Pagpapanagot sa mga pulis na sangkot sa Blood Sunday sa Southern Tagalog, nagpapatuloy....	37
Panganganyon sa Guihulngan City, naghatid ng takot sa mamamayan.....	39
Walong magsasaka sa Negros Occidental, dinakip ng 15th IB.....	40
Yunit ng 59th IB sa isang barangay sa Batangas, pinalalayas.....	41
Pagsasanay militar, inilunsad ng BHB sa Samar	43
Panggigipit ng LTFRB Region 6 sa mga tsuper, binatikos.....	44
Bahay ng lider-magsasaka sa Tarlac, pinagbabaril.....	45
Hustisya, giit ng ina ng pinatay sa Bloody Sunday Massacre.....	47
Protesta kontra pagmimina sa Eastern Samar, inilunsad.....	48
Reklamasyon sa Manila Bay, “rerepasuhin” matapos itulak ng US.....	50
SM City Santa Rosa, pinananagot sa pagkamatay ng 2 manggagawa.....	52

₱750 minimum na sahod sa Calabarzon, iginiiit	54
Grupong Save Gubat Bay Movement, nagtayo ng nursery ng mga bakawan sa Sorsogon.....	56
Bahagyang pagbaba ng implasyon sa Hulyo, walang epekto sa nagtataasang presyo.....	57
Datos ng estado sa empleyo, hindi tugma sa datos ng paghihirap.....	59
Dekalidad na edukasyon, di sarbeylans at paniktik.....	60
Laban sa “Golden Rice,” tumuntong sa ika-10 taon.....	62
Marcos Jr, binweltahan sa kainutilan sa harap ng pagsirit presyo ng langis.....	65
Mga manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita, muling iginigiit ang kanilang karapatan sa lupa	67
Pagpatay sa NDFP konsultant, wala pa ring hustisya pagkatapos ng 3 taon.....	69
₱100 dagdag-sahod, itinulak sa Region 7.....	70
GDP sa ika-2 kwarto, pinakamaliit sa 12 taon.	71
Pera ng mamamayan, ginagamit para sa konstruksyon ng mga base militar ng US.....	73
Unang araw ng eskwela sa UST, sinalubong ng protesta.....	75

War game, idadaos ng US sa Pilipinas sa tabing ng “relief operations”76

₱1 bilyon kumpensasyon sa Marawi, halos ubos sa loob ng isang araw.....78

Imbestigasyon sa pagpatay ng 37th IB sa guro ng mga Lumad, itinutulak.....79

Mga kawani ng guberno, iginigiit ang badyet para sa dagdag-sweldo.....81

‘Palarong ROTC’ sa Visayas, binatikos ng mga kabataan.....83

Babaeng lider-magsasaka sa Isabela, hindi nagpapatinag sa 502nd IBde.....84

Kampanya laban sa gutom at sakit sa Negros, inilunsad.....86

4 na riple, isang pistola, nasamsam ng BHB-Northern Negros.....87

Kasong pagpatay, dapat isampa sa mga pulis na pumatay sa menor-de-edad sa Navotas.....88

4 na malalaking unyon, nakawelga sa Los Angeles City sa US.....91

Pagkakaisa ng mga magtutubo sa Batangas, pinagtibay.....93

₱493 bilyon, nadagdag sa yaman ng mga bilyunaryong burges at burukratang Pilipino sa gitna ng papatinding kahirapan.....95

Hedkwaters ng 2nd IB sa Masbate, pinaalis ng mga residente.....	97
Importasyon ng bigas, di magpapababa ng presyo.....	98
Mga elemento ng CAFGU at vigilante, tinambangan ng BHB-Masbate.....	100
Pandarahas ng mga sundalo sa mga magsasaka sa Masbate, walang awat.....	102
4 na pistola, nakumpiska ng BHB sa operasyong dis-arma.....	104
Ahenteng militar sa likod ng 8 EJK sa Negros, inambus.....	105
Matandang magsasaka sa Himamaylan City, inaresto sa gawa-gawang kaso.....	106
Pagtitipon ng mga lider-estudyante ng UP sa Mindanao, ginipit ng mga pulis.....	107
Arbitraryong pagpapatanggal ng DepEd sa mga paskil sa klasrum, inalmahan ng mga guro...	109
Sibilyan at hindi mandirigma ang “pinasuko” sa Negros Oriental.....	110
Ika-3 anibersaryo ng pagpatay sa tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros, ginunita.....	112
Mga mangingisda sa Navotas, nagprotesta kontra reklamasyon sa Manila Bay.....	114
Pamasahe sa eroplano, tataas sa Setyembre.	115

Mga mag-aaral ng University of San Carlos, nagprotesta sa unang araw ng klase.....	116
Pagtitipon ng APEC kaugnay ng kababaihan at ekonomya, binulabog ng protesta.....	117
Kababaihan, nangalampag laban sa nagtataasang presyo ng bilihin.....	119
Panggigipit sa mga Pilipinong tagapagtanggol sa karapatang-tao, malawakang kinundena...	120
Mga barko at eroplanong pandigma ng US, nakatigil sa karagatan ng Pilipinas.....	122
Mga manggagawang tinanggal, nagpiket sa Mandaue City.....	125
Pagdukot at pagpatay sa 2 mandirigmang hors de combat sa Iloilo, kinundena.....	126
Tatlong babae, minasaker ng AFP sa Masbate	128
Tsuper sa Batangas, dinukot ng mga pulis....	130
Dagdag na rekisito para makabyahe, pahirap at labag sa karapatan ng mga migrante.....	131
Ika-2 serye ng ayuda sa magtutubo sa Batangas, ipinamahagi.....	133
Pagtapon sa dagat ng kontaminadong basura ng Japan, malawakang pinrotesta.....	135
SIM Registration Law, palpak sa pagpapigil ng mga text scam at ibang cybercrime.....	137

Planong pagtayo ng marine hatchery sa Sorsogon, pantabing sa pangangamkam ng lupa138

₱125 milyong confidential funds na ginastos ni Duterte noong 2022, pinakikilatis.....141

41% ng mga estudyante sa kolehiyo, tumigil sa pag-aaral sa panahon ng pandemya.....143

Diokno, pinangaralan ng kabataan.....144

Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido, ginunita.....146

Tatlong inaresto sa Batangas, iginiit na palayain148

“Big time” na pagtaas ng presyo ng langis ngayong Agosto, tinutulan

Agosto 1, 2023

Pagpatak ng alas-6 ng umaga ngayong unang araw ng Agosto, tumaas ang presyo ng langis nang hanggang ₱3.50 kada litro. Kahapon, isang araw bago ang pagsirit na ito sa presyo ng langis, nagtipon ang mga manggagawa at mga tsuper sa harap ng Philcoa sa Quezon City para iprotesta ang isa na namang “bigtime” na pagtaas na ito.

“Big time wage hike, hindi big time na oil price hike!” sigaw ng mga nagprotesta. Panawagan nilang ibasura ang deregulasyon ng industriya ng langis na nagpapahintulot sa kara-karaka at walang sagkang pagtaas ng mga kumpanya ng langis ng mga presyo.

Inianunsyo ng mga kumpanya ng langis ang pagtaas ng sumusunod na produktong petrolyo:

• Gasolina ₱2.10/litro • Kerosene ₱3.25/litro • Diesel ₱3.50/litro

[20230801_Inside_]

Magkasabay na inianunsyo ang pagtaas ng Chevron Philippines Inc. (Caltex), Petron Corp., Pilipinas Shell Petroleum Corp., at Seaoil Philippines Corp. Sumunod na nag-anunsyo ang mga kumpanyang Cleanfuel, Petro Gazz, Phoenix Petroleum Philippines Inc., PTT Philippines Corp., at Unioil Petroleum Philippines Inc. ng parehong-parehong pagtaas.

Pang-apat na beses na ang pagtaas na ito sa nakaraang apat na linggo. Bago nito, itinaas ang presyo ng gasolina nang ₱1.35/litro noong Hulyo 25, ang presyo ng diesel nang ₱2.10/litro noong Hulyo 18 at ₱0.75/litro noong Hulyo 11.

Kasabay nito, balita na rin ang napipintong pagtaas ng presyo ng bigas nang hanggang ₱4 kada kilo dulot ng kakulangan ng suplay kapwa sa loob at labas ng bansa. Dagdag ito sa dati nang itinaas na ₱2/kilo simula noong Abril.

Nagaganap ang ganitong mga pagsirit ng presyo wala pang isang linggo matapos ipagmayabang ni Ferdinand Marcos Jr na “napababa” na niya ang presyo ng mga bilihin, sa kanyang state of the nation address (SONA) sa harap ng kongreso. Ang talumpati ni Marcos ay tinawag ng mga manggagawa na “State of No Action” para

batikusin ang kawalan ng aksyon ni Marcos sa mga problema ng taumbayan.

Detachment militar sa Guihulngan City, pinaputukan ng BHB

Agosto 1, 2023

Isa ang napatay at isa ang nasugatan sa mga pasistang sundalo ng 62nd IB na nakahimpil sa Casingan Army Detachment sa Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental matapos paputukan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros noong Hulyo 30. Nilapitan ng mga Pulang mandirigma ang detachment at saka pinaulanan ng bala pasado ala-6 ng gabi.

Inilunsad ang naturang armadong aksyon sa harap ng focused military operation ng 62nd IB sa mga komunidad sa Guihulngan City at kalapit na mga bayan. Layunin ng operasyon ang bulabugin ang operasyon ng panunupil sa mamamayan ng mga sundalo at idiskaril ang takbo ng kanilang mga operasyong kombat.

Simula Hulyo 19 hanggang Hulyo 30, ipinakat ang 200 sundalo sa mga barangay ng Trinidad, Luz at Plagatasanon Proper sa Guihulngan City. Naiulat sa panahong ito ang ilegal na panghahalughog ng mga sundalo sa kabahayan ng mga residente. Kinampuhan din ng naturang tropa ang Kambairan Elementary School sa Sityo Kambairan sa Barangay Trinidad.

Magsasakang matagal nang ginigipit ng pulis at militar sa Negros Oriental, pinasurender

Agosto 1, 2023

Labag sa kanyang mga karapatan, si Tonying Sulano, isang magsasaka, ay ipinarada bilang “surenderee” ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB)-7 ng Philippine National Police noong Hulyo 30 sa Barangay Nagbagang, Santa Catalina, Negros Oriental. Ilang taon nang paulit-ulit na ginigipit ng pulis at militar si Sulano. Pinalalabas ng mga pulis na sumuko si Sulano dala ang isang kalibre .38 rebolber noong Hulyo 30 .

Ang pamilya ni Sulano na residente ng Barangay Nagbalaye, at kanyang mga kaanak ay malaon nang biktima ng red-tagging, harasment atpekeng pagpapasuko ng mga pwersa ng estado.

Ang kapatid ni Tonying na si Onyot ay biktima ng pagpaslang ng 11th IB noong 2021. Habang ang kanilang tiyuhin naman na si Nene ay sapilitang pinasuko sa kampo ng RMFB noong 2022 kapalit ng “kalayaan ng kanyang dalawang anak.” Noong Marso 2019, biktima rin ng pagpatay ng pulis sa Oplan Sauron 2 ang manugang ni Nene na si Franklin Lariosa.

Hindi bababa sa anim na myembro ng pamilya ang nasa kustodiya ng mga pwersa ng estado at nananatiling nakapailalim sa iligal na detensyon. Hindi malinaw kung anu-anong mga kaso ang nakasampa sa kanila sa korte.

Ayon kay Ka Estrella Banagbanag, tagapagsalita ng BHB-Southeast Negros, “matapos ang harasment na dinanas ng pamilyang Sulano... [ginagamit ng estado] ang mga kaanak ng mga biktima para magsilbing aset paniktik at giya sa mga operasyong kombat ng militar.”

Binatikos ni Banagbanag ang modus ng pulis at militar sa Southeast Negros para makakulimbat ng mga pabuyang salapi at iba pang pinagkukunan ng korapsyon. Dagdag pa niya, “desperado ang 11th IB at RMFB-7 na pagtakpan ang kanilang kabiguan na pigilan ang pagpupunyagi ng armadong rebolusyon sa erya.”

Sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, imbwelto ang 11th IB sa ekstrahudisyal na pagpatay kay Crisanto Lagradilla noong Hulyo 2022, tatlong pekeng engkwentro at hindi bababa sa 10 kaso ng sapilitan at pekeng pagpapasuko.

70 taon ng pakikibaka para sa soberanya at kapayapaan ng mamamayang Korean, ginunita

Agosto 2, 2023

Nakiisa ang International League of Peoples’ Struggle (ILPS) at iba’t ibang organisasyon sa Asia sa pagdiriwang ng ika-70 taong anibersaryo ng pagtatagumpay ng mamamayang Korean laban sa imperyalistang gera ng US noong Hulyo 27. Sa araw na iyon, isinagawa ng mga organisasyon ang isang “watch party” (sabayang panonood) sa isang pagtitipon na isinagawa sa Bali, Indonesia.

“Nakikiisa kami sa mamamayang Korean at sa Democratic People’s Republic of Korea (DPRK) sa paggunita sa platinum jubilee (ika-70 anibersaryo) ng kanilang tagumpay sa Korean War,” pahayag ng ILPS sa araw na iyun.

[20230802_Inside_70-taon-ng-pakikibaka-para-sa-soberanya-at-kapayapaan-ng-mamamayang-Korean-ginunita-scaled]

Ginunita ang unang Victory Day (Araw ng Tagumpay) ng Great Fatherland Liberation War (Dakilang Mapagpalayang Digma para sa Bayan) noong Hulyo 27, 1958, matapos magapi ng mamamayang Korean ang agresyong militar na pinangunahan ng US. Sa araw na ito, pinirmahan ang isang Armistice Agreement na nagtapos sa gera at nagbigay daan sa pagtatag ng Korean Demilitarized Zone o DMZ. Ang DMZ ay lupa na may habang 240 kilometro na nagsisilbing hangganan na naghahati sa peninsula sa hilaga (DPRK) at timog (Republic of Korea) na bahagi.

“Ang araw na ito ay patunay sa di natitinag na kabayanihan ng mga pwersang rebolusyonaryo ng DPRK, na nagtagumpay laban imperyalistang kapangyarihan ng US at binigo ang ambisyon nitong pagharian ang buong Korea,” ayon sa ILPS. “Isa itong di mapasusubaliang tagumpay ng lahat ng nakikibakang mamamayan sa mundo.”

Sadyang temporaryo lamang sana ang Korean Armistice Agreement. Gayunpaman, pinanatili ng US na nasa “estado ng gera” ang buong Korea nang tumanggi itong iatras ang mga pwersang militar nito at tuluy-tuloy pang naglagak ng mga

armas nukleyar sa timog na bahagi ng Korea. Sa nakaraang 70 taon, nilikha at pinanatili ng US ang isang “mapanganib na sitwasyon” sa peninsula.

Malaon nang nag-aalok ang DPRK para palitan ang armistice agreement ng isang tratadong pangkapayapaan para bigyan daan ang mapayapang “reunificatio” o muling pagbubuo ng Korea. Hindi ito tinanggap ng US lalupa’t mangangahulugan ito ng pag-atras ng mga tropang Amerikano at kanilang armas nukleyar sa peninsula.

“Patuloy naming sinusuportahan ang mamamayang Korean at DPRK sa pusisyong ito,” ayon sa ILPS. “Panahon nang wakasan ng imperyalistang US ang okupasyon nito sa South Korea at para sa mamamayang Korean na lumikha ng mapayapang kinabukasan para sa Peninsula.”

Nakiisa ang ILPS sa North Korea sa pagkundena sa sunud-sunod na malakihang mga war game ng US at papet nitong estado sa South Korea, pati na rin ng Japan, na nang-uupat ng gera at lalong nagpapataas ng tensyon sa buong peninsula.

“Nakikiisa kami sa mga mamamayan at bansa sa pagtutol sa malisyosong maniobra ng US gamit ang armas nukleyar laban sa DPRK at mamamayang Korean,” anang ILPS. Hindi banta ang nuclear program ng DPRK, di katulad sa US na walang kinikilalang internasyunal na limitasyon at pagbabawal sa sariling produksyon at gamit.

[20230802_Inside_70-taon-ng-pakikibaka-para-sa-soberanya-at-kapayapaan-ng-mamamayang-Korean-ginunita_2-scaled]

Naniniwala ang ILPS na patuloy na gagapiin ng DPRK ang mga pagtatangka ng imperyalismong US na maglunsad ng gerang agresyon, palitan ang kasalukuyang nakaupong rehimen at pagharian ang North Korea. “Patuloy naming lalabanan ang imperyalistang black propaganda, at ipaaabot ang aming anti-imperyalista at demokratikong pakikiisa sa mamamayang Korean.”

Agosto 26, itinakdang Internasyunal na Araw ng Pagkilos para sa kilusang mapagpalaya sa Pilipinas

Agosto 2, 2023

Ilulunsad ng Friends of the Filipino people in Struggle (FFPS) sa Agosto 26 ang isang Global Day of Action para suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang paglaya. Itinaon nila ang aktibidad sa anibersaryo ng “Sigaw ng Pugad Lawin” kung saan pinangunahan ni Andres Bonifacio ang pagpupunit ng mga sedula bilang simbolo ng pag-aaklas ng mamamayang Pilipino laban sa kolonyalistang Espanyol. Sinasabing naganap sa araw na iyon ang unang armadong sagupaan sa pagitan ng mga Guardia Civil at mga Katipunero.

“Mahigit isang siglo matapos ang Sigaw ng Pugad Lawin, nagpapatuloy ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa anyo ng bagong tipo ng rebolusyon - ang demokratikong rebolusyong

bayan - na nilalahukan ng libu-libong mga rebolusyonaryo mula sa National Democratic Front at mga alyadong organisasyon nito," pahayag ng FFPS.

[20230802_Inside_Agosto-26-itinakdang-Internasyunal-na-Araw-ng-Pagkilos-para-sa-kilusang-mapagpalaya-sa-Pilipinas-scaled]

"Sa pamamagitan ng digmang bayan, tinatahak ng mamamayang Pilipino ang daan tungo sa isang tunay na malaya, industriyalisadong bansa na pinamamahalaan ng isang demokratikong gubyernong bayan."

[20230802_Inside_Agosto-26-itinakdang-Internasyunal-na-Araw-ng-Pagkilos-para-sa-kilusang-mapagpalaya-sa-Pilipinas_2-scaled]

"Bilang mga kaibingan sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino, patuloy naming kinikilala ang kawastuan ng rebolusyong Pilipino," ayon sa FFPS. "Patuloy naming sinusuportahan ang kanilang mga hangarin para sa tunay na kapayapaan tungo sa panlipunan at pambansang paglaya."

[20230802_Inside_Agosto-26-itinakdang-Internasyunal-na-Araw-ng-Pagkilos-para-sa-kilusang-mapagpalaya-sa-Pilipinas_3-scaled]

Nanawagan ang FFPS para sa lahat ng kaibigan at alyado ng mamamayang Pilipino na ipagdiwang ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa kapayapaang bayan sa pamamagitan ng digmang bayan sa darating na Agosto 26. Kasabay nito, panawagan nilang kundenahin ang terorismo ng

estado ng rehimeng Marcos Jr, kabilang ang pambobomba sa mga komunidad at kundenahin ang US at iba pang dayuhang kapangyarihan na nanghihimasok sa Pilipinas.

PKM-Rizal, nakiramay sa mga namatayan sa lumubog na bangka sa Binangonan

Agosto 3, 2023

Nagpaabot ng pakikiramay ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Rizal sa mga kaanak ng nasawing 27 kataong sakay ng lumubog na pampasaherong bangka sa Laguna de bay sa Barangay Kalinawan, Binangonan, Rizal na patawid tungo sa Barangay Gulod sa Talim Island noong Hulyo 27, 2023.

Dagdag sila sa 21 namatay, walong nawawala dahil sa pagguho ng lupa, at kabuuang 600,000 na indibidwal na apektado ng bagyong Egay base sa datos ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) noong Hulyo 28. Tinatayang nasa ₱834 milyon ang pinsala sa agrikultura at 1.2 bilyon sa imprastraktura ang idinulot ng bagyo.

Tumama ang trahedyang matapos ipahayag ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang State of the Nation Address (SONA) na ang guberno niya ay over-prepared o “sobra pa sa handa” sa pagharap sa mga darating na kalamidad at sakuna.

Ayon sa nakalap na impormasyon sa naging imbestigasyon ng Coast Guard Sub-Station

Binangonan, alas-12 ng tanghali nang lumayag ang naturang bangka sakay ang diumano'y lampas-lampas sa kapasidad nito. Bandang ala-1 naman nang magsimulang lumakas ang hanging dulot ng habagat na pinalakas ng bagyong Egay kaya nagmaniobra ang bangka papuntang pampang ng lugar pero tuluyan na itong tumaob.

Mayroon lamang 42 upuan para sa mga pasahero pero mahigit 70 ang bilang ng pasaherong nasagip. Wala rin silang suot na lifevest nang bumyahe. Ayon pa sa mga nakaligtas ay may sakay ding rolyo ng tela, bisikleta, bigas at iba pang pinamiling gamit ang bangkang sinasakyan nila. Bukod sa pagiging overloaded ay wala ring naitaas na babala sa naturang lugar kahit masama ang panahon kaya nagtuloy pa rin ang paglalayag ng mga pampasaherong bangka.

Nagpahayag ang PKM-Rizal ng mahigpit na pakikiisa sa sigaw para sa hustisya ng mga Rizaleño at mga kaanak nila at sa kahilingang papanagutin ang mga nagpabayang upisyal na dahilan sa nangyaring trahedyang. Isinisisi nila sa pagpapabaya ng Philippine Coast Guard ang naganap na naiwasan sana kung ginampanan lamang nito ang trabaho.

“Inamin mismo ng PCG na hindi sila nag-inspeksyon. Malinaw na isang malaking kapabayaang ito at hindi katanggap-tanggap laluna sa panahon ng bagyo o masamang panahon” anang PKM-Rizal. Napag-alaman na “rutina” ang hindi pag-iinspeksyon ng PCG. Bigo rin ito sa pagsagip at mga residente pa ng Barangay Kalinawan ang unang rumesponde sa tumaob na

bangka. Hanggang ulat lamang ang PCG na “mabilis” silang rumesponde, ayon sa mga residente.

Pansamantala lamang na tinanggal sa pwesto ang mga nakatalagang personel ng PCG sa naturang lugar. Sa kabilang banda, tinanggalan na ng Maritime Industry Authority (MARINA) ng lisensya ang kapitan ng bangka. Hindi inaamin ni PCG Commandant Artemio Abu na may pagkukulang ang kanyang mga tauhan dahil wala pa diumanong pormal na imbestigasyon ang insidente.

“Hindi sapat na i-relieve lamang ang dalawang tauhan ng PCG dahil malaking kapabayaan ito laluna nang maisiwalat na “normal routine” na ang ang hindi pag-inspeksyon sa mga bangka. Malinaw ang hindi patas na imbestigasyon at pagdidiin lamang sa ordinaryong mamamayan na naghahanapbuhay samantalang pinagtatakpan ang mas malawak na kapabayaan ng PCG na mas dapat na responsable sa kanilang tungkulin dahil sila ang nagpapatupad ng mga patakaran at protocols para siguraduhin ang kaligtasan ng mga mamamayan,” giit ng PKM-Rizal

Ikinagalit rin ng ilang kaanak ang pahirapang pagkuha ng impormasyon sa mga awtoridad. Anila’y pinagpapasa-pasahan sila.

Soberanya ng mga bansa sa Latin America at Caribbean, iginiit sa CELAC-EU summit

Agosto 3, 2023

Inilunsad noong Hulyo 17 at 18 ang pagtitipon ng mga lider at kinatawan ng mga bansa mula sa Community of Latin American and Caribbean States (CELAC) at European Union (EU) sa Brussels, Belgium para palakasin ang “pagtutulungan” sa pagitan ng dalawang blokeng panrehiyon. Sa pulong, mahigpit na iginiit ng mga gubyernong bumubuo ng CELAC ang soberanya ng kani-kanilang bansa sa kabila ng tangkang pananabotahe, pagmamaniobra at hindi patas na pagtrato ng EU sa blokeng CELAC. Huling inilunsad ang katulad na pagpupulong noong 2015.

Ang pagtitipon ay naging pagkakataon para ilatag ng mga bansa sa CELAC ang kanilang mga paninindigan, pusisyon sa pulitika, ekonomya at iba pang mga usapin.

Boses ng CELAC

Itinatag ang CELAC ni dating Venezuelan President Hugo Chávez noong Disyembre 2011 na may layuning itaguyod ang pagkakaisa at kapayapaan sa rehiyon, pampulitikang pagtutulungan, at sosyo-ekonomikong kaunlaran sa lahat ng mga bansa, habang ginagalang ang pagkakaiba ng mga ito. Umusbong ang bloke mula sa dating Group of Rio noong dekada 1980 na tumutol sa panghihimasok ng US sa Central America.

Binubuo ngayon ang CELAC ng 33 bansa sa Latin America at Caribbean. Nagsiilbing pangkontra ito sa Organization of American States (OAS) na hawak ng US. Nalampasan na ng CELAC ang OAS

bilang pangunahing sentro ng integrasyon, pagtatalakayan at kongkretong mga mungkahi sa rehiyon.

Ang CELAC ay kumakatawan sa ikatlong pinakamalaking bloke pang-ekonomya sa buong mundo. Ang kabuuang produksyon ng mga bansang bumubuo nito ay tinatayang nasa \$7 trilyon. Ito ang pinakamalaking prodyuser ng pagkain sa mundo at ikatlong pinakamalaking prodyuser ng kuryente. Nangungunang ekonomya sa rehiyon ang Brazil.

Pagsasantabi ng EU sa CELAC

Matagal nang isinasasantabi ng EU ang bloke CELAC dahil marami sa mga bansang ito ay kiling sa paninindigang “anti-US.” Lalong naging maganit ang ugnayan ng dalawang panig dahil sa nagaganap na gera sa Ukraine at ang pagturing ng EU na “awtoritaryan” sa mga “maka-Kaliwang” rehimen sa Latin America. Muli lamang nabuksan ang dayalogo para sa paglulunsad ng summit sa pagitan ng dalawang bloke noong Oktubre 2022.

Gayunman, ilang araw bago isinagawa ang pagpupulong, nagpahayag ng pagkabahala ang mga lider at organisasyon ng Latin America tungkol sa postura ng EU sa Latin America. Noong Hulyo 12, ilang araw bago ang takdang pulong, pinagtibay ng European Parliament ang isang resolusyong kumukundena sa guberno ng Cuba sa diumano’y mga paglabag sa karapatang-tao at sinasabi nitong “kabiguan ng sistema ng pang-ekonomya at pamproduksyon” ng bansa. Binalewala nito ang napakaraming ulat ng mga

internasyunal na organisasyon sa pinsala ng ekonomikong blokeyo ng US sa Cuba.

Binatikos ni Cuban Foreign Minister Bruno Rodríguez ang ginagawang panghahati ng EU sa CELAC. Aniya, hinahadlangan ng EU ang “direkta at transparent na mga talakayan.” Sinuportahan ng Venezuela ang pahayag ni Rodríguez. Ayon sa kanila, sinusubukang maliitin at pahinain ng EU ang tindig ng mga soberanong estado sa rehiyon. Giit ni Rodríguez, “ang CELAC ay ang solido at nagkakaisang tinig ng Latin America at Caribbean at dapat itong igalang.”

Liban pa dito, naunang lumutang ang balita na iimbitahan ng EU si Ukrainian President Volodymyr Zelensky para magsalita sa pagpupulong nang hindi kinokonsulta sa bloke ng CELAC. Sinubukan ding ilusot ng EU ang deklarasyong lantarang kumukundena sa Russia sa gera sa Ukraine at tahasang pagsuporta sa gubyernong Zelensky.

Nagkakaisang deklarasyon

Sa kabila ng mga tangka ng EU, tinutulan ng mga bansang kabilang sa CELAC ang panukala na sisihin ang Russia sa lahat ng pangyayari sa Ukraine. Sa halip, pormal na napagkaisahang suportahan ang “lahat ng diplomatikong pagsisikap na naglalayon ng isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sang-ayon sa UN charter.”

Ang binuong 41-talatang deklarasyon ay salamin ng paggigiit ng CELAC ng soberanya ng mga

bansa sa Latin America at Caribbean. Kabilang sa nilaman nito ang sumusunod:

- muling pagbubukas at ibayong pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng dalawang rehiyon na nakatungtong sa komun na mga pagpapahalaga (values) at interes
- pagtataguyod ng pagtutulongan at pagkakaisa ng mga mamamayan ng mga bansa anuman ang pagkakaiba ng pampulitikang sistema, antas ng ekonomya at panlipunan kaunlaran
- pagkilala sa kahalagahang tiyakin ang unibersalidad ng karapatang-tao, at ang pagiging obhetibo at hindi selektibo, at pagpawi sa double-standard at pamumulitika
- pagkilala sa pagdurusa ng milyun-milyong biktima ng pagkakalagal ng alipin sa Atlantic at pagturing dito bilang krimen laban sa sangkatauhan; pagsasagawa ng mga hakbang alinsunod sa 10-point Plan for Reparatory Justice (bayad pinsala)
- pagwawakas sa panggigipit (sangsyon) na ipinataw sa Cuba at pagkudena sa muling pagbabansag sa Cuba bilang “estadong sumusuporta” sa terorismo
- pagpansin sa istorikong pusisyon ng CELAC sa usapin ng soberanya sa Falkland Islands (teritoryong naka-ugnay sa Argentina na inaangkin ng United Kingdom)
- pagsuporta sa pagpupulong ng mga lider ng EU at Caribbean bilang pagtugon sa partikular na pangangailangan ng subrehiyon

Hindi pumirma ang Nicaragua sa deklarasyon dahil hindi nito binigyang pansin ang hindi makatarungang sapilitan at makaisang-panig na mga hakbanging panggigipit sa Venezuela at Nicaragua. Hindi rin isinama ang mungkahi ng

bansa na mahigpit na payuhan ang US na huwag magpadala ng mga cluster bomb sa Ukraine. Hindi rin pinagtibay ang hinihingi ng Nicaragua na igiit kay US President Joe Biden na sumunod sa hatol ng International Court of Justice na nagtutulak sa US na bigyang kompensasyon ang Nicaragua sa mga “terroristang aksyon” nito laban sa bansa noong dekada 1990.

Pagkilos at paninidign ng mamamayan

Kasabay ng inilunsad ng pagpupulong ng mga lider ng bansa ng EU at CELAC, isinagawa ng mga organisasyon at kilusang panlipunan ang isang People’s Summit sa Brussels noong Hulyo 17 at 18. Dumalo sa pagtitipon ang mga organisasyon mula sa Europe, Latin America at Caribbean para ipahayag ang kanilang pagkakaisa para sa patas na ugnayan sa pagitan ng dalawang rehiyon at bloke. Nagsimula noong Hulyo 15 ang serye ng mga aktibidad ng mga grupo.

Layon ng pagtitipon na itaguyod ang alternatibong balangkas ng kaunlaran, mas patas at higit na nakaagapay at sustenableng kooperasyon at integrasyon; gayundin, ang patas na relasyon sa pagitan ng mamamayan at gubyerno ng Latin America at Caribbean sa mamamayan at gubyerno ng European Union. Layunin din nitong itulak ang paggalang sa internasyunal na batas, hindi panghihimasok, soberanya at sariling pagpapasya. pagbabahaginan ng karanasan sa pakikibaka at paglaban; pagpapalakas ng ugnayan ng mga kilusang masa, unyon at iba pa.

Binigyang diin ng mga organisasyon na panahon na para ang dalawang rehiyon ay magbuo ng tuwirang relasyon ng pagtutulungan na hindi pinanghihimasukan ng iba. Ipinanawagan din ito ang pagbubuo ng patas na relasyon na magwawakas sa lahat ng porma ng kolonyalismo, batay sa buong paggalang sa pambansang soberanya at prinsipyo ng sariling pagpapasya ng mga mamamayan.

59th IB, nambubulabog sa komunidad sa Batangas

Agosto 4, 2023

Nagrereklamo ang mga residente sa pangamba at perwisyong hatid ng operasyong kombat ng 59th IB sa Barangay Putol, Tuy, Batangas simula Agosto 3. Ayon sa Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas, inokupa ng mga sundalo ang bahay ng mga residente at mayroong usap-usapang magtatagal nang dalawang linggo ang operasyong kombat.

Hindi bababa sa 30 sundalo ang ipinwesto ng 59th IB sa naturang barangay, at ayon sa mga residente ay nadaragdagan pa ang mga ito. "Hindi malinaw sa mga lokal kung bakit naroon ang mga sundalo, ngunit hindi na nila gusto pa anyang magtagal ang mga ito," ayon sa SUGAR-Batangas.

Tinitiktikan na rin umano ng mga sundalo ang hindi bababa sa tatlong kabahayan ng pamilya ng mga maggagapak sa barangay. Kabilang dito ang pamilya ni Jaysie Balugna, kilalang lider-masa ng Tuy at kasalukuyang tagapagsalita ng Kaisahan ng

mga Manggagawang Bukid sa Tubuhan at ng SUGAR-Batangas.

“Sa totoo laang po ay natatakot kaming umuwi sa amin, lalo’t gawa ng mga bata (kasama ang kanilang mga anak),” pahayag ng isa sa mga residente ayon sa SUGAR-Batangas.

Liban sa pangamba, nagdudulot rin ng gutom ang presensya ng mga sundalo sa lugar dahil hindi sila makakilos nang maluwag o malaya dahil sa pangambang pag-initan ng mga tropa ng 59th IB.

Iniulat ng SUGAR-Batangas na ang ilan sa mga residente ay naiisipan nang humingi ng saklolo mula sa mga karatig-baryo.

Kalakhan ng populasyon ng Barangay Putol ay mga maggagapak, na ngayo’y patung-patong ang dinaranas na kahirapan matapos ng pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc na lubos na nagpahina sa produksyon ng lokal ng asukal. Labis-labis ang pagdurusa nila sa militarisasyon sa komunidad.

Kabilang sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng 59th IB ang pagpatay sa 9-taong gulang na si Kylene Casao sa Sityo Centro, Barangay Guinhawa, Taysan noong Hulyo 18, 2022 at sa magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno noong Hulyo 26, 2022 Barangay Cahil, Calaca, Batangas.

Pagtatalaga ni Marcos ng mga upisyal ng CORDS, binatikos ng NDFP

Agosto 4, 2023

Tinuligsa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pagtatalaga ni Marcos Jr noong Hulyo 31 ng mga upisyal ng Cabinet Officers for Regional Development and Security (CORDS) sa balangkas ng National Task Force-Elcac. Ayon sa NDFP, pagkakasangkapan ito sa sibilyang burukrasya bilang isang “armas.”

Ang pagtatalaga ng mga CORDS, tulad ng ginawa ng dating rehimeng Duterte, sa bawat rehiyon ay para palakasin at palawakin ang saklaw na mekanismo ng NTF-Elcac sa tabing ng “paghahatid ng mga programa at proyekto” ng gubyrno sa mga malalayong lugar o kung tawagin nito ay “geographically isolated and conflict-affected areas (GICAS).” Tulad sa nagdaang rehimen, sasaklutin nito ang sibilyang mga ahensya at pasusunurin sa atas ng NTF-Elcac.

Kabilang sa mga upisyal ng gabinete na pinangalanang CORDS ay si Jesus Crispin Remulla, kalihim ng Department of Justice, na itinalaga sa Southern Tagalog. “Si Remulla ay isang notoryus na red-tagger mula sa dinastiya sa Cavite. Responsable rin siya sa pagpapawalang-sala sa mga upisyal ng pulis na sangkot sa 2021 Bloody Sunday Massacre na nagresulta sa pagkamatay ng siyam na aktibista sa Southern Tagalog,” ayon kay NDFP Chief International Representative Ka Luis Jalandoni.

Tinukoy rin ni Jalandoni si National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) Secretary Allen Capuyan (itinalaga sa Caraga) na bantog na tagapagpatupad ng anti-mamamayang patakaran

para papasukin ang mga proyektong nanghihimasok at nandarambong sa mga lupang ninuno sa bansa. Pinuna niya rin ang pagkakatalaga kay Leo Tereso Magno, apo ni Leopoldo Abellera na kalihim sa hustisya ni Marcos Sr noong batas militar.

“Ang paghirang sa mga myembro ng gabinete sa mga susing pusisyon sa NTF-Elcac ay nagpapakita ng nakababahala ngunit hindi na kagulat-gulat na pagkakatulad sa pasistang diktadurang Marcos, kung saan ang sibilyang burukrasya ay kinasangkapan para magsilbi sa interes ng dating naghaharing pangkating Marcos,” ayon pa kay Jalandoni.

[20230806_Pagtatalaga-ni-Marcos-ng-mga-upisyal-ng-CORDS-binatikos-ng-NDFP-scaled]

Ayon pa sa NDFP, nakikita nila ang hakbang na ito bilang malinaw na indikasyon ng kabiguan ng kasalukuyang rehimen na isakatuparan ang pangako nito sa among imperyalistang US na “durugin ang Bagong Hukbong Bayan sa loob ng dalawang taon.”

Sa panahon ng rehimeng Duterte sinimulan ang pagpapagana sa CORDS sa tulak ng noo’y National Security Adviser na si Hermogenes C. Esperon Jr. Binaggit noon ng NSA na itinulak ito para “makatulong sa pagwawakas sa panrehiyon at lokal na mga komunista.”

Itinalaga ni Marcos Jr bilang tagapangasiwa sa mga rehiyon ang sumusunod:

Region I (Ilocos Region) - Conrado Estrella III
Cordillera Autonomous Region (CAR) - Jaime
Bautista Region II (Cagayan Valley) - Alfredo
Pascual Region III (Central Luzon) - Rexlon
Gatchalian National Capital Region (NCR) - Maria
Susana "Toots" Ople Region IV-A (Calabarzon) -
Jesus Crispin Remulla Region IV-B (Mimaropa) -
Ivan John Uy Region V (Bicol) - Bienvenido
Laguesma Region VI (Western Visayas) - Raphael
Perpetuo Lotilla Region VII (Central Visayas) -
Maria Esperanza Cristina Frasco Region VIII
(Eastern Visayas) - Benhur DC Abalos Jr. Region
IX (Zamboanga Peninsula) - Manuel Bonoan
Region X (Northern Mindanao) - Jose Rizalino
Acuzar Region XI - Presidential Assistant for
Eastern Mindanao Leo Tereso Magno Region XII
(Soccsksargen) - Ma. Antonia Yulo-Loyzaga
Region XIII (Caraga)- Allen Capuyan Bangsamoro
Autonomous Region in Muslim Mindanao
(BARMM) - Carlito Galvez Jr.

[20230806_Inside-CORDS-scaled]

DoH, kinalampag ng manggagawang pangkalusugan sa mga pribadong ospital

Agosto 5, 2023

Nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa mga pribadong ospital sa harap ng upisina ng Department of Health (DOH) sa Maynila noong Agosto 3 at Agosto 4 para singilin si Secretary Dr. Teodoro Herbosa sa matagal nang naantalang Health Emergency

Allowance (HEA). Nakiisa ang mga lokal na unyon sa aabot sa 30 ospital sa dalawang araw na pagkilos.

Pangunahing iginiit nila ang agarang pagbibigay ng kanilang HEA noong July-December 2021, January-December 2022 at January-July 2023.

Pinangunahan ng Private Healthcare Worker's Network ang pagkilos. Ayon sa grupo, "ang [mga benepisyong] ipinangakong ipagkakaloob sa lalong madaling panahon ay pawang paasa at pangakong lagi na lang napapako."

Giit pa nila, "kung nagawa naming makipaghamok sa panganib ng pandemya at pagtagumpayan ang laban dito, kaya rin naming patuloy na makibaka para sa benepisyong at proteksyon ng lahat ng mga manggagawang pangkalusugan."

Noong Agosto 4, nagprotesta rin ang aabot sa 200 manggagawang pangkalusugan at mga unyonista sa ilalim ng United Private Hospital Unions of the Philippines (UPHUP).

Ayon kay Dennis Memoracion ng The Medical City Employees Association, ilang linggo na silang nanahimik at naghintay na tutuparin ng DOH at Center for Health Development (CHD) ang "maginoong usapan at kasunduan" para sa agarang pamamahagi ng mga benepisyong nakasaad sa batas. "Huwag sanang sagarin ang aming pasensya dahil ito man ay may hangganan rin," aniya.

Nagpaabot ng pakikiisa at lumahok din sa protesta ang mga kinatawan ng Alliance of Health

Workers. Ayon sa AHW, marami pa rin sa mga manggagagawang pangkalusugan sa pribado at lokal na mga pampublikong ospital ang di pa rin nakatatanggap ng HEA. Gayundin, hinintay na lamang ng malalaking pampublikong ospital ang kanilang HEA mula Enero-Hulyo 2023.

₱10B “confidential” at “intelligence” funds sa panukalang badyet, binatikos

Agosto 5, 2023

Binatikos ng ilang senador at kongresista ang ₱10.14 bilyon na nakalaang confidential at intelligence fund (CIF) para sa mga upisina ng presidente, bise presidente at iba’t ibang ahensya sa panukalang badyet para sa 2024. Sa isinapubliko nang panukalang ihaharap ng rehimen sa Kongreso, nakalagay ang alokasyon na ₱5.277 bilyon para sa “intelligence” o “gastusing paniktik” at ₱4.864 bilyon bilang “confidential expenses” o “mga lihim na gastusin.” Mas mataas ito nang ₱120 milyon kumpara sa CIF ngayong taon.

Ayon sa makabayang kongresista, wala itong pinagkaiba sa “pork barrel” dahil ito ay discretionary o walang tiyak na paggagastusan.

“Napakalaki ng presidential pork sa porma ng CIF na ibinibigay sa mga sibilyang upisina at ahensya na wala namang tungkuling maniktik o pagpapatupad ng batas,” ayon kay House Deputy Minority Leader France Castro ng ACT Teachers Party.

Sa panukalang badyet, pinakamalaki ang hinihingi ni Ferdinand Marcos Jr na CIF na ₱9.2 bilyon. Mas malaki pa ito kumpara sa CIF ng Department of National Defense na nasa ₱1.898 bilyon. Muli ring humihingi ang upisina ni Sara Duterte bilang bise presidente ng ₱500 milyon at ang pinamumunuan niyang Department of Education ng ₱150 milyon.

“Lubog na nga ang bansa sa utang at napakaraming mga social services na dapat pondohan pero mas inuuna pa ang pork,” ayon kay Castro.

Kinundena rin ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women’s Party ang paghingi ng CIF nina Marcos at Duterte sa gitna ng matinding krisis, mababang sahod at kagutuman. “(M)ahirap sabihing “Agenda for Prosperity” ang 2024 budget. Hindi mangyayari ang sinasabing “future-proof and sustainable economy” (tiyak na kinabukasan at sustenableng ekonomya) kung patuloy ang paglalaan ng bilyong pondo para sa confidential at intelligence funds,” aniya. Panawagan nila ang “zero CIF” sa badyet para sa susunod na taon.

Samantala, tinawag ni Senate Minority Leader Koko Pimentel ang panukalang CIF bilang “isang malaking pagkakamali.” Nagpapamalas ito ng kawalan ng pakikiramay at pag-intindi sa tunay na pangangailangan ng mga ordinaryong Pilipino, aniya.

Pinansin din ng isa pang senador ang animo’y nagiging “uso” na paghingi ng CIF. “Bakit parang nauso na, bakit lahat biglang humihingi na ng intelligence funds?” tanong ni Senator JV Ejercito.

[20230806_Inside_]

Bahay ng nagreklamong kapitan ng barangay, niratrat ng sundalo

Agosto 6, 2023

Pinaulanan ng bala ng dalawang sundalo ng 31st IB ang bahay ng Punong Barangay na si Erwin Vista sa Barangay Alin, Donsol, Sorsogon noong Agosto 4. Ganti ito ng mga sundalo matapos magreklamo ang kapitan sa pagkakampo ng mga sundalo, pagkakalat ng basura at pag-iwan ng dumi sa banyo ng evacuation center ng barangay.

Sa ulat mismo ng mga residente, nasaksihan nila na ang nagpaulan ng bala sa bahay ng kapitan ay umuwi sa detatsment ng militar sa Barangay Pangpang sakay ng motorsiklo matapos ang pangyayari.

Ilang araw bago ang insidente, nagreklamo si Vista sa kumander ng 31st IB sa detatsment nito sa Barangay Pangpang.

Ang naturang yunit ng 31st IB ay ilang araw nang nagkakampo sa sentro ng barangay habang naglulunsad ng tinaguriang “Retooled Community Support Program” (RCSP) sa Barangay Alin at ibang karatig na lugar.

Labag sa internasyunal na makataong batas ang pagkakampo ng militar sa sentro ng barangay at populasyon. Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 12 ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL): “Ang sibilyang

populasyon ay may karapatang mapangalagaan laban sa mga risiko at bantang nagmumula sa pagiral ng mga kampo militar sa mga sentrong urban at iba pang matataong lugar.”

Sa Barangay Tongdol, gumawa ng drama ang isa pang yunit ng 31st IB noong Agosto 5. Sinermonan ng mga sundalo ang punong barangay sa Tongdol dahil sa diumano’y nakatagong mga armas sa kanilang barangay. Liban dito, binantaan din siya na mananagot kapag may makuhang armas sa komunidad. Kasunod nito, inutusan ng mga sundalo ang ilang tanod na maghukay sa itinuro nilang lugar para kunin ang isang ripleng M14 at mga bala na mga sundalo din ang nagtago.

Noong Hulyo, sapilitang tinipon ng mga sundalo ang mahigit 30 sibilyan mula sa mga barangay ng De Vera, Baras at Alin sa Donsol at muli na namang pinasumpa bilang mga “surenderi”. Ayon sa mga residente, una na silang pinasumpa noong Oktubre 2021, kasabay ng pangakong tulong para sa kabuhayan at pangkaunlarang proyekto sa kanilang barangay.

European Union, hinamon ng NDFP na muling imbestigahan ang rekord sa karapatang-tao ni Marcos Jr

Agosto 6, 2023

Dismayado ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa deklarasyon ng presidente ng European Union (EU) na si Ursula von der Leyen matapos bumisita sa bansa noong Hulyo 30

hanggang Agosto 1. Ayon kay der Leyen, ang kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr ay “higit na maayos.”

Hindi naitago ni Marcos Jr ang pagkalugod sa pagsasabing “magkatulad mag-isip ang Pilipinas at EU sa pareho nitong pagtataguyod sa demokrasya...pag-iral ng batas, kapayapaan at katatagan, at karapatang-tao.” Ayon kay Ka Louie Jalandoni, Chief International Representative ng NDFP, “isa itong malinaw na pagbaligtad sa katotohanan.”

Hindi lubos na maunawaan kung bakit nagbago ang pananaw ng EU dahil mismong ang European Parliament ang naglabas ng resolusyon kaugnay ng kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas noong 2022, ayon kay Jalandoni. Sa isang resolusyon, itinutulak ng EU ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na gawin ang sumusunod:

- wakasan ng mga awtoridad ang red-tagging sa mga organisasyon at indibiwal
- wakasan ang pampulitikang panggigipit kay Senator Leila De Lima at kagyat na iatas ang kanyang walang kundisyong pagpapalaya; at papanagutin sa patas na pagdinig ang lahat ng responsable sa kanyang arbitraryong detensyon
- magsagawa ng imbestigasyon sa mga ekstrahudisyal na pagpaslang
- tiyakin ang imbestigasyon at pagpapanagot sa lahat ng mga pulis at pulitikong hinihinalang may tuwirang kumand sa mga krimen sa internasyunal na batas at iba pang mga seryosong paglabag sa karapatang-tao

Hinikayat din ng naturang resolusyon ang mga estadong kasapi ng EU na iwasan ang pagbibigay ng armas, teknolohiya sa paniktik at iba pang kagamitan na maaaring gamitin sa internal na panunupil ng mga awtoridad ng Pilipinas.

“Walang naging pagbabago sa porma at esensya ang kampanyang panunupil ni Marcos Jr sa mga naunang rehimen sa kanya,” ayon pa kay Jalandoni.

Sa tala ng Ang Bayan, 94,448 ang naging biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa unang taon ng rehimeng Marcos Jr. Naitala nito ang aabot sa 954 kaso (o higit dalawang kaso kada araw) ng mga paglabag sa karapatang-tao sa buong bansa. Sa mga kasong ito, umaabot na sa 103 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang.

“Imbes na wakasan ang kultura ng red-tagging... pinatindi pa ni Marcos Jr ang kultura ng kawalang pakundangan. Hinirang niya ang bise presidente at mga myembro ng gabinete sa mga susing pusisyon sa NTF-Elcac. Naglulunsad ang NTF-Elcac ng terorismong inuudyukan ng estado,” ayon kay Jalandoni.

Pinansin din ni Jalandoni ang pagpigil ni Marcos Jr sa pagpasok ng International Criminal Court (ICC) sa Pilipinas na ibayong pagkakait ng hustisya sa mga biktima ng pekeng gera sa droga ng dating rehimeng Duterte. “Dapat itong mapagnilay-nilayan ng EU, laluna at ang mga kasapi nitong bansa ay mga bahagi din at sumusuporta sa ICC,” aniya.

Pagpapanagot sa mga pulis na sangkot sa Blood Sunday sa Southern Tagalog, nagpapatuloy

Agosto 6, 2023

Nagsampa ng counter-affidavit noong huling linggo ng Hulyo ang tagapagtanggol sa karapatang-tao na si Nimfa Lanzas laban sa mga pulis na umaresto sa kanya at iba pa sa binansagang “Bloody Sunday” ng mga aktibista sa Southern Tagalog. Noong Disyembre 2022 pa siya nagsampa ng kontra-asunto ng grave misconduct at pag-abuso sa kapangyarihan laban sa mga pulis na umaresto sa kanya.

[20230806_Inside_Pagpapanagot-sa-mga-pulis-na-sangkot-sa-Blood-Sunday-sa-Southern-Tagalog-nagpapatuloy-scaled]

Noong Hulyo 26, nagtungo sa Office of the Ombudsman sa Quezon City si Lanzas para tugunan ang pahayag sa korte ni PGen Cosme Abrenica na nagsasabing ang mga akusasyon ni Lanzas ay “pawang produkto lamang ng kanyang imahinasyon.” Sinundan nito ng isa pang tugon si Lanzas noong Hulyo 31 laban naman kina PSSg Eugenio Ilagan at PMaj Adrian Cayabyab na kabilang din sa mga nang-aresto sa kanya.

“Nakikiisa kami kay Nimfa Lanzas sa paghahain ng kanyang affidavit, na kanyang paglaban sa labis na pag-iimbento at manipulasyon sa batas laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao,” pahayag ng Defend Southern Tagalog.

Nauna nang ibinasura ng korte ang mga gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms and explosives laban kay Lanzanas noong 2021 dahil sa hindi kapani-paniwalang pahayag ng mga pulis at kanilang bayarang saksi.

“Paanong ang isang matandang babae na may mahabang kasaysayan ng gawain sa karapatang-tao, at nasa isang prubinsya para tumulong sa isang operasyong relief para sa mga pamilyang appektado ng aerial bombing sa prubinsya ng Quezon, ay nasa kanyang ‘bahay’ para magpresenta ng armas sa isang potensyal na bibili? Ang pinalalabas pa ngang bahay ni Lanzanas ay sa kanyang kapit-bahay,” ayon pa sa grupo.

“Kailangang lumaban para bigyang hustisya ang mga biktima ng Bloody Sunday Massacre at lahat ng pinatay ng kapulisan. Tuloy-tuloy ang paglaban. Hindi po ako titigil hangga’t hindi nakakamit ang hustisya!” pahayag ni Lanzanas.

[20230806_Inside_Pagpapanagot-sa-mga-pulis-na-sangkot-sa-Blood-Sunday-sa-Southern-Tagalog-nagpapatuloy_2-scaled]

Giit ng mga grupo sa karapatang-tao na kagyat aksyunan ng Ombudsman ang kanilang mga isinampang kaso. Anang grupo, dalawang taon nang pinagkakaitan ng hustisya ang mga pamilya at biktima at napapanahon na ngayon na papanagutin ang mga sangkot.

Panganganyon sa Guihulngan City, naghatid ng takot sa mamamayan

Agosto 6, 2023

Niyanig ng tatlong malalakas na pagsabog ang mga komunidad malapit sa Barangay Villegas, Guihulngan City, Negros Oriental noong Agosto 5 bandang alas-5 ng umaga. Ito ay mula sa panganganyon ng mga sundalo mula sa detachment sa naturang barangay. Narinig ang pagsabog sa mga barangay ng Nagsaha, Balugo, Magsaysay, at Imelda.

Ayon sa ulat, tumagal nang mahigit isang oras ang panganganyon ng mga sundalo na nakahimpil sa detachment. Umabot ito nang alas-6:30 ng umaga na nagdulot ng labis na pangamba at takot sa mga residente. Samantala, bumagsak ang mga bala ng kanyon sa kagubatang tinatawag na “Issi” sa bawndari ng naturang mga barangay.

Ang gubat ng “Issi” ay may tanim na mga gulay at pinagkukunan ng kabuhayan ng mga magsasaka. Nagambala at nabulabog din ang mga kalabaw, baka at kambing ng mga residente na nakapastol malapit sa gubat dahil sa mga pagsabog.

Labis ang pangamba ng mga residente sa kanilang seguridad at maging sa kanilang kabuhayan dahil hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa nila nauusisa ang kalagayan ng kanilang mga sakahan at alagang hayop.

Liban sa panganganyon, nagpapatuloy din ang operasyong militar sa mga barangay. Nagpapalipad din ng mga drone ang mga sundalo.

Ito na ang ikalawang beses ng pambobomba ng 62nd IB at 7th Regional Mobile Force Battalion ng pulis sa Guihulngan City sa nagdaang linggo. Noong Agosto 3, ginamitan ng mga pulis ng grenade launcher ang Barangay Magsaysay.

Walong magsasaka sa Negros Occidental, dinakip ng 15th IB

Agosto 6, 2023

Iligal na inaresto ng mga sundalo ng 15th IB ang walong magsasaka sa Sityo Tugas, Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental noong Hulyo 29. Malisyosyong idinadawit ang walo sa isinagawang armadong opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa naturang bayan noong Enero 28.

Ang walong biktima na kinilala bilang sina Allen Fica, (35 anyos), Alfonso Fica (65), Dary Vinson (41), Danilo Vinson Sr (65), Nerio Menardo (57), Alfredo Nobleza Jr (35), Gali Guanzon (62) at Nelson Libron (60) ay nakapiit sa Ilog Police Station.

Bago ang insidente, idinetine din ng 15th IB nang ilang oras ang magkapatid na sina Jemson at Gaujel Villar sa Sityo Camboguiot, Barangay Camindangan, Sipalay City noong Hulyo 22. Dinala sila ng mga sundalo sa sentro ng sityo at pinakawalan lamang matapos igiit ng kani-kanilang mga asawa ang kanilang paglaya.

Ang mga paglabag sa karapatang-tao na ito ay dulot ng walang-tigil na operasyong kombat ng 15th IB sa mga barangay sa Kabankalan City, Candoni, Sipalay City, Cauayan at Ilog sa Negros Occidental.

Ang pagdawit ng mga sundalo sa mga sibilyan sa armadong sigalot ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Yunit ng 59th IB sa isang barangay sa Batangas, pinalalayas

Agosto 6, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga manggagapak at mga kasapi ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) Batangas at Kaisahan ng mga Manggagagawang Bukid sa Tubuhan (Kaisahan) noong Agosto 4 sa Barangay Sampaga, Balayan, Batangas para kundena hin ang okupasyon at panggigipit sa mga manggagapak ng 59th IB sa Barangay Putol sa bayan ng Tuy simula Agosto 3. Nauna nang nagreklamo ang mga residente ng Barangay Putol sa pangamba at perwisyong hatid ng operasyon ng 59th IB.

Sa protesta, nagsama-sama ang mga residente ng iba't ibang baryo mula sa 1st District ng Batangas para ipanawagan ang pagpapalayas sa 59th IB sa Barangay Putol.

Ayon sa SUGAR-Batangas, inokupa ng mga sundalo ang bahay ng mga residente at mayroong usap-usapang magtatagal sila nang dalawang linggo. Hindi bababa sa 30 sundalo ang ipinwesto ng 59th IB sa naturang barangay, at ayon sa mga residente ay nadaragdagan pa ang mga ito. Iniinda na ng mga residente ang pagkaantala ng kanilang kabuhayan na nagdudulot ng gutom sa kanilang pamilya.

Liban dito, tinitiktikan ng mga sundalo ang hindi bababa sa tatlong kabahayan ng pamilya ng mga manggagapak sa barangay. Hinahanap din ng mga sundalo si Jaysie Balugna, kilalang lider-masa ng Tuy at kasalukuyang tagapagsalita ng Kaisahan at ng SUGAR-Batangas. Dulot ng takot ng pamilyang Balugna, natulak silang lisanin ang komunidad.

Ngayong araw, tinawagan ng isang nagpakilalang ahente ng estado ang isa sa mga kapatid ni Balugna. Hinanap ang lider-masa sa kanya dahil kakasuhan umano ito, sa hindi malamang dahilan. Nagbanta ang tumawag na kung hindi ilalabas si Balugna ay ang pamilya nila ang babalikan ng militar, dadamputin, at sila ang kakasuhan.

Pagsasanay militar, inilunsad ng BHB sa Samar

Agosto 7, 2023

Inilunsad ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Samar ang isang 12-araw na pagsasanay militar noong ikatlong linggo ng Hulyo. Nailunsad ito sa gitna ng maigting at tuluy-tuloy na mga operasyong militar sa prubinsya.

Nakapagtapos sa naturang pagsasanay ang mahigit 30 mandirigma at upisyal ng BHB sa Samar. Ang 12-araw na pagsasanay ay pinaiksing bersyon kung saan pinili ang paksa na pinaka-angkop sa mga gawaing isinasagawa ng yunit.

“Siguradong magagamit ko ito sa mga gawaing militar at patuloy pa akong magpapaunlad ng aking kasanayan.” ayon kay Ka Jimuel, ang nangunang mag-aaral sa mga nagsipagtapos.

Karaniwang nilalaman ng mga pagsasanay militar ng hukbong bayan ang wastong pag-eehersisyo, paunang lunas, pagbaklas, pagsipat at paggamit ng mga baril, paghahagis ng granada, obstacle course at iba pang mga pisikal na aktibidad na

magagamit sa pakikidigmang gerilya. Bahagi din dito ang teoretikal at pulitikal na mga pag-aaral na gabay ng mga mandirigma sa paghawak ng armas.

Matapos ang aktibidad, nagdaos ng seremonya ng pagtatapos (graduation ceremony) kung saan nagkaroon ng maliit na salu-salo ang yunit. Ayon sa mga Pulang mandirigma, naging susi sa tagumpay na pagsasanay ang mahigpit at mainit na suporta ng masa na walang sawang nagtaguyod at tumulong sa kanila.

Panggigipit ng LTFRB Region 6 sa mga tsuper, binatikos

Agosto 7, 2023

Kinundena ng mga grupo sa transportasyon sa pangunguna ng No To PUV Phaseout Coalition Panay ang panggigipit ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Region 6 sa mga tsuper at opereytor na lumahok sa tigil-pasada noong Hulyo 24. Ipinatawag ng LTFRB Region 6 ang mga tsuper para sa isang pagdinig noong Agosto 4 sa upisina nito sa Quintin Salas, Jaro, Iloilo City kaugnay ng tigil-pasada.

Sinabayan ng mga tsuper ng protesta ang pagdinig. Iginiit nila ang pagbabasura sa “show cause order” ng ahensya. Anila, ang panggigipit sa mga tsuper na lumahok sa tigil-pasada ay paglabag sa kanilang demokratikong mga karapatan.

Itinaon ng No To PUV Phaseout Coalition Panay ang kanilang tigil-pasada noong Hulyo 24 sa ikalawang State of the Nation Address ni Marcos Jr. Iginiit nila ang pagbabasura sa sapolitang konsolidasyon o pagpapapasok sa isang kooperatiba sa mga tsuper at opereytor.

Ayon sa mga tsuper at opereytor, malulugi sila sa ganitong iskema at kikita lamang ang malalaking korporasyon at negosyo na mangunguna sa konsolidasyon. Hindi lamang mga tsuper ng tradisyunal na dyip ang lumahok sa tigil-pasada kundi maging ang mga drayber ng modernong dyip.

Ayon pa sa mga drayber, marami sa kanilang hanay ang nakaramdam na pinilit o nilansi silang pumasok sa isang kooperatiba ng modernong dyip. Ipinangako sa kanilang makakatanggap ng ₱500 kada araw o ₱15,000 kada buwan bilang bayad sa kanila, subalit matapos ang apat na taon ay hindi pa nakatatanggap ng kahit isang sentimo.

Bahay ng lider-magsasaka sa Tarlac, pinagbabaril

Agosto 8, 2023

Ilang ulit na nagpapatok ang hindi kilalang mga indibidwal sa labas ng bahay ng lider-magsasakang si Alvin Dimaracut sa Tarlac noong Agosto 6, alas-10 ng gabi. Ayon sa ulat ng Malayang Samahan ng mga Magsasaka sa Tinang (Makisama-Tinang), inikutan ng mga indibidwal na nakasakay ng motor at isang kotse sa bahay at huminto sa tarangkahan ng naturang bahay. Si

Dimaracut ang bagong tagapangulo ng organisasyon.

Nagtungo sa istasyon ng pulis si Dimarucut noong Agosto 7 kasama ang iba pang mga upisyal ng Makisama-Tinang para magpa-blotter. Ayon sa grupo, ika-apat na beses na itong pag-uulat nila sa pulis bukod pa sa ibang hindi na nila iniulat na mga insidente ng pag-atake sa kanilang mga kasapi at lider.

Ang panggigipit sa mga lider-magsasaka ng Hacienda Tinang ay may kaugnayan sa kanilang kampanya para ipamahagi ang 62.3 ektaryang lupa sa 90 magsasaka bilang agrarian reform beneficiaries (ARBs).

Hinamon ng mga magsasaka ang Department of Agrarian Reform (DAR) na bilisan na ang installation o pagbibigay ng kanilang mga titulo alinsunod sa kautusan noon pang Abril na inilabas ng ahensya ng pamamahagi ng lupa pabor sa kanila.

Samantala nagpaalala naman ang grupo sa ibang mga magsasaka ng Hacienda Tinang na nais magkamit ng lupa na huwag magpalinlang sa pekeng kooperatibang pinatatakbo ng National Task Force-Elcac sa lugar.

“Kung nais ninyo magkalupa lalo na sa mga ARBs, may desisyon ang DAR na open for application na mahigit pa na 100 ektarya, ilaban ninyo ang inyong karapatan sa ilalim ng organisasyong mga magsasaka ang nagtayo, at gaya namin, makakamit din ninyo ang katarungan at karapatan

sa sama-samang pagkilos,” pahayag pa ng Makisama-Tinang.

Hustisya, giit ng ina ng pinatay sa Bloody Sunday Massacre

Agosto 8, 2023

Nagsumite ng petisyon noong Agosto 4 si Rosenda Lemita, ina ng pinaslang na si Chai Lemita-Evangelista, para iparepaso ang naging desisyon ng Department of Justice Manila na ibasura ang kaso laban sa mga pumaslang ng kanyang anak. Dalawang beses nang nagsampa ng petition for reconsideration ang pamilya Lemita hinggil sa naunang murder complaint laban sa mga pulis na sangkot sa pagpalasng ngunit parehong ibinasura ng DOJ.

“Hindi makatwiran at walang katarungan ang pagbabasura ng petisyon, bagkus nagmimistula itong pagkukubli ng kanilang nananaig na kabaluktutan at pagpanig sa umiiral at nabubulok na sistema ng hustisya,” ayon sa grupong Tanggol Batangan.

Isa sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre sa Southern Tagalog ang kanyang anak na si Chai at ang asawa nitong si Ariel Evangelista, na naganap noong Marso 7, 2021. Ang kasong isinampa ni Lemita ay bahagi ng nagpapatuloy na paggiit para sa hustisya at pagpapanagot sa 17 kapulisang sangkot sa pagpatay sa mag-asawa.

Umagapay Lemita ang grupong National Union of People’s Lawyers sa paghahain ng kanyang

petisyon. Ibinahagi ng NUPL ang pagluha ni Nanay Inda habang pumipirma sa kanyang petisyon dahil sa nangyari sa kanyang anak.

Ang mag-asawang Chai at Ariel Evangelisa ay istap ng Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan, organisasyong lumalaban sa epekto ng mga proyektong ekoturismo, na pinatay sa isang bahay sa Barangay Calayo, Nasugbu, Batangas. Nasaksikan ng bata kung paano dinampot ang kanyang mga magulang ng mga pwera ng estado na may dalang malalaking baril.

Protesta kontra pagmimina sa Eastern Samar, inilunsad

Agosto 8, 2023

Nagmartsa ang humigit-kumulang 2,000 residente mula sa iba't ibang prubinsya ng Samar noong umage ng Agosto 7 para manawagan na itigil ang mapanirang pagmimina sa mga isla ng Homonhon at Manicani at iba pang bahagi ng isla.

Pinangunahan ang protesta ng Commission on Social Action ng Diocese of Borongan na inilunsad sa sentro ng Borongan City, Eastern Samar.

Nakiisa sa sama-samang pagkilos ang mga residente mula sa Eastern Samar at sa Calbayog City. Nagsimula ang pagkilos sa isang karaban mula sa iba't ibang bayan papuntang Borongan City at nagmartsa sila mula sa kapitolyo ng syudad tungo sa simbahan.

Ayon kay Caritas Borongan director Fr. James Abella, layon ng martsa na “ipaliwanag ang negatibong mga epekto ng operasyong mina” sa isla at “para ipanawagan ang pagwawakas sa mga aktibdiad na ito.”

Giit pa niya, magiging pamamaraan ito ng mamamayan na kumilos at ipagtanggol ang kalikasan at karapatan ng mga komunidad sa Homonhon at Manicani.

Samantala, nagpaabot ng pakikiisa ang University of the Philippines (UP) -Tacloban Student Council sa pagkilos laban sa mga operasyong mina. Binatikos ng konseho ang katahimikan at kawalang-aksyon ng Department of Environment and Natural Resources at lokal na gubyerno sa gitna ng walang-habas na pagsira sa kalikasan sa mga Isla ng Homonhon at Manicani.

“Sa kabila ng kanilang tungkulin bilang pangunahing tanggapan ng gubyerno na dapat ay nasa harap upang ipagtanggol ang kalikasan, at ang hinaing ng mga mamamayan, sila pa ang tila naging kasangkapan ng mga kumpanya sa hindi makatarungang pagsira sa kalikasan sa mga isla ng Homonhon at Manicani,” ayon sa mga mag-aaral.

Mapanirang pagmimina

Kasalukuyang nag-ooperasyon ang apat na kumpanyang mina para kumuha ng nickel at chromite sa isla ng Homonhon. Nag-umpisang magmina ang mga kumpanyang Techiron Resources Inc, Emir Mineral Resources Corp,

King Resources Mining Corp, at Global Min-met Resources Inc noong maagang bahagi ng 2015.

Ang kumpanyang Techiron, na nagmimina sa 1,500-ektaryang kalupaan sa isla, ay isa sa mga kumpanyang ipinasara ni dating Department of Environment and Natural Resources (DENR) Secretary Gina Lopez noong 2017. Nakabalik ito sa operasyon noong 2020 matapos bawiin ang suspensyon.

Sa tala ng gubyrno, ang apat na kumpanyang ito ay nakapagmina ng 605,176 metriko tonelada (MT) ng nickel ore at 19,105 MT ng chromite sa isla noong 2021 lamang.

Sa ulat mismo ng Department of Environment and Natural Resources Forestry Management Bureau, halos 1,000 ektaryang kagubatan mula 1990 hanggang 2021 ang kinalbo dahil sa mga operasyong pagmimina sa isla.

Reklamasyon sa Manila Bay, “rerepasuhin” matapos itulak ng US

Agosto 8, 2023

Kara-karakang nagpatawag ng “pagrepaso” ang mga senador at upisyal ng rehimeng Marcos Jr kaugnay sa nagaganap na mga operasyon para sa reklamasyon ng maraming bahagi ng Manila Bay. Kaagad ring binuo ng Department of Environment and Natural Resources ang isang grupo para magsagawa ng pag-aaral sa epekto ng mga aktibidad na ito sa Manila Bay.

Bago nito, puro pangako ang binitawan ng kalihim ng DENR sa harap ng malakas na panawagan ang mga grupong mangingisda, maralita at maka-kalikasan na itigil na ang lahat ng mga reklamasyon hindi lamang sa Manila Bay, kundi sa buong bansa.

Matagal nang panawagan ng mga demokratikong grupo ang pagpapatigil sa lahat ng reklamasyon sa bansa, partikular sa Manila Bay, dahil sa pinsalang dala nito sa kabuhayan ng mga mangingisda. Kabilang dito ang pagpapatigil sa pagtatayo ng Aerotropolis, ang dambuhalang proyektong paliparan ni Ramon Ang sa Bulacan.

Noong Mayo, isinuspinde ng DENR ang paggawad ng bagong mga permit para sa di pa aprubadong mga proyektong reklamasyon. Subalit tumanggi itong ipahinto ang umiiral nang mga proyekto dahil kailangan diumano nitong “respetuhin” ang mga permit na naigawad na ng nagdaang rehimen.

Nagkukumahog ito ngayon matapos magsalita ang opisyal ng US Embassy laban dito, pangunahin dahil isa sa mga aprubadong proyekto ay 25 metro lamang ang layo sa embahada nito sa Roxas Boulevard. Bukambibig ng opisyal na ito ang “pinsala” ng reklamasyon, “negatibong epekto sa mga puno at kalikasan,” kahit pa sa sa nakaraan, naibalitang binalak din nitong mag-reklamasyon para palawakin ang saklaw ng embahada. Ang totoo, mas inaalala ng US ang mapalilibutan ang embahada nito ng mga kumpanyang Chinese, na kabilang sa nakikitang pangunahing

mamumuhunan sa pagtatayo ng mga artipisyal na isla sa Manila Bay.

Ginagamit ng US ang presensya ng China Communications Construction Company sa mga proyektong reklamasyon bilang isa sa mga dahilan ng pagtutol. Ang CCCC ay isang kumpanyang inaakusahan ng World Bank at Asian Development Bank na sangkot sa mga “maanolmayang gawi sa pagnenegosyo” (fraudulent business practices). Blacklisted din ito ng US Department of Commerce.

Ang CCCC ay isa sa mga kumpanyang kinontrata ng gubyrno ng China sa iligal na reklamasyon ng mga artipisyal na isla at pagtatayo ng mga pasilidad militar sa South China Sea, kabilang sa loob soberanong karagatan ng Pilipinas.

Sangkot din ito sa malalaking proyektong imprastruktura ng nagdaan at kasalukuyang rehimen. Isa rito ang mapaminsalang Samal Island-Davao Connector Project, na maglalatag ng tulay na sisira sa protektadong karagatan. Sangkot din ang CCCC sa pagtatayo ng Binondo-Intramuros Bridge at isa pang tulay na magdudugtong ng North sa South Harbor.

SM City Santa Rosa, pinananagot sa pagkamatay ng 2 manggagawa

Agosto 8, 2023

Nanawagan ang mga manggagawa sa Laguna sa ilalim ng Alyansa ng mga Manggagawa sa Probinsya ng Laguna (AMPL) para papanagutin

ang SM City Santa Rosa sa pagkamatay ng dalawang manggagawa habang naglilinis sa septic tank o poso negro ng gusali noong Agosto 6. Nakiramay din ang grupo sa mga pamilya ng mga nasawi.

“Marapat lang na sama-sama nating papanagutin at kundenahin ang buong management ng SM City Santa Rosa sa kawalan ng sapat na seguridad para sa mga manggagawa sa kanilang kaligtasan sa lugar-paggawa,” ayon sa AMPL. “Sa pangyayaring ito, mas lalo lamang nitong pinaninindigan ang pagkilala sa kapitalistang SM na hayok at uhaw na uhaw sa pagkankam ng super tubo habang nanatili ang bulok na kalagayan ng mga manggagawa sa usaping pangkaligtasan at kababaan ng sahod.”

Isa ang SM sa mga kumpanyang may pinakamalaking bilang ng mga manggagawang kontraktwal.

Hinamon din ng mga manggagawa ang meyor ng Santa Rosa na imbestigahan ang insidente at tiyakin ang kaligtasan ang mga manggagawa sa ilalim ng kanyang sinasakupan.

“Napakarami ng karanasan ng mga manggagawa lalo na sa loob ng mga engklabo sa Santa Rosa ang naitatala kaya dapat managot ang mga kapitalistang ito sa paglabag sa Working Standard na naaayon sa ating Labor Code,” ayon sa grupo.

Ipinakita ng pangyayaring ito ang pangangailangan na lalong patindihin at palakasin ang panawagan para sa ligtas na lugar sa

pagawaa, gayundin ang nakabubuhay na sahod at katiyakan sa trabaho. Dahil sa kahirapang makahanap ng trabaho, napipilitan ang mga manggawa na suungin ang kahit anong klaseng trabaho para lamang kumita at may gastusin ang kanilang mga pamilya, ayon sa grupo.

Nanawagan ito para sa sama-samang paglalantad sa bulok na kalagayan ng mga manggagawa partikular sa Laguna at para sa patuloy na pagsusulong sa mga demokratikong karapatan sa sahod, trabaho, at iba pang karapatan.

₱750 minimum na sahod sa Calabarzon, iginiit

Agosto 8, 2023

Nagtipon sa upisina ng Regional Wage Board 4-A sa Batangas City kahapon, Agosto 7, ang mga manggagawa mula sa Metal Workers Alliance of the Philippines (MWAP) at Workers' Initiative for Wage Increase-ST. Lumahok ang mga manggagawa sa ipinatawag na public hearing para sa dagdag-sahod sa rehiyon. Panawagan ng mga manggagawa na gawing ₱750 ang minimum na sahod sa rehiyon. Suportado ang petisyong ito ng ilang mambabatas mula sa Sangguniang Panlalawigan ng Laguna.

Bagamat bahagya nang bumagal ang implasyon tungong 5.5% noong Hunyo, nananatiling mataas ang presyo ng mga bilihin at singil sa rehiyon. Noong Enero, pinakamataas ang tantos ng implasyon dito na pumalo sa 8.5%.

Inilagay ng estado ang Income Poverty Threshold sa Region IV-A noong 2021 sa ₱15,604 kada buwan o ₱520 kada araw. Sa kabila nito, ang pinakamataas na arawang minimum na sahod dito ay ₱470.00 lamang o katumbas ng ₱12,220.00 sa isang buwan. Sa gayon, nabubuhay ang mga pamilya ng mga manggagawa nang “below the poverty line” o mas mababa sa hangganang ng kahirapan. Ito ay sa kabila nang mataas na produktibidad (sinusukat sa Gross Regional Domestic Product) ng Region 4A noong 2021 na umabot ng ₱2.78 bilyon.

Sa kabilang panig, ang living wage sa rehiyon ayon sa IBON Foundation ay ₱1,108.00 sa isang pamilyang may limang myembro. Wala pang kalahati dito ang pinakamataas na minimum na sahod sa rehiyon.

“(A)ng petisyon sa Regional Wage Board ng MWAP na gawing ₱750.00 ang minimum wage sa Calabarzon ay naglalayon na mapaliit ang gap (puwang sa pagitan) ng minimum wage at ng living wage,” pahayag ng MWAP.

Sa datos ng Ibon, ang purchasing power ng dalawang milyong minimum wage worker sa rehiyon ay umabot ng ₱577 milyon sa isang araw noong Hulyo 2020.

“Kapag naging ₱750 ang minimum na sahod, ang purchasing power sa rehiyon ay tataas ng ₱762 milyon isang araw o katumbas ng ₱197 bilyon sa isang taon, malaking tulong ito sa negosyo na lumago at tumanggap ng mga manggagawang walang trabaho,” ayon sa grupo.

Grupong Save Gubat Bay Movement, nagtayo ng nursery ng mga bakawan sa Sorsogon

Agosto 9, 2023

Nagtayo ng nursery ng mga bakawan ang grupong Save Gubat Bay Movement na magsisilbing pangtanim at pangrehabilitate sa nasisirang mga bakawan sa prubinsya. Ang proyektong ito ay bahagi ng kanilang pagsisikap na mapangalagaan ang sistema ng ekolohiya ng karagatan sa Sorsogon.

Ang nursery ng bakawan ay lugar para patubuin at alagaan ang mga punla hanggang sa maging handa sila para maitanim sa mga lupain na akma sa mga ito.

Nanguna ang SGBM sa paglaban upang tutulan ang konstruksyon ng coastal road project sa Gubat, Sorsogon. Bagamat nagtagumpay silang mapigilan ang proyekto dahil sa malubhang epekto nito sa kalikasan at kabuhayan ng maliliit na mangingisda sa naturang lugar, iligal namang nagsimula ang konstruksyon ngayong taon.

“Mistulang walang alam si Senador Escudero sa matinding epekto ng reklamasyon sa mga komunidad sa tabing dagat at sa karagatan ng reklamasyon. Ang aming pagtutol sa reklamasyon ay hindi batay lang sa aming pangamba ngunit batay sa konkretong karanasan ng mga mangingisda at residente na mapapalayas at mawawalan ng kabuhayan dahil sa mga

proyektong reklamasyon na para lamang sa mga negosyante.”

Ayon kay Sen. Chiz Escudero, na dating nagsilbing gobernador ng probinsya, ang mga proyektong reklamasayon ay inisyatiba ng pribadong sektor at hindi magandang pigilan ito dahil lamang sa “simpleng takot”. Nilahad nya ito matapos ang pahayag ng embahada ng estados unidos na nababahala sila hinggil sa epekto sa kalikasan at seguridad ng reklamasyon sa manila bay.

Ayon sa grupo, napatunayan na ng mga siyentista at mga eksperto na malaki ang pinsala sa kalikasan at sa karapatang sosyo-ekonomiko ang mga proyektong reklamasyon o tinatawag ding dump and fill.

“Hinahamon namin si Senador Escudero na tumapak sa lupa at kausapin ang mga pamilyang apektado ng mga reklamasyon, kung bakit ito tinututulan, na para sa amin, ay usapin ng buhay at kamatayan” ani Allan Espallardo, tagapangulo ng SGBM.

Bahagyang pagbaba ng implasyon sa Hulyo, walang epekto sa nagtataasang presyo

Agosto 10, 2023

Patuloy na tumaas ang presyo ng bigas, gulay, isda at langis noong Hulyo sa kabila ng ipinagmayabang ng mga upisyal ng rehimeng Marcos Jr na pagbaba ng tantos ng implasyon tungong 4.7%. Lalo itong sisipa ngayong Agosto

matapos ipatupad ang mga taas-singil sa LRT at toll fee at ang walang-awat na pagsirit ng presyo ng langis. Lalo ring tataas ang mga presyo sa harap ng pinsala sa agrikultura na dulot ng sunud-sunod na sakuna at kawalang suporta ng estado sa sektor ng agrikultura.

Sa isang pahayag ng Ibon Foundation noong Agosto 7, ikinumpara nito ang presyo ng mga bilingin sa National Capital Region noong nakaraang taon sa presyo nito sa kasalukuyan. Ang bigas, halimbawa, ay nag-aabereyds sa ₱43.90 kada kilo noong Hulyo 2022 ay ₱45.50 na sa Hulyo 2023. Mas matataas rin ang presyo ng mga gulay, isda at itlog.

“Pinahihirapan ng nagtataasang presyo ang pamilyang mahihirap, kulang ang kita at kahit ang nasa panggitnang uri,” ayon sa Ibon. Pinansin nito ang sarbey ng Social Weather Stations noong Hunyo kung saan walo sa bawat 10 (78%) ay maituturing na mahirap noong Hunyo. Halos 19 milyong pamilya o 70% ang walang impok, ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Milyun-milyon ang walang trabaho at halos kalahati ng may trabaho (45%) ay nasa mga trabahong impormal o self-employed, mababa ang sahod at walang katiyakan, ayon sa grupo.

Pinakamatas pa rin sa Southeast Asia ang tantos ng implasyon sa Pilipinas, ayon sa grupo. Walang ginagawa ang administrasyong Marcos Jr para pataasin ang purchasing power o kakayahang bumili ng mamamayang Pilipino. Wala itong hakbang para itaas ang sahod ng mga

manggagawa at magbigay ng ayudang pampinansya sa mga naghihirap na pamilya.

Datos ng estado sa empleyo, hindi tugma sa datos ng paghihirap

Agosto 10, 2023

Hindi tugma ang ipinagmamayabang ng estado na “gumagandang datos” sa empleyo kung ikukumpara ito sa mga sarbey ng kahirapan at kagutuman.

Noong Hunyo, iniulat ng Philippine Statistics Authority na tumaas nang 2.25 milyon ang bilang ng mga may trabaho kumpara sa nakaraang taon. Ayon sa ahensya, tumaas nang 1.2 milyon (tungong 31.7 milyon) ang may trabahong pultaym (nasa 40 oras kada linggo) at ang mga wage and salary worker nang isang milyon. Sa panahon ding ito, tumaas ang bilang ng mga naghihirap (walo sa bawat 10) at ang mga pamilyang walang impok na ngayo’y 70% ng kabuuan.

Pinatutunayan ng hindi nagtutugmang mga datos na ito na bigo sa paglikha ng mga trabahong may disenteng sahod at sweldo, ayon sa Ibon Foundation. Makikita ito sa pagsusuri sa klaseng mga trabahong nalikha sa nakaraang mga buwan.

Ayon sa Ibon, apat sa mga subsektor na nag-ulat ng pagdami ng trabaho ay kabilang sa limang pinakabarat magpasahod. Ang abereyds na arawang sahod noong 2022 sa accomodation at food service ay ₱432, ₱300 sa agrikultura at

pangisda, ₱419 sa wholesale at retail trade; at ₱304 sa iba pang serbisyo.

Mula Hunyo 2022 at Hunyo 2023, naitala sa mga sarbey ang 1.5 milyong pagtaas sa bilang ng pamilyang mahihirap at nasa hangganan ng kahirapan. Gayundin, tumaas nang 100,000 ang bilang ng mga pamilyang naubos ang impok o wala nang kakayahang mag-impok, mula pangalawang kwarto noong 2022 hanggang pangalawang kwarto ngayong taon.

“Ang mga tunguhing ito ay nangangahulugan na hindi na angkop ang pagsusuri ng PSA,” ayon sa Ibon.

Sa taya ng grupo, tumaas ang bilang ng mga self-employed at mga manggagawang nasa impormal na sektor nang 1.3 milyon noong Hunyo 2023 mula Hunyo 2022. Malaking bahagi nito ay ang pagdami nang 865,000 ng mga unpaid family worker o walang sahod na nagtatrabaho sa negosyong pampamilya at, at nang 985,000 na mga kontraktwal na manggagawa sa pribadong sektor.

Dekalidad na edukasyon, di sarbeylans at paniktik

Agosto 10, 2023

Tuluy-tuloy ang pagkastigo ng mga guro sa ilalim ng Alliance of Concerned Teachers kay Sara Duterte, kalihim ng Department of Education at co-chairperson ng NTF-Elcac, sa kanyang paggigiit na bigyan ng daan-daang milyong pisong

“confidential and intelligence funds” para sa 2024. Kwestyunable at malinaw na maling paglaanan (misappropriation) ang pagbibigay ng pondong ito sa isang kagawarang walang mandanto sa sarbeylans at paniktik.

Sa panukalang badyet na isinumite ng Malacañang, humihingi si Duterte ng ₱150 milyong CIF para sa Department of Education, dagdag pa sa ₱500 milyon sa upisina niya bilang bise presidente. Walang malinaw na pinaglalaanan ang gayong pondo at pwedeng gamitin nang sikreto at hindi iniuulat o tinutuos.

“Ang mga ahensya ng gubyrerno ay dapat bigyan ng kaukulang badyet na naayon sa kanilang constitutional mandate,” ayon kay Vladimer Quetua, ACT Chairperson. “ (M)alinaw na ang alokasyon para sa confidential intelligence funds ay nawaldas lamang para supilin ang mga karapatan ng mga guro at manggagawa sa sektor. Ito ay sa kabila ng kasalukuyang krisis sa edukasyon at napakalaking kakulangan sa silid-aralan, guro, learning at teaching materials na matinding balakid sa learning recovery. Dagdag pa rito, ang matagal nang napag-iwanang sweldo ng mga guro na ang laging tugon ay walang pagkukunan ng pondo.”

Lalong nabahala ang mga guro sa pahayag ni Duterte na mahigpit na magkaugnay ang edukasyon at “pambansang seguridad.” Anito, nangangahulugan ito ng papatinding atake sa mga unyon sa porma na malaon nang malisyosong iniuugnay ni Duterte sa armadong kilusan.

“Ang tunay na banta sa pambansang seguridad at balakid sa kaunlaran ay ang pagpapatuloy ng mga makadayuhan at neoliberal na patakaran sa bansa kasama ang sistema ng edukasyon,” ayon kay Quetua.

“Kung nais na maikintal ng gubyrerno ang pagiging makabayan sa mga bata, patunayan muna nito ang pagkilala at pagpapahalaga sa karapatan sa dekalidad na edukasyon, gawing lapat at akma ang kurikulum, at palakasin ang araling panlipunan at kasaysayan. Higit sa lahat, tugunan ang mga kakulangan upang mas maging accessible at conducive (o pabor) sa pagkatuto ang ating mga paaralan.”

Hindi mangyayari ang mga ito kung magpapatuloy ang maling paglalaan at pagprayoritisa sa pondo sa sektor ng edukasyon at militarisasyon sa burukrasya ng ahensya, aniya.

Panawagan ng ACT na gawing prayoridad ang kagyat at lehitimong mga pangangailangan ng sektor sa paparating na mga deliberasyon sa badyet para sa susunod na taon.

Laban sa “Golden Rice,” tumuntong sa ika-10 taon

Agosto 10, 2023

Nagtipun-tipon noong Martes, Agosto 8, ang mga magsasaka, syentista at iba pang sektor sa prubinsya ng Albay upang gunitain ang isang dekada ng pagtutol ng mamamayan sa kontrol ng mga korporasyon sa binhi, teknolohiya, lupa at

karapatan ng mga magsasaka sa mga barayti o uri ng pananmin sa kanilang mga sakahan.

Noong Agosto 8, 2013, sinugod ng 400 magsasaka sa ilalim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Sikwal GMO at Masipag ang trial farm sa Pili, Camarines Sur para bunutin ang nakapulang Golden Rice na klase ng palay. Nagmatigas ang Department of Agriculture Region 5 sa pagtatayo ng naturang trial farm sa kabila ng nauna nitong pangako na hindi ito gagawin nang walang pagsang-ayon mula sa mga magsasaka. Kasabwat ang International Rice Research Institute's (IRRI) sa ginawang pagtanim ng ineeksperimentong binhi.

Napigilan ng makasaysayang pagkilos ng mga magsasaka ang paglaganap ng Golden Rice at kontaminasyon (paghawa) nito sa lokal na mga barayti ng palay sa kalapit na mga sakahan.

“Hindi kami mangingiming ulitin ang pagbubunot ng mga nakatanim na Golden Rice kung kinakailangan para ito ay matutulan at hindi mapahintulutang maibenta at mabili sa mga palengke o tindaan at hindi ito maitanim sa aming mga sakahan. Hindi na lamang sa Bikol kundi gagawin namin sa buong bansa. Sapat ang naipon naminaming karanasan, lakas at lawak sa buong bansa upang mas malakas na mangampanya laban sa GMO gaya ng Golden Rice at BT Talong,” pahayag ni Fernando DeChavez, tagapagsalita ng SIKWAL GMO.

Noong Abril 19, kinatigan ng Korte Suprema ang petisyon ng mga magsasaka para sa isang “Writ of

Kalikasan” na kumilala sa kanilang pagtutol sa Golden Rice at GMO. Ayon sa desisyon, dapat sagutin ng mga nasa likod ng Golden Rice at ahensya ng pamahalaan at institusyon na sangkot sa proyekto ang mga hinaing ng mga tumututol dito. Kaugnay nito, ipinapanawagan din ng mga magsasaka at malawak na mamamayan na mabigyan ng Temporary Environmental Protection Order o TEPO para tuluyang ipatigil ang pagtanim, komersyal na pagbebenta at pagpapakain ng Golden Rice sa mamamayan.

“Kami ay nangangamba na ang pagpapatuloy ng pagtanim ng Golden Rice ay magdudulot ng kontaminasyon sa ating mga binhi lalo sa mga katutubo at tradisyunal na mga binhi ng palay na kasalukuyan naming itinatanim at kinakain. Sa katangian ng produksyon ng palay sa ating bansa, siguradong magiging mabilis ang kontaminasyon ng mga GMO na ito sa mga hindi GMO na palayan o sakahan dahil sa mga ginagamit na makinarya at post-harvest facilities,” patuloy ni DeChavez.

Kabilang sa mga lumahok sa paggunita ang Resistance and Solidarity against Agrochemical TNCs (Resist Network), isa sa malaon nang tumututol sa Golden Rice at GMO (genetically-modified organism) sa sektor ng agrikultura. Mula’t sapul, nanindigan ang network na walang kahihinatnan ang proyektong Golden Rice na pinalalabas na solusyon sa masalimuot na problema ng kakulangan ng Vitamin A sa pinakamahihirap na bata at kababaihan.

“Ang deficiency na ito ay sintomas lamang ng malnutrisyon na bunga ng matinding kahirapan,”

ayon sa network. “Malinaw ang mas malaking motibo ng mga korporasyong biotech sa tubo. Ibubukas ng Golden Rice ang paglaganap ng iba pang produktong genetically-enhanced na magreresulta sa pagbabago ng ating pagkain, at magpapailalim sa agrikultura at mga sistemang pagkain sa higit pang pagkontrol ng mga korporasyon.”

Marcos Jr, binweltahan sa kainutilan sa harap ng pagsirit presyo ng langis

Agosto 10, 2023

Kabi-kabilang batikos ang inani ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang pahayag na wala siyang magagawa sa harap ng walang awat na pagtaas na presyo ng langis. Sa panlimang pagkakataon sa loob ng limang linggo, itinaas ng mga kumpanya ng langis noong Martes, Agosto 8, ang presyo ng gasolina nang ₱.50, diesel nang ₱4 at kerosin nang ₱2.75. Noong nakaraang linggo lamang, itinaas ng mga ito ang presyo ng gasolina nang ₱3.50, diesel nang ₱0.50 at kerosin nang ₱3.25. Itinaas din ang presyo ng LPG kada kilo.

“Ang sabi ni (Marcos), wala daw siyang magagawa sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis... Di natin sila pinasusuweldo sa kanilang aircon na upisina para lang sabihin sa ‘tin na wala silang magagawa,” bwelta ng grupong Kadamay, sa isinagawa nilang protesta kahapon, Agosto 9. Panawagan nila, irolbak ang presyo ng langis at ibasura ang Oil Deregulation Law na nagpapahintulot sa mga kumpanya ng langis na

itaas ang presyo kung kailan at gaanuman kataas na gustuhin ng mga ito.

“Patuloy nating labanan ang pagsasawalang-bahala ng pamahalaan!” panawagan ng grupong PISTON. “Ilang taon na nating panawagan na ibasura ang Oil Deregulation Law at isuspindi ang EVAT at Excise Tax sa langis pero imbes na isipin ng gubyrerno ang ating kapakanan, puro pagpapataba ng bulsa ng mga oil company at ng mga kurakot sa pamahalaan ang inaatupag!”

Ang totoo, may magagawa ang rehimeng Marcos Jr, anila.

“Maaaring pahinain ng administrasyong Marcos ang epekto ng pagtaas ng presyo ng langis sa milyong Pilipino sa pamamagitan ng pagtanggali sa excise at value added tax sa mga produktong petrolyo,” pahayag ng Ibon Foundation. Dagdag sa binabalikat ng mamamayang Pilipino na umiinda ng mataas na presyo at naaagnas na kakayahan nilang bumili, dahil sa mga buwis na ito.

Kung tatanggalin ang mga buwis na ito, mababawasan nang 35.7% ang presyo ng gasolina, ₱28.1% ang presyo ng diesel at ₱18.7% ang kerosin. Ibig sabihin, imbes na ₱67.35 (presyo sa NCR), ₱51.56 na lamang ang kada litro ng gasolina. Gayundin, magiging ₱47.24 lamang, imbes na ₱53 ang isang litro ng diesel at ₱61.05 ang isang litro ng kerosin, imbes na ₱69.09 sa ngayon.

Malaki ang epekto ng walang awat na pagtaas ng presyo ng langis sa kakayahan ng mamamayan na

bumili, ayon sa Ibon. Noong Hulyo, ang tunay na halaga ng ₱610 na minimum na sahod ng isang manggagawa sa NCR ay nasa ₱515 na lamang, mas mababa kumpara sa tunay na halaga nito bago magpandemya (₱520).

“Ang pagtaas ng presyo ng langis ay mararamdaman sa lahat ng batayang kalakal,” ayon sa institusyon. Susi ang mga produktong petrolyo sa produksyon at transportasyon ng pagkain at iba pa.

Mga manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita, muling iginigiit ang kanilang karapatan sa lupa

Agosto 10, 2023

Nagtungo sa Mendiola noong Agosto 8 ang mga manggagawang-bukid sa ilalim ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA), kasama ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), para muling igiit ang kanilang karapatan sa Hacienda Luisita. Ang aksyong protesta ay kasabay ng paghahapag ng kanilang mga abugado ng motion for reconsideration para sa tatlong kautusan ng Office of the President na yumuyurak sa matagal na nilang ipinaglalabang karapatan.

Inilabas ni dating pangulong Duterte ang mga naturang kautusan noong Pebrero 2, Hunyo 22 at Oktubre 26 noong nakaraang taon. Kinatigan ng mga ito ang apela ng Tarlac Development Corporation (TADECO) na pag-aari ng pamilyang Cojuangco na ipawalambisa ang notice of

coverage (NOC) ng Department of Agrarian Reform (DAR) noong 2016 na nag-utos na ipamahagi ang walong parsela ng lupa sa loob ng asyenda alinsunod sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Matatagpuan ang mga parselang ito sa mga barangay Cutcut at Balete, na may lawak na 358.2243 ektarya. Sinasaklaw nito ang 5% lamang sa kalupaan ng buong asyenda.

Nagpapalusot ang mga Cojuangco na hindi diumano ipinaabot sa TADECO ang NOC. Ang totoo, sadyang hindi pinansin ng TADECO ang lahat ng pagsisikap ng DAR na ipaabot ang NOC sa korporasyon para balewalain at banggain ang ligal na proseso ng pamamahagi. Ang pagkatig ng upisina ng presidente, kapwa noong panahon ni Rodrigo Duterte at ni Ferdinand Marcos Jr ay nagpapamalas sa kapangyarihan ng despotikong mga panginoong maylupa sa pamamagitan ng reaksyunaryong estado.

“Panahon pa ni Noynoy Aquino inisyu ang mga NOC sa walong malalaking tipak ng Hacienda Luisita, pero hindi lamang siya, bilang myembro ng asenderong pamilyang Cojuangco-Aquino, ang nag-iisang pangulong humarang dito,” pahayag ni Ariel Casilao, tumatayong pangulo ng UMA.

Aniya, walang ginawa ang nagdaang rehimen, sa kabila ng maaanghang na banat ni Duterte sa landgrabbing ng mga Cojuangco-Aquino. “(W)ala naman itong ginawa para buwagin ang asyenda. At heto namang si Marcos, karibal diumano ng

mga Aquino sa politika, ay nagsilbi pang balakid sa pamamahagi nito.”

Deka-dekada na ang pakikibaka ng mga manggagawang-bukid para sa kanilang karapatan sa 6,453-ektaryang asyenda.

Pagpatay sa NDFP konsultant, wala pa ring hustisya pagkatapos ng 3 taon

Agosto 10, 2023

Nagprotesta sa harap ng Department of Justice ang mga myembro ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ngayong araw, Agosto 10, para kundenahin ang kawalang pag-usad sa kaso ng pagpaslang kay Randall Echanis at nagpapatuloy na kawalang hustisya sa bansa.

Tatlong taon na ngayong araw mula nang brutal na paslangin si Randall Echanis, kasama ang kanyang kapitbahay na si Louie Tagapia, sa loob ng inuupahang bahay sa Novaliches, Quezon City. Kabilang si Echanis sa daan-daang aktibista na pinaslang ng noo’y rehimeng Duterte. Sa panahon na iyon, tumatayo siyang deputy secretary general ng KMP, tangapangulo ng Anakpawis party-list at konsultant ng National Democratic Front of the Philippines-Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms (RWC-SER) sa pakikipag-usapang pangkapayasaan sa Government of the Republic of the Philippines (GRP).

“Umaalingasaw ang pagkabulok ng estadong garapalang ayaw tugunan ang mga batayang ugat

ng armadong tunggalian at kung gayon ay laban sa tunay at makatarungang kapayapaan,” pahayag ng UMA. “Kapayapaan na masikhay na itinataguyod ni Ka Randy. Kaya ganoon na lamang ang galit ng gubyrerno at mga armadong ahente nito.”

“Tatlong taon na ang kawalan ng katarungan sa pagpaslang kay Randall “Ka Randy” Echanis,” pahayag ng KMP. “Bagamat nagbuo ng Task Force AO 35 ang Department of Justice, wala itong nagawa para kamtin ang hustisya at panagutin sa batas ang mga maysala sa pagpaslang kay Ka Randy.

Halos buong buhay ni Ka Randy ang iginugol niya sa paglilingkod sa masang anakpawis at sambayanang Pilipino, ayon sa grupo. Tatlong beses siyang inaresto at ikinulong ng estado.

#JusticeForRandyEchanis #JusticeForAll
#StopTheKillings

₱100 dagdag-sahod, itinulak sa Region 7

Agosto 10, 2023

Nagpiket kahapon, Agosto 9, ang mga manggagawa sa harap ng Department of Labor and Employment sa Cebu City para ipanawagan ang kagyat na pagpapatupad ng dagdag-sahod sa syudad. Kasabay nito, isinumite nila ang petyson sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board in Central Visayas para sa ₱100 pagtaas ng minimum na sahod sa Region 7. Pinirmahan ang

petisyon ng 650 manggagawa mula sa iba't ibang bahagi ng Cebu.

“Malaki ang kakakayahan ng mga negosyante dito sa Central Visayas na magbigay ng dagdag-sahod,” ayon kay AMA Sugbo KMU chairperson Jaime Paglinawan. Ito ay batay sa inilabas na gross regional domestic product (RGDP) noong 2020-2022 na nagsasaad na lumaki ang kita ng mga kumpanya sa nakaraang mga taon. Noong 2022 lamang, pumalo nang ₱1.29 trilyon ang GDRP ng Central Visayas, pang-apat sa pinakamalaking ekonomya sa buong bansa.

Iginiit ni Paglinawan na malaki ang potensyal ng mga kumpanya na magbigay ng dagdag-sahod, batay sa ginawang pag-aaral ng Ibon Foundation sa Annual Survey of the Philippine Business and Industries (ASPBI) na inilabas ng Philippine Statistics Authority. Sa datos na ito, ang ₱170 dagdag na across-the-board ay katumbas lamang ng 13% kabawasan sa kita ng mga negosyante.

GDP sa ika-2 kwarto, pinakamaliit sa 12 taon

Agosto 11, 2023

Inilabas kahapon, Agosto 10, ang datos ng Philippine Statistics Authority kaugnay sa lalupang pagbagal ng ekonomya ng Pilipinas sa nakaraang apat na kwarto. Ayon sa PSA, lalupang bumagal ang paglago ng gross domestic product ng bansa (GDP) sa Abril-Hunyo tungong 4.3%, mula sa 6.4 sa nakaraang kwarto. Pinakamaliit ang paglago ng ito mula 2011. Bago nito, pababa

na rin ang GDP mula sa 7.7% sa pangatlong kwarto ng 2022, tungong 7.1% sa pang-apat na kwarto sa naturang taon.

Ayon sa Ibon Foundation, nawala na ang huling baraha ng mga upisyal sa ekonomya para sabihing maayos ang takbo ng ekonomya.

Tulad sa nakaraang mga kwarto, bagsak lahat ng mga mayor na sektor, kabilang ang agrikultura at sektor ng pagmamamupaktura. Tanging turismo at ilang pamumuhunan ang nagrehistro ng pag-unlad sa naturang kwarto. Hindi naganap sa Pilipinas ang tinaguriang “revenge spending” at sa halip ay bumagsak pa ang household consumption (paggasta ng mga pamilya) mula 8.5% sa unang kwarto ng taon tungong 5.5%. Ito ay dulot ng implasyon, at kawalang hakbang ng rehimeng Marcos na dagdagan ang sahod at sweldo ng milyung-milyong manggagawa at kawani.

Sa kabila nito, hibang na pinipilit ng mga upisyal ng rehimen na “on track” pa rin ang ekonomya sa 6-7% na target na paglago para sa katapusan ng taon para panatilihin ang pantasya ng “Bagong Pilipinas” ni Ferdinand Marcos Jr. Nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihin sila sa walang awat na pagtaas presyo ng mga bilihin at serbisyo, pagbagsak sa produksyong agrikultural at manupaktura, dumaraming walang trabaho, mababang sahod at sweldo at samutsaring mga problemang kinahaharap ng mamamayang Pilipino.

“Malinaw na nawalan na ng bwelo ang ekonomya,” salungat na pahayag ng Ibon. Tapos

na ang “rebound” ng ekonomya mula sa pagkakalugmok nito dulot ng matatagal na lockdown na ipinatupad ng nagdaaang rehimeng Duterte sa panahon ng pandemya. “Walang magaganap na pagbangon hangga’t hindi babaguhin ang pananaw sa ekonomya,” ayon sa grupo.

Pera ng mamamayan, ginagamit para sa konstruksyon ng mga base militar ng US

Agosto 11, 2023

Puspusan na ang konstruksyon at paglalatatag ng mga base militar ng US na tinatawag na mga “EDCA site,” gamit ang pondo ng mamamayang Pilipino at mga tau-tauhan nito sa Armed Forces of the Philippines. Noong nakaraang linggo, mismong si Defense Sec. Gilbert Teodoro at AFP chief Charles Brawner ang nagtungo sa Lal-lo, Cagayan, para madaliin ang “upgrade” ng sibilyang paliparan para sa refuelling ng mga eroplanong pandigma ng US. Para magmukhang may silbi sa Pilipinas, binanggit din niyang gagamitin ito ng kakarampot na air assets ng AFP.

Sa Palawan, bwelado na ang konstruksyon at upgrade ng paliparan at iba pang pasilidad pangmilitar sa Balabac Island mula pa Marso 11, 2023. Bagamat pasilidad ng US, ang ₱174.62 milyong pondong ginagamit para sa Balabac Military Runway ay mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) sa ilalim ng programang TIKAS (Tatag Imprastaktura para sa

Kapayapaan at Seguridad) Convergence Program nito.

(Ang isla ay matatagpuan sa Balabac Strait, na ginagamit kapwa ng mga barko ng US at China sa kani-kanilang paglalayag. Gagamitin ng US ang paliparan at ang buong isla para manmanan ang mga barko ng China na dadaan dito. Sa aktwal, hindi kaiba ang gamit ng US dito sa gamit ng China sa mga paliparang iligal na itinayo nito sa soberanong karagatan ng Pilipinas.)

Liban sa paliparan na tinatayang lalamon ng pondong \$3.1 milyon, pinopondohan din ng DPWH ang pagtatayo ng isang command and control center sa halagang ₱18.32 milyon. Ang DPWH din ang nagpopondo sa pagpapalawak at pagpapalalim sa daungan sa kabilang bahagi ng isla para maging himpilan ng malalaking war ship ng US. Tinatayang aabot sa \$5.5 milyon ang kailangang gastusin para rito. Alinsunod sa mga probisyon ng EDCA, ang mga pasilidad na ito ay papailalim sa ekstra-teritoryal na kontrol ng US, kung saan maaari lamang pumasok o inspeksyunin ng mga Pilipino kung may “pagsang-ayon” ang nauna.

Sa Cebu, pondo mula sa TIKAS din ang ginagamit para itayo ang isang hangar sa Mactan-Benito Ebuena Air Base, isa sa unang limang “EDCA site” ng US. Pinasinayaan ang konstruksyon ngayong araw, Agosto 11. (Kasabay nito ang konstruksyon ng US ng isang fuel depot sa halagang ₱111.29 milyon.)

Sa nakaraan, ang programang TIKAS rin ang nagpondo sa konstruksyon ng mga hangar at samutsaring gusali at pasilidad sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija na isa ring “EDCA site.”

Ang programang TIKAS Convergence Program ay nagpapahintulot ng paggamit ng pondo ng DPWH para sa pagtatayo ng mga imprastrukturang militar. Kapalit nito ang “paggagwardya” ng mga sundalo sa mga proyektong konstruksyon ng DPWH sa mga “conflict-ridden” na lugar.

Pinasimunan ang programa ng noo’y presidente Rodrigo Duterte bilang bahagi ng pambubundat niya sa burukrasyang militar. Pinalawig ito ni Ferdinand Marcos Jr noong Mayo. Dagdag ang pondong ito sa capital outlay (madalas para sa imprastruktura) na nakapailalim sa badyet ng DND.

Dagdag na impormasyon:

<https://news.usni.org/2023/05/23/philippine-defense-officials-tour-new-edca-sites>

[https://www.dpwh.gov.ph/dpwh/business/procurement/civil_works/awarded_contracts?](https://www.dpwh.gov.ph/dpwh/business/procurement/civil_works/awarded_contracts?text=23EF0083&text_1=All&text_3=All)

[text=23EF0083&text_1=All&text_3=All](https://www.pna.gov.ph/articles/1207577)

<https://www.pna.gov.ph/articles/1207577>

Unang araw ng eskwela sa UST, sinalubong ng protesta

Agosto 11, 2023

Nagprotesta ang mga mag-aaral ng University of Sto. Tomas (UST) sa harap ng pamantasan sa España Boulevard, Manila City noong Agosto 9,

unang araw ng klase. Panawagan nila ang pagtataguyod sa karapatan sa edukasyon ng kabataan. Sa partikular, iginiit nila na iatras ng administrasyon ang 6% pagtaas sa matrikula at ibang bayarin sa UST.

“Ngayong bagong akademikong taon, hamon sa ating mga Tomasino ang tumindig para sa ating demokratikong karapatan sa loob ng pamantasan,” ayon sa pahayag ng Anakbayan-UST.

Nakiisa sa protesta ang mga estudyante sa kolehiyo at senior high school sa UST. Ipinahayag ng mga nagprotesta ang kanilang pagtutol sa mandatory Reserve Officers’ Training Corps (ROTC), panghihimasok ng pulis at militar sa loob ng pamantasan at kaakibat na pagtapak sa karapatan sa kalayaang pang-akademiko, at iba pang mapanupil na patakaran ng administrasyon ng UST laban sa mga estudyante.

Samantala noong Agosto 7, naglunsad ng kilos-protesta sa kampus ng UST ang mga grupo ng kabataan mula sa iba’t ibang unibersidad para tutulan ang Mandatory ROTC na iniraratsada sa Senado. Nais nilang harangin ang pagpapasa ng naturang panukala sa Senado na nauna nang nakalusot sa House of Representatives noong Disyembre 2022.

War game, idadaos ng US sa Pilipinas sa tabing ng “relief operations”

Agosto 11, 2023

Hindi lamang magdadaos ang mga tropang Amerikano ng isa na namang “pagsasanay-militar” “sa teritoryo ng Pilipinas, nag-imbata pa ito ng ibang hukbo para gamitin ang bansa bilang lunsaran ng isang war game na nakatuon laban sa China. Isasagawa ng US ang Pacific Airlift Rally 2023 sa Clark Air Base sa Mabalacat, Pampanga; sa Colonel Jesus Villamor Air Base sa Pasay City; at sa Brigadier General Benito Ebuen Air Base sa Lapu-Lapu City, Cebu.

Sa imbitasyon ng US, lalahok dito ang mga hukbo ng Japan, Indonesia, Malaysia, Bangladesh, Brunei, Canada, Maldives, Mongolia, Nepal, Singapore, Sri Lanka, at Timor-Leste. Gagamitin ng mga hukbong ito ang mga base at himpapawid ng Pilipinas mula Agosto 14 hanggang Agosto 19. Kakatwang ipinahayag ng AFP na isa ang Pilipinas sa “mamumuno” sa war game, gayong mangilangilan lamang at luma ang mga air assets nito.

Inilulusot ang war game sa tabing ng “humanitarian assistance” at “disaster relief operations.” Gayunpaman, wala itong kinalaman o pakialam sa kalagayan kung saan katatapos lamang binayo ang Pilipinas ng matinding pagulan, pagbaha at pinsala dulot ng Bagyong Egay at hanging habagat.

Sa kasagsagan ng sakuna, hindi nakitaan ng anumang “operasyong makatao” ang kalakhan ng mga “EDCA site” ng US. Pakitang-tao lamang itong namigay ng 1,200 foodpack at 56 solar panel sa Fuga at Calayan Islands bilang “tulong” sa mga biktima ng bagyo. Ginawa ito ng US matapos kutyain ng gobernador ng prubinsya ang

kawalang-pakialam ng US sa paghihirap ng mga Cagayanon dulot ng bagyo.

Tatlo, kundiman apat, ang “EDCA site” ng US sa hilangang-silangang Luzon — isa sa sibilyang paliparan sa Lal-lo at isa sa bayan ng Santa Ana, pareho sa Cagayan, at isa sa Gamu, Isabela. Isa pang base militar ang itinatayo 25-ektaryang lupang pampubliko sa Calayan Islands.

₱1 bilyon kumpensasyon sa Marawi, halos ubos sa loob ng isang araw

Agosto 11, 2023

Halos naubos sa loob ng isang araw ang ₱1 bilyong pondong inilaan para sa kumpensasyon o bayad-pinsala sa mga biktima ng pambobomba ng Armed Forces of the Philippines sa Marawi City.

Sa isang pagdinig sa Kongreso noong Agosto 1, inulat ni Maisara Latiph, pinuno ng Marawi Compensation Board (MCB), na nalimas ang ₱800,000 sa unang araw pa lamang ng pamamahagi ng kumpensasyon noong Hulyo 4. Tinugunan nito ang 2,703 claim o petisyon na pumasa sa 3-antas na ebalwasyon ng MCB. Ayon sa MCB, umabot pa lamang sa 12,000 ang nagpasa ng mga dokumento para makakuha ng kumpensasyon.

Hindi na nagulat ang mga mambabatas mula sa rehiyon sa bilis na pagkaubos ng pondo. “Napakaliit naman talaga ng kasalukuyang badyet para rito,” hinaing ni Basilan Rep. Mujiv Hataman. Kulang na kulang ito dahil hindi lamang mga

bahay ang nasira sa pambobomba, napulbos din ang pribadong mga eskwelahan, klinik, ospital, tindahan at iba pang negosyo.

Sa taya ng MCB, di bababa sa 12,500 istruktura ang nasira, at inaasahan nitong aabot sa 77,000 residente ang maghahapag ng compensatory claim o paghingi ng bayad-pinsala. Sa kabila nito, ₱1 bilyon din lamang ang inilalaan para sa MCB para sa taong 2024.

Sa nakaraan, iginiit ng mga mambabatas na Moro na dapat itaas tungong ₱30 bilyon ang kumpensasyon, at maglaan nang ₱10 bilyon kada taon ang estado para ibangon ang syudad.

Sa bahagi ng Drieza Lininding, pinuno ng Moro Consensus Group, iginiit niyang dapat i-update ng Kongreso ang pagtatasa sa pinsalang idinulot ng Marawi Siege para maging gabay sa pondong ilalaan para sa kumpensasyon.

Noong 2018, inihain ng Makabayan Bloc ang Resolution 1973 para atasan ang komite para sa karapatang-tao at Muslim Affairs na magsagawa ng pag-aaral sa proseso ng rehabilitasyon at sa malalalang paglabag sa karapatang-tao sa panahon ng Marawi Siege.

Imbestigasyon sa pagpatay ng 37th IB sa guro ng mga Lumad, itinutulak

Agosto 12, 2023

Itinutulak ng Save Our Schools (SOS) Network ang isang imparsyal (walang kinakatigan) at buong imbestigasyon sa pagpatay ng 37th IB kay

Rowe Jhon Libot, boluntir na guro sa eskwelahan ng mga Lumad, noong Hulyo 27 sa Kalamansig, Sultan Kudarat. Ayon sa grupo, ang walang-awang pagpaslang sa kanya ng mga sundalo ay paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin ng digma na aplikable sa mga lugar na may umiiral na armadong tunggalian.

Si Libot ay isang boluntir na guro ng eskwelahang Lumad na Center for Lumad Advocacy Networking and Services (CLANS) at kalaunan ay sa Lumad Bakwit School na inilunsad sa Metro Manila. Nag-aral siya ng kolehiyo noong 2014-2018 sa Liceo de Davao-Tagum ng Bachelor in Secondary Education major in English sa tulong ng libreng pagpapa-aral ng Mindanao Interfaith Services Foundation.

“Ang sinasabi ng AFP na kumaharap sa mga kasong kriminal si Libot simula 2017 ay walang katotohanan,” ayon pa sa grupo. Sa katunayan, ayon sa SOS Network, “nang makapagtapos, isinabuhay niya ang esensya ng pagiging isang iskolar ng bayan dahil sa pagsusumikap ng mga organisasyong lumad, indibidwal na mga isponsor, at mga tagapagtaguyod ng edukasyon ng mga Lumad.”

Simula 2018 ay inilaan ni Libot ang kanyang panahon sa pagtuturo at pakikiisa sa pakikibaka ng mga Dulangan-Manobo. “Sa kabila ng walang tigil na panggigipit sa mga pwersang militar, nanatili siyang matatag sa pag-aaral sa tunay na kalagayan ng mamamayang Lumad,” paliwanag ng SOS Network.

Nakatulong din si Libot sa mga misyong medikal at relief sa mga militarisadong komunidad ng mga Dulangan-Manobo noong panahon ng pandemya.

Matatandaan na noong Pebrero 24, 2022, naganap ang katulad na karumal-dumal na pagpatay ng mga pwersang militar kina Chad Booc at Gelejurain Ngujo II, mga boluntir na guro sa paaralang Lumad, at tatlo nilang mga kasama na sina Elegyn Balonga, Robert Aragon, at Tirso Añar sa New Bataan, Davao de Oro.

Mga kawani ng gubyrerno, iginigiit ang badyet para sa dagdag-sweldo

Agosto 12, 2023

Nagprotesta ang mga kawani ng gubyrerno noong Agosto 10 sa harap ng House of Representatives sa Quezon City para igiit ang dagdag na badyet para sa mga kawani. Kasabay ang protesta ng unang araw ng pagdinig sa House Committee on Appropriations ng panukalang ₱5.768 trilyong pambansang badyet ng rehimeng Marcos Jr para sa 2024.

Pinangunahan ang pagkilos ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage), Alliance of Concerned Teachers (ACT) at Alliance of Health Workers (AHW).

Ayon sa mga grupo, katiting ang inilaan para sa kagalingan ng mga kawani habang limpak-limpak ang pera sa intelligence at confidentials fund ng

presidente, bise-presidente at ng ilan pang ahensya ng gobyerno.

“Labis kaming nadismaya na ang dagdag-sweldo para sa mga kawani ng gubyerno ay hindi man lamang nabanggit ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr sa kanyang State of the Nation Address noong Hulyo. Pero ngayon, nagagalit kami na ang badyet para sa dagdag-sweldo para sa mga kawani ay hindi makita sa panukalang pambansang badyet,” ayon kay Mr. Santiago Y. Dasmarinas Jr, pangulo ng Courage.

Umalma naman si Raymond Basilio, Pangkalahatang Kalihim ng ACT sa sinasabing “pag-aaral” na isinagawa ng Department of Budget and Management dahil sa kawalan ng konsultasyon nito sa mga kawani ng gubyerno kabilang na ang mga guro sa pampublikong paaralan. Aniya, matagal nang isinasaisantabi at binabalewala ang panawagan nilang dagdag-sweldo para sa mga guro.

Inihapag din ng mga grupo ang hinaing ng mga subsektor ng mga kawani kabilang na ang mas mababa pang sahod ng mga empleyado sa mga lokal na gubyerno, at kawalan ng plano para sa dagdag-sahod at benepisyo para sa mga manggagawang job order at kontraktwal.

Noong Agosto 8, nakipagdayalogo ang naturang mga grupo sa ilalim ng All Government Employees kay Deputy Speaker Congressman Ralph Recto para kumbinsehin na isulong ang dagdag-sweldo at benepisyo para sa mga kawani.

‘Palarong ROTC’ sa Visayas, binatikos ng mga kabataan

Agosto 13, 2023

Binatikos ng mga kabataan at organisasyon sa West Visayas State University (WVSU) ang inilulunsad na Reserved Officers’ Training Corps (ROTC) Games ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pamantasan simula ngayong araw hanggang Agosto 19. Ayon sa mga estudyante, bukod sa gagamitin ito para pabanguhin ang nakasusulasok na kasaysayan ng ROTC at AFP, aabalahin nito ang pagbubukas ng klase sa pamantasan bukas, Agosto 14.

Lumalahok sa naturang aktibidad ang mga kadete ng ROTC at sundalo ng AFP mula sa mga rehiyon sa Visayas na pansamantalang hihimpil sa pamantasan sa loob ng isang linggo.

Nagtipon ngayong araw ang mga konseho ng mag-araal, mga organisasyon at estudyante ng WVSU sa loob ng kampus para muling ipahayag ang kanilang pagtutol sa aktibidad. Nauna na nilang inilabas ang isang nagkakaisang pahayag na pinirmahan ng 26 na mga samahan noong Agosto 11 na tumututol sa palarong ROTC, mandatory ROTC at paggigiit ng dagdag badyet para sa pampublikong edukasyon.

“Naniniwala ang mga estudyante na ang aktibidad na ito ay hindi tugma sa paninindigan ng WVSU para sa kapayapaan, pagiging inklusibo, at mithiing pang-akademiko na kinakatawan nito,” ayon sa Sandigan ng Mag-aaral para sa

Sambayanan (SAMASA)-WVSU. Giit din nila, gagamitin itong tuntungan para sa pagtutulak ng Mandatory ROTC at militarisasyon sa kampus.

Sa naunang pahayag ng 26 na grupo, sinabi nitong “ang nakababahalang alyansang ito ng WVSU at AFP, sa kabila ng kasaysayan ng huli sa paghamak sa demokratikong mga karapatan, ay nagpapanumbalik sa nakalulungkot na pangyayari mula sa panahon ng Batas Militar.” Giit pa nila, ang desisyon na ilunsad ang 2023 Philippine ROTC Games ng pamantasan ay nagbunga ng pangamba sa mga estudyante sa posibleng militarisasyon ng mga akademikong espasyo.

Binatikos din ng mga grupo ang paglulustay ng pondo ng bayan sa ganitong klaseng mga aktibidad. Anila, imbes na gumastos sa mga aktibidad na nagtataguyod ng Mandatory ROTC mas mainam na gamitin ang rekurso ng bayan sa pagtataguyod sa karapatan ng mga estudyante at kabataan. Kasabay nito, iginiit nilang dapat dagdagan ang badyet para sa mga state universities at college.

“Pinatatampok nito ang maling prayoridad [ng WVSU] dahil dapat unahin nito ang pagkatuto ng mga estudyante bago ang mga aktibidad na pumupuri sa isang programa na mayroong kasaysayan ng pang-aabuso at karahasan,” ayon sa pahayag ng mga grupo.

Babaeng lider-magsasaka sa Isabela, hindi nagpapatnag sa 502nd IBde

Agosto 13, 2023

Buong-tapang na tumitindig at lumalaban ang isang may-edad nang babaeng lider-magsasaka sa harap ng panggigipit sa kanya at kapwa niyang magsasaka sa prubinsya ng Isabela.

Sinugod ng apat na sundalo ng 502nd IBde ang bahay ni Ka Reolita Rivera, lider magsasaka, sa bayan ng Angadanan noong Agosto 8. Ayon sa mga ulat, isinailalim si Rivera sa interogasyon ng mga sundalo. Ang lokal na samahan nila Rivera ay katuwang ng Danggayan Cagayan Valley, na panrehiyong samahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Tinanong ng mga sundalo si Rivera kung nasaan ang lider-magsasakang si Cita Managuelod na lider ng Danggayan Cagayan Valley. Ang naturang samahan ay pilit na idinadawit ng mga sundalo ang samahang magsasaka sa Bagong Hukbong Bayan.

Hindi nagpasindak si Rivera sa pananakot ng mga sundalo. Sinagot niya ang mga sundalo at sinabing makatarungan at lehitimo ang ipinaglalaman nila sa tulong ng Danggayan Cagayan Valley. Iginiit din niya na si Managuelod ay kaisa nila sa pagsisikap na maipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa hanggang nabawi nila ang kanilang mga sakahan.

Noong Marso, nagpakalat ang mga sundalo at pulis sa Angadanan ng mga polyeto at sako na istrimer na nagre-redtag o nanggigipit sa mga mga progresibong lider at organisasyon sa pamamagitan ng pagdawit sa mga ito sa rebolusyonaryong armadong kilusan.

Liban pa sa mga sundalo, nanawagan din ang Danggayan Cagayan Valley sa lokal na gubyerno at mga upisyal ng barangay na mandindigan laban sa militarismo at pag-atake sa karapatan ng mga magsasaka.

Kampanya laban sa gutom at sakit sa Negros, inilunsad

Agosto 13, 2023

Nagsama-sama ang mga manggagawang pangkalusugan at iba pang tagapagtaguyod ng mga karapatan pangkalusugan noong Agosto 12 sa Quezon Memorial Circle sa Quezon City para ilunsad ang “Lugawan Para sa Negros.” Sa ilalim ng Justice for Negros: Campaign against Hunger and Disease, inilunsad ito para bigyan-pansin ang malalang kalagayan ng kalusugan ng mga bata sa isla.

Alinsunod sa datos ng estado, isa ang Negros sa may pinakamataas na insidente ng malnutrisyon sa mga bata. Ayon sa Food and Nutrition Research Institute, 40% ng mga batang lima-pababa sa Negros Oriental ay “stunted” o bansot. Ang pagkabansot ay salamin ng matinding malnutrisyon. Mas mataas ito kumpara sa pambansang abereyds na 33.4%.

Noon namang 2019, nagtala ang Negros Occidental ng pinakamataas na bilang ng mga batang namatay dulot ng malnutrisyon sa Western Visayas.

Sa datos ng reaksyunaryong estado, dalawang beses na mas mataas ang tantos ng kahirapan sa Negros na nasa 45%, kumpara sa 21.6% na pambansang abereyds. Dulot itong deka-dekadang kawalan ng lupa ng mga magsasaka, paninikil ng estado at karahasang nagdulot ng walang patid na pamamaslang at iba pang paglabag ng karapatang-tao.

4 na riple, isang pistola, nasamsam ng BHB-Northern Negros

Agosto 14, 2023

Inambus ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Negros ang kontra-insurhensyang yunit ng Philippine National Police (PNP) na nagpapatrolya sa Sityo Calanugan, Barangay Minapasuk, Calatrava, Negros Occidental noong Agosto 9. Nasamsam sa kanila ang apat na ripleng armas, isang .45 kalibreng pistola at mga bala.

Sa ulat ng yunit ng BHB, lulan ng sasakyang pampatrolya ang 10 pulis ng Calatrava Municipal Police Station, kabilang ang deputy police chief nito na si Capt. Jesus Alba. Napatay ang isang pulis at nasugatan ang tatlong iba pa sa ambus.

Tiniyak ng hukbong bayan ang kaligtasan ng mga sibilyang lulan ng isang canter truck at sasakyang pang-reskyu na kasunod ng sasakyang pampatrulya ng pulis. Anila, gumamit sila ng command-detonated explosive (CDX) at inasinta ang pagpapapatok sa direksyon ng mga pulis. Sa

takot, nagsitakbuhan ang mga elemento ng PNP at hindi na nakaganti ng putok.

Ilang oras bago nito, pinatawan ng parusang kamatayan ng BHB-Northern Negros ang dalawang intel at aset paniktik ng mga sundalo sa Sityo Batyogon, Barangay Minapasuk. Tugon ito ng BHB sa matagal nang reklamo ng mamamayan laban sa dalawa na aktibong katuwang ng mga pasistang sundalo sa panggigipit sa mga sibilyan at mga gawaing anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryo.

Kasong pagpatay, dapat isampa sa mga pulis na pumatay sa menor-de edad sa Navotas

Agosto 14, 2023

Dapat usigin at papanagutin ang mga pulis na bumaril at pumatay kay Jerhode “Jemboy” Baltazar, isang 17-angyos na lalaki, at itigil ang kawalang-pakundangang pamamaslang.

Hindi dapat ituring na isang “aksidente” ang kanyang pagkapaslang, at na “normal” ang kamatayan sa mga operasyong pulis, ayon sa National Union of People’s Lawyers-National Capital Region (NUPL-NCR) sa pahayag nito noong Agosto 13.

“Hindi namin tinatanggap na normal ang kamatayan bilang resulta ng isang regular na operasyong pulis,” ayon sa grupo. Dapat itong ituring bilang sadyang kriminal na pagkakasala (intentional criminal felony).

Naglilinis si Baltazar ng kanyang bangka, kasama ng isa pa, sa ilog sa Barangay NBBS Kaunlaran, Navotas City nang dumating ang mga pulis mula sa PNP-Navotas City noong Agosto 2. Sa salaysay ng mga pulis, tumalon si Baltazar sa ilog, bago sila nagpapatok. Pero ayon sa salaysay ng kanyang kapatid, nagpapatok na ang mga pulis, bago nahulog sa ilog si Baltazar. Nang nasa tubig, pinaulanan siya ng bala na sanhi ng kanyang pagkamatay.

Tinamaan siya ng bala sa kanyang kanang kamay, na isang “defensive wound,” ayon kay Dr. Raquel Fortun, ang duktor na nagsagawa ng awtopsiya sa kanyang bangkay. Ang isa pa niyang sugat ay tama ng bala sa likod ng kanyang tainga, na may “exit wound” sa kanyang ilong. Tatlong oras pa ang lumipas bago kunin ng mga pulis ang kanyang bangkay mula sa tubig. Ayon kay Dr. Fortun, may posibilidad na nabuhay pa si Baltazar kung nakuha lamang siya kaagad sa ilog.

Pagdadahilan ng mga pulis, “napagkamalan” nilang suspect sa isang insidente ng pamamaril ang biktima. Iniulat din na walang nakuhang bidyo mula sa mga “body camera” na dala ng mga pulis dahil diumano naubusan ito ng baterya.

Matapos ang pangyayari, inilagay lamang sa “administratibong suspensyon” ang walong pulis na sangkot sa krimen.

Naniniwala ang NUPL-NCR na sadya at binalak ng mga pulis ang pumatay sa naturang operasyon. “Sapat ang mga datos para isakdal sila sa kasong murder, at hindi sa kasong reckless imprudence

resulting in homicide lamang.” Ang kasong reckless imprudence ay karaniwang ikinakaso sa mga aksidenteng nakasagasa sa daan.

Sa mga alituntunin mismo ng PNP, obligado ang mga pulis na gumamit ng hindi nakamamatay na pwersa kung walang “peligrong” inihaharap ang suspek na target ng operasyon. Hindi ito nasusunod, at sa mga kaso sa ilalim ng “gera kontra-droga,” tahasang nilalabag.

“Hinahamon namin ang Navotas police na pangalanan ang mga upisyal ng pulis na kinasuhan at tigilan ang paghaharap, kundiman tahasang pambabara sa pagtatanong ng publiko kaugnay sa insidenteng ito,” pahayag ng grupo.

Samantala, nagpahayag ng pagkabahala ang pamilyang Baltazar nang magtangka ang mga pulis na “kumuha ng bagong pahayag” mula sa kanila ngayong araw, Agosto 14, sa burol ng biktima. Nangangamba silang mabago ang mga pahayag at mapawangsala ang mga salarin. Kasabay nito, “binisita” rin ng mga pulis si Dr. Fortun sa kanyang upisina para “alamin” ang awtopsiya ni Baltazar.

“Oo na, alam niyo kung saan ako hahanapin,” anang duktor sa X (dating Twitter). Pahayag niya, isinapubliko niya ang “bisita” para sa “anumang proteksyon na pwedeng ibigay nito sa akin.” Bago kay Baltazar, nagsagawa rin si Dr. Fortun ng mga awtopsiya sa mga bangkay ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng “gera kontra-droga.”

4 na malalaking unyon, nakawelga sa Los Angeles City sa US

Agosto 15, 2023

Apat na malalaking unyon ang nakawelga sa Los Angeles City, California sa US nitong Agosto.

Pinakahuling nagtirik ng welga noong Agosto 8 ang unyong kumakatawan sa mga kawani ng syudad na kasalukuyang nakikipagnegosasyon para sa bagong CBA (collective bargaining agreement). Kasapi ng unyon na ito ang mga manggagawa sa sanitasyon, traffic enforcer, gardener, mekaniko, lifeguard, inhinyero at iba pang pampublikong manggagawa.

Kabilang sa ipinaglalaman nila ang makataong kundisyon sa paggawa sa harap ng sobra-sobrang trabahong ipinagagawa sa kanila. Tumatanggi ang syudad na mag-employo ng dagdag na mga manggagawa para sa mabibigat na trabaho na kailangan para tiyakin ang maayos na pagpapalakad ng syudad.

Bago sila, nagsimulang magwelga noong Hulyo 2 ang unyonisadong mga manggagawa sa mga hotel sa syudad na nakikipagnegosasyon din para sa panibagong CBA. Ang welga ay binansagang pinakamalaking “multi-hotel” na welga sa kasaysayan ng Los Angeles. Ipinaglalaman nilang dagdagan ang kanilang sahod na anila’y napakababa na hindi nila kayang mangupanan o tumira malapit sa kanilang mga pinagtatrabahuan. Giit nila ang kagyat na pagtaas na \$5 kada oras, at dagdag na \$3 kada oras sa susunod na tatlong

taon. Tinanggihan nila ang alok ng mga hotel na \$2.5 dagdag kada oras sa unang taon, hanggang maabot ang \$6.25 dagdag kada oras matapos ang apat na taon.

Kasabay nilang nakawelga ang mga manunulat at artista ng Hollywood sa ilalim ng Screen Actors Guild-AFTRA at Writers Guild of America. Ikinasa ang mga welga ng nabanggit na mga grupo noong Mayo at Hunyo.

Samantala, iniatras na ng unyon ng mga manggagawa sa United Parcel Service (UPS) ang kanilang balak na magwelga matapos ibigay sa kanila ang hinihingi nilang makabuluhang pagtaas sa kanilang sahod. Ibinalita noong Hulyo 27 na naabot ang isang paunang kaisahan (tentative agreement) sa pagitan ng unyon at maneydsment ng kumpanya para itaas ang sahod ng lahat ng mga manggagawa (part-time at pulytaym).

Makatatanggap sila ng dagdag na \$2.75 kada oras, at hanggang \$7.5 kada oras depende sa haba ng kontrata sa susunod na mga taon. Naigiit nila ang pagtatanggal ng sistemang 2-tier na sahurang, kung saan magkaiba ang natatanggap na sahod ng mga manggagawa kahit pareho ang kanilang mga katungkulan. Naitaas rin ang natatanggap ng mga part-time na manggagawa mula \$16.5 kada oras tungong \$21 kada oras.

Liban dito, naipagtagumpay nila ang mas makatarungang kundisyon sa paggawa, dagdag na holiday pay, at pag-eempleyo ng dagdag na 30,000 regular na manggagawa. Ang kaisahan ay naabot matapos bumoto ang 97% ng 340,000 kasapi na

unyon pabor sa pagwewelga kung hindi maabot ang isang katanggap-tanggap na CBA pagsapit ng Hulyo 31. Isasalang ang paunang kasunduan sa botohan ng mga myembro ng unyon nitong Agosto.

Pagkakaisa ng mga magtutubo sa Batangas, pinagtibay

Agosto 15, 2023

Higit 1,000 magtutubo, kasapi ng demokratikong organisasyon at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka ang nagtipun-tipon sa isang solidarity mission sa Barangay Calantas, Calaca City, Batangas noong Agosto 13. Ang aktibidad ay pagpapamalas ng kanilang pagkakaisa laban sa militarisasyon ng 59th IB sa kanilang mga komunidad at para igiit ang pagbibigay ng sapat na suporta ng guberno para sa mga magtutubo.

Lumahok sa solidarity mission ang mga grupo mula sa National Capital Region at ibang bahagi ng Southern Tagalog. Pinangunahan ito ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas.

Nagbigay ng oryentasyon ang grupong Karapatan para ipabatid sa mga residente ang kanilang mga batayang karapatang sibil at pampulitika. Lumitaw sa mga talakayan ang kinakaharap ng mga residente na problema ng sarbeylans, pagbisita, pananakot at iba pang anyo ng paglabag sa karapatang-tao ng mga sundalo.

Pinangasiwaan naman ng Children's Rehabilitation Center ang isang palaro para sa pakikisalamuha ng mga bata at kanilang kagalingan sa harap ng militarisasyon. Nagbahagi din ng kani-kanyang mga pangkulturang pagtatanghal ang mga grupong nakiisa sa aktibidad.

Liban dito, pinalakas ang pagkakaisa ng mga magtutubo para sa paggigiit ng ₱30,000 ayuda para sa mga magtutubo na apektado ng pagsasara ng Central Azucarera Don Pedro, Inc. o CADPI. Tinalakay ng SUGAR-Batangas at Kaisahan ng mga Manggagawang Bukid sa Tubuhan (Kaisahan)-Batangas ang mga hakbang na kinakailangang gawin para sa pangkabuuang pagsasalba sa kabuhayan ng mga maggagapak at industriya ng asukal sa prubinsya at maging sa buong bansa.

Ayon pa kay Kim Federizo, koordineytor ng SUGAR-Batangas, dapat hindi mag-alinlangan ang mga maggagapak na tumindig para sa kanilang mga karapatan. Hindi rin umano dapat matakot magpalista ng pangalan para sa pamimigay ng ayuda mula sa gobyerno sa harap ng paninindak ng militar.

Samantala, nagpiket noong araw ding iyon ang ilang mga kasapi ng SUGAR-Batangas at iba pang mga grupo sa harap ng CADPI sa Nasugbu, Batangas. Iginiit nila na bilhin ng gubyerno ang ilohan at buksan na ito para mapakinabangan ng mga residente.

Ang CADPI, na pag-aari ng Roxas Holdings Inc., ay isinara noong Disyembre 2022 dahil umano sa pagkasira ng mga kagamitan at pagkalugi sa kakaunting suplay ng mga tubó. Nagdulot ito ng malawakang pagtanggap ng mga manggagawa sa loob at apektado ang mahigit 12,000 na manggagawang-bukid sa tubuhan.

₱493 bilyon, nadagdag sa yaman ng mga bilyunaryong burges at burukratang Pilipino sa gitna ng papatinding kahirapan

Agosto 15, 2023

Lalo pang nagkamal ng yaman ang mga multi-bilyunaryong Pilipino sa gitna ng pagdurusa ng mamamayan at habang bumabagal ang kabuuang ekonomya. Noong Agosto 10, isinapubliko ng magasin na Forbes ang listahan ng mga “dollar billionaire” (bilyunaryo sa halagang dolyar) ng Pilipinas para sa taong 2023. Sa listahang ito, mapapansing lumaki pa nang ₱493 bilyon ang yaman ng 50 pinakamayamang Pilipino tungong ₱4.4 trilyon noong nakaraang taon.

Nangunguna sa listahan ang magkapatid na Sy na may halagang \$14.4 bilyon o ₱806.4 bilyon sa palitang \$1=₱56. Kasunod si Manny Villar na may halagang \$9.7 bilyon (₱543.2 bilyon), Enrique Razon, \$8.1 bilyon (₱453.6 bilyon), Ramon Ang, \$3.4 bilyon (₱190.4 bilyon) at Tony Tan Caktiong at kanyang pamilya, \$3.2 bilyon (₱179.2 bilyon). Ang mga burgesya at burukrata-kapitalistang ito ang may pinakamalalaking kumpanya sa Pilipinas

na nag-eempleyo ng libu-libong manggagawa, karamihan mga kontraktwal.

Tatlo sa kanila ay kumukontrol sa malalaking tradisyunal na partido na pawang “kakampi” ng naghaharing pangkatin ni Ferdinand Marcos Jr. Kontrolado ni Villar at kanyang pamilya ang Nacionalista Party, na may nakaupong apat na senador at 38 kongresista. Pinamumunuan naman ni Razon ang National Unity Party na may 39 kongresista at ang Nationalist People’s Coalition na hawak noon ni Eduardo Cojuangco Jr, ang pumanaw nang amo ni Ramon Ang na may limang senador at 33 kongresista.

Liban dito, nakaupo sa senado ang asawa ni Villar na si Cynthia Villar at hawak ang makapangyarihang komite ng agrikultura at pagkain, gayundin sa komite para sa mga pampublikong korporasyon, pati na ang kanyang anak na si Mark Villar, na dating kalihim sa Department of Public Works and Highways sa panahon ni Duterte. Nakaupo naman bilang kongresista ang isa pa niyang anak na si Camille Villar. Kung paghahambingin, ang yaman ni Manny Villar ay katumabas ng minimum na sahod ng isang manggagawa sa loob ng 2,400,000 taon.

Kung papatawan ng “wealth tax” ang yaman ng bilyunaryong ito nang 1%-3%, mababawasan lamang ng ₱32 bilyon ang kabuuan nilang halaga.

Ang iba pang bilyunaryo sa listahan ng Forbes ay ang: pamilyang Aboitiz, na may \$3.15 bilyon (₱176.4 bilyon); Lance Gokongwei at mga kapatid, \$3 bilyon (₱168 bilyon); Isidro Consunji at mga

kapatid, \$2.9 bilyon (P162.4 bilyon); Jaime Zobel de Ayala at pamilya, \$2.8 bilyon (P156.8 bilyon); Lucio Tan, \$2.6 bilyon (P145.6 bilyon); Lucio at Susan Co, \$2.3 bilyon (P128.8 bilyon); magkapatid na Ty, \$2.2 bilyon (P123.2 bilyon); pamilyang Po, \$1.4 bilyon (P78.4); William Belo, \$1.3 bilyon (P72.8 bilyon); Vivian Que Azcona at magkapatid, \$1.2 bilyon (P67.2 bilyon)

Samantala, naitala sa mga sarbey na tumaas nang 1.5 milyong ang bilang ng pamilyang mahihirap at nasa hangganan gn kahirapan mula Hunyo 2022 at Hunyo 2023. Gayundin, tumaas nang 100,000 ang bilang ng mga pamilyang naubos ang impok o wala nang kakayahang mag-impok, mula pangalawang kwarto noong 2022 hanggang pangalawang kwarto ngayong taon.

Tuluy-tuloy na bumabagal ang paglago ng gross domestic product ng bansa (GDP) sa loob ng tatlong kwarto. Ngayong taon, naitala ang GDP sa 4.3% noong Abril-Hunyo, mas mababa kumpara sa 6.4% noong Enero-Marso. Pinakamaliit ang paglagong ito mula 2011. Bago nito, pababa na rin ang GDP mula sa 7.7% sa pangatlong kwarto ng 2022, tungong 7.1% sa pang-apat na kwarto sa naturang taon.

Hedkwaters ng 2nd IB sa Masbate, pinaalis ng mga residente

Agosto 16, 2023

Pinalayas ng mga residente ng Sityo Bacay, Barangay Bacolod, Milagros sa Masbate ang himpilan ng mga sundalo ng 2nd IB na nakatayo

sa naturang sityo matapos magreklamo ang mga residente laban dito.

Ipinaabot nila ang kanilang disgusto sa pamamagitan ng pagtitipon para ipetisyon ang pagpapalayas sa kampo militar. Anila, wala itong idinulot sa kanila kundi perwisyo sa kanilang hanapbuhay at takot sa presensya ng mga sundalo, laluna sa hanay ng kabataan.

Dulot nito, natulak ang naturang batalyon na lisanin ang lugar at maghanap ng lilipatan. Tinanggihan ng ilang mga barangay ang paglipat ng 2nd IB sa kanilang lugar. Pwersahan nilang itinayo muli ang kanilang kampo sa Barangay Panicijan sa bayan ng Uson.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate, nagsisilbing inspirasyon ang ipinamalas na katapangan at paninindigan ng mga mamamayan ng Barangay Bacolod sa iba pang komunidad upang alisin ang takot at sama-samang harapin ang atakeng militar.

Aniya, pinatunayan ng mamamayan ng Milagros ang lakas at kapangyarihan ng nagkakaisang pagkilos ng masa, lalo kung ito'y organisado sa balangkas ng malawakang anti-pasistang pakikibaka.

Importasyon ng bigas, di magpapababa ng presyo

Agosto 16, 2023

Tulad sa nakaraan, hindi ibababa ng importasyon ang presyo ng bigas sa Pilipinas.

“Sa apat na taon ng Republic Act 11203 o Rice Liberalization Law, bigo itong mapababa ang presyo ng bigas sa ₱25 kada kilo,” ayon sa grupong Bantay Bigas. “Lalong malayo ang ipinangako ni Marcos Jr. na ₱20 kada kilo.” Katunayan, tumaas nang ₱7 kada kilo ang presyo ng bigas mula huling linggo ng Hulyo.

Ayon mismo sa datos ng estado, sa buwan na unang nagkabisa ang RTL (Marso 2019), ang lokal na bigas ay nasa ₱39-40 kada kilo. Pagsapit ng Agosto 2023, nasa ₱40.50-45 kada kilo na ito. Hindi rin natupad ang pangakong “mapapakikinabangan” ng mga magsasaka ang ₱30 bilyong Rice Competitiveness Enhancement Fund na para diumano sa mekanisasyon ng agrikultura. Ayon sa PhilMech, ang tulong na mekanisasyon ay sumaklaw lamang sa 14% sa kabuuang 2.7 milyong ektaryang palayan sa buong bansa.

Samantala, palaki nang palaki ang inaangkat na bigas ng Pilipinas.

“Ngayong buwan, may 300,000-500,000 metriko tonelada (MT) na papasok sa bansa mula sa Vietnam at Thailand. Iba pa ang kabuuang 1.995 milyong MT na pumasok ngayong taon. Noong 2022, umabot sa 3.8 MMT na pumatay sa industriya ng palay at bigas natin,” pahayag ni Cathy Estavillo ng grupong Amihan at Bantay Bigas.

Malinaw na hindi sagot ang importasyon para pababain ang presyo ng bigas sa merkado, aniya. “Binigyan lamang nito ng kapangyarihan ang mga private trader at hoarder na kontrolin at manipulahin ang suplay at presyo ng bigas.”

Samantala, pinabulaanan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang mga balitang pumapalo hanggang ₱34 kada kilo ang bilihan ng palay, at na ito ang magiging dahilan kung bakit nakaambang tumalon tungong ₱60 kada kilo ang presyo ng lokal na bigas.

Ayon sa KMP, nasa ₱20 lamang ang bilihan ng palay sa Bulacan, ₱21-₱22 sa Isabela at ₱20 rin sa Occidental Mindoro. Ni hindi pa panahon ng anihan, kaya wala pang bentahang nagaganap.

Nagbabala ang KMP sa mga konsyumer at sa publiko sa maaring pagmanipula ng mga komersyante ng presyo ng palay para bigyang katwiran ang biglang pagpalo ng presyo ng bigas. Mayorya ng lokal na produksyon ay binibili ng mga komersyante dahil sa baba ng kakayahan ng National Food Authority na bilhin ang ani ng mga magsasaka.

Mga elemento ng CAFGU at vigilante, tinambangan ng BHB-Masbate

Agosto 16, 2023

Nasugatan ang mga elemento ng CAFGU at kasama nilang mga vigilante na ahente ng militar sa ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate sa Barangay Bonifacio, Uson, Masbate

noong Agosto 9. Sakay ang mga ito ng isang pick-up truck nang pasabugan ng mga Pulang mandirigma ang kanilang sinasakyan.

Pinatamaan ng BHB ang kasapi ng ALSA MASA o grupong vigilante na si Democ Movera, na tumatayo ding Kapitan ng Barangay Bonifacio, at sina Romneck Lumabab at Alex Balayan, na pawang mga kasapi ng CAFGU. Taliwas sa pinalalabas ng Armed Forces of the Philippines (AFP), hindi mga sibilyan ang tatlo kundi armadong mga ahente ng estado at lehitimong target ng armadong pag-atake.

Malaki ang naging papel ni Movera sa nagpapatuloy na operasyong militar sa lugar. Sa halip na tulungan ang kanyang mga nasasakupan at ilantad ang ginawang malawakang operasyong militar ay lubusan itong nagpagamit sa kaaway laban sa rebolusyonaryong kilusan at masa. Tumutulong ito upang matuloy ang ekspansyon ng Filminera-Masbate Gold Project sa mga bulubunduking dumudugtong sa mga bayan ng Uson, Mobo at Milagros. Dagdag dito, aktibo siya sa kampanyang pagpapasurender at pagsasapanganib sa mga kakilala niyang kasapi ng mga lokal na samahan ng mga magsasaka.

Sa mga pahayag ni National Security Adviser Sec. Eduardo Año, ipinagpipilitan nito na ang pag-atake ng BHB sa tatlo ay labag sa internasyunal na makataong batas, sa kabila ng kanilang istatus bilang mga armadong vigilante at myembro ng CAFGU na pinopondohan, inaarmasan at sinasanay ng AFP. Nais pagtakpan ni Año ang katotohanang bumubuo ng grupong vigilante ang

AFP sa maraming bahagi ng bansa at ginagamit ang sibilyan sa mga operasyong kombat nito.

Ang pagtatayo ng katulad na mga grupo ay labag sa internasyunal na makataong batas at maging sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), na pinirmahan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi (Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas), Artikulo 3, Numero 8 ng CARHRIHL na nagbabawal sa:

“[P]agmamantine, pagsuporta at pagpapahintulot sa mga grupong paramilitar tulad ng mga armadong grupong relihiyoso-panatiko, mga grupong vigilante, mga pribadong armadong grupo ng mga negosyante, ng mga panginoong maylupa at mga pulitiko, at ng mga pribadong ahensya sa seguridad na ginagamit sa mga gusot sa lupa at paggawa...”

Pandarahas ng mga sundalo sa mga magsasaka sa Masbate, walang awat

Agosto 16, 2023

Magkakasunod na kaso ng karahasan at paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang naitala sa mga bayan ng Mobo at Uson sa Masbate mula Agosto 5 hanggang Agosto 6. Hindi alintana ng AFP na ginugunita ngayong Agosto ang International Humanitarian Law.

Dagdag ang mga kaso ng karahasang ito sa umaabot 100,000 biktima sa hindi bababa sa 954 kaso ng paglabag sa karapatang-tao noong unang taon sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Dinakip ng pinagsanib na pwersa ng 96th IB at 2nd IB noong Agosto 5 ang mga magsasakang sina Nonoy Francisco, Bongbong Francisco at Ome Malaque sa may paanan ng Mt. Bagulayag sa hangganan ng Barangay Bonifacio at Simawa sa bayan ng Uson. Wala pang karagdagang ulat sa kanilang kasalukuyang kalagayan.

Noong Agosto 6, dinampot din at binugbog ng mga sundalo si Dante Dionan sa parehong lugar. Kasabay nito, iligal na hinalughog ang bahay ni Letot Francisco sa Sityo Malapinggan, Barangay Sawmill, Mobo. Ninakaw ng mga sundalo ang selpon ni Francisco.

Kinabukasan, walang habas na pinagbabaril ang hindi pa napangalanang isang sibilyan sa Sityo Irong-irong sa hangganan ng Barangay Mabuhay, Sawmill at Baang sa bayan ng Mobo.

Simula pa Agosto 5, humigit-kumulang 400 pasistang tropa mula sa 96th IB at 2nd IB ang sumalakay sa malaking bahagi ng naturang mga bayan para sindakin ang mga residente. Ang Mobo at Uson ay planong saklawin ng ekspansyon ng mapaminsalang operasyong mina ng Masbate Gold Project ng kumpanyang Filminera.

Noong Hulyo, naitala na ang serye ng pagpatay, kabilang ang bigong pagpaslang sa punong baryo ng Barangay Barag na si Rodolfo Ygot at pagpatay

sa magsasakang si Randy Mahinay sa Barangay San Carlos, Milagros ng mga pwersang militar. Parehong tutol ang dalawang biktima sa ekspansyon ng Filminera.

Naiulat din ang plano ng militar na magtayo ng mga kampo sa mga barangay ng San Jose sa Uson at, Barangay Sawmill at Baang sa Mobo. Lahat ito ay nakapalibot sa mga lugar na sasaklawin ng pagpapalawak ng Filminera.

4 na pistola, nakumpiska ng BHB sa operasyong dis-arma

Agosto 17, 2023

Nakumpiska ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang apat na pistola mula sa ahente ng militar na si Pen-pen Fajardo sa Sityo Mora, Barangay Pinukawan, Vallehermoso, Negros Oriental noong Agosto 13.

Lantaran ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ni Fajardo sa mga sundalo. Kilala siya sa pagiging abusado at panggigipit sa mga residente. May mga kaso siya ng walang patumanggang pamamaril sa komunidad. Itinuturing ng mga resident na mapaminsala at negatibo ang kanyang mga kilos sa komunidad.

Samantala, inilinaw ng BHB-Central Negros na hindi lahat ng mga kasapi ng Guardians, grupong kinabibilangan ni Fajardo, ay target ng armadong aksyon ng hukbong bayan. Anito, ang mga katulad lamang niya na may ugnayan sa militar ang target ng armadong aksyon ng BHB.

Ahenteng militar sa likod ng 8 EJK sa Negros, inambus

Agosto 17, 2023

Nakamtan ng mga kaanak ng walong sibilyan at hors de combat ang paunang hustisya sa pag-ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros sa aktibong ahenteng militar. Inambus ng isang yunit ng BHB si Jomarie Benitez sa Sityo Inarawis, Barangay Quinten Remo, Moises Padilla, Negros Occidental nitong Agosto 5.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, direktang imbwelto si Benitez sa tatlong operasyong militar sa Moises Padilla kung saan walong indibidwal ang sadyang pinaslang, labag sa internasyunal na makataong batas sa pangangalaga ng mga sibilyan at mga wala sa katayuang lumaban. Sa mga ito, nagsilbi siyang pangunahing ahenteng paniktik ng 62nd IB at giya para tuntunin na mga lokasyon ng mga biktima.

Kabilang sa mga kaso ng pamamaslang na kinasangkutan ni Benitez ang sumusunod:

1. Walang pakundangang pagpatay sa magsasakang si Jose "Jojo" Albores Jr sa Sityo Upper Tiyos, Barangay Quintin Remo. Binaril si Albores Jr sa kanyang bahay nang madaling araw noong Abril 18. Nasaksihan ng asawa at maliliit pang anak ang brutal na pagpaslang.
2. Pagmasaker sa mag-asawang Ramirez, isa pang magsasaka at dalawang hors de combat na Pulang mandirigma noong Mayo 20.

Nilusob ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang Ramirez sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla. Pinaulanan nila ito ng bala dahilang para masugatan ang nagpapahingang Pulang mandirigma na si Alvin Bayno o Ka Dagger. Imbes na lapatan ng paunang lunas, tinuluyan siyang patayin.

Pinatay din ng mga berdugo ang sibilyang mag-asawang sina Evelyn Meren at Julieven Ramirez na may-ari ng bahay na tinutuluyan ni Bayno. Nasugatan sa walang-patumanggang pamamaril ang magsasakang si Ruben Obidas na residente ng parehong sityo. Imbes na gamutin, pinatay din siya ng mga sundalo. Sa parehong operasyon, pinatay din nila ang mandirigmang si Julwar “Ka Ryan” Lobiano.

3. Sadyang pagpatay sa sugatang Pulang mandirigma na si Marvic Ebarle (Ka Bryan), at sibilyang si Romy Catasio sa Sityo Balunggay, Barangay Montilla, Moises Padilla, Negros Occidental noong Hulyo 20.

Si Ebarle ay nagpapagaling sa mga sugat na natamo niya sa isang kontra-opensiba noong Hunyo 13. Pansamantala siya noong nakatuloy sa bahay ni Catasio sa Sityo Inarawis, Barangay Quintin Remo.

Matandang magsasaka sa Himamaylan City, inaresto sa gawa-gawang kaso

Agosto 18, 2023

Inaresto noong Agosto 7 ang magsasakang si Romeo Balsimo sa Sityo Cunalom, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental sa paratang na sangkot siya sa isang armadong aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros noong 2020.

Si Balsimo ay mahigit 60 taong gulang na. Kasapi siya ng Farmers' Association of Barangay Carabalan-Cunalom Chapter (FABCA-Cunalom).

Pinalalabas ng mga sundalo ng 94th IB at Regional Mobile Force Battalion (RMFB) -6 na si Balsimo ay kasapi ng milisyang bayan ng BHB sa naturang sityo.

Malaon nang nakararanas ng panggigipit mula sa mga sundalo ang pamilyang Balsimo. Noong huling linggo ng Hulyo, ang anak niyang si Nono Balsimo ay tinortyur ng mga sundalo at pulis. Dumanas siya ng panggugulpi upang paaminin na siya ay kasapi ng BHB.

Pagtitipon ng mga lider-estudyante ng UP sa Mindanao, ginipit ng mga pulis

Agosto 19, 2023

Hinarang ng mga pulis ang mga lider-estudyante mula sa iba't ibang kampus ng University of the Philippines (UP) na delegado sa ika-55 General Assembly of Student Councils (GASC) na ginaganap sa Davao City ngayong taon. Nakatakda silang maglunsad ng kilos protesta sa Freedom Park sa syudad noong Agosto 16 nang harangin at gipitin sila ng mga pulis.

Binantaan din ng mga pulis na hulihin ang walong dyip na inarkila ng mga lider-estudyante dahil sa kawalan umano ng permit ng mga ito at hindi pagsunod sa linya ng pamamasada. Nagtamo ng konting galos ang dalawang delegado na sina Siegfred Severino at Cleisteil Cimafrance matapos igiit ang kanilang karapatan sa malayang paglulunsad ng mapayapang protesta.

Ipinagpatuloy na lamang nila ang kanilang programa sa harap ng kampus ng UP Mindanao upang kundenahin ang harasment. “Kitang-kita natin ang paniniil ng PNP. Hindi bago sa aming mga taga-Cordillera ang mga paniniil ng military. Apat na katao ang inaresto sa amin.” sambit ni Iya Trinidad, Student Regent (SR) nominee mula sa UP Baguio.

Ipinresenta naman ni JPEG Garcia na SR nominee mula sa UP Los Baños ang datos ng kaso ng intimidasyon sa mga estudyante ng UP. “Nakapagtala ang Defend UP Network ng 64 insidente ng pagpasok ng mga tauhan ng pulis at militar sa mga kampus ng UP” aniya.

Nagsagawa ng pagkilos ang mga estudyante ng UP para tutulan ang pagpaprayoridad ng estado sa Mandatory ROTC at ang pagkaltas ng malaking badyet para sa mga pampublikong pamantasan tulad ng UP.

Samantala, nababahala ang mga estudyante sa sarbeylans na isinasagawa ng mga ahente ng estado simula unang araw pa lang ng kanilang asembliya. Kaninang umaga lamang ay may

namataan silang drone sa umaaligid sa kanilang benyu habang nagdaraos ng aktibidad.

Arbitraryong pagpapatanggal ng DepEd sa mga paskil sa klasrum, inalmahan ng mga guro

Agosto 20, 2023

Umalma ang mga guro sa DepEd Order No. 21, Series of 2023, isang arbitraryong kautusang ng Department of Education (DepEd) para basta-bastang alisin ang mga nakapaskil na materyal sa loob ng mga klasrum. Ayon sa mga guro, sila ang gumastos para sa mga ito at ginagamit sa pagkatuto ng mga estudyante, kaya hindi sila papayag na basta-basta lamang itong tatanggalin.

Alinsunod sa utos, dapat “tiyaking malinis at walang mga dekorasyon, tarpaulin o mga posters ang mga silid-aralan upang magkaroon ng pokus ang ating mga mag-aaral sa mga leksyon mula sa ating mga guro.”

Kinastigo ito ni Ruby Bernardo, Presidente ng ACT NCR Union, at sinabing, “kung meron mang dapat na tanggalin hindi yung mga nakasabit sa klasrum namin kundi yung dami ng trabahong ibinibigay sa aming mga guro na walang sapat na kompensasyon.”

Ang atas ng DepEd ay may kaugnayan sa kasalukuyang inilulunsad na Brigada Eskwela bilang paghahanda sa pagbubukas ng klase ngayong katapusan ng Agosto.

“Malinaw sa mga guro na ang mga materyal na ipinapaskil sa aming mga klasrum, laluna sa taong elementarya at primarya, ay makabebenepisyo sa ating mga visual learner,” paliwanag pa ni Bernardo.

Aniya, nakatutulong ito sa mga estudyante para sa mas maayos na kalagayan ng pagkatuto.

Patutsada pa ng ACT NCR Union, ang atas ng departamento ay “simpleng nagpapatunay na ang Kalihim ng DepEd ay hindi maalam sa mga pamamaraan ng pagtuturo.”

Ganito rin ang kalakhang sentimyento ng mga guro sa kanilang mga komento sa social media. Ayon pa sa isang guro, “Tama po at yun ay ginastusan natin galing sa ating sariling bulsa. Napakababaw ng mga batas na naihahain nila kesa pakinggan ang matagal na nating hiling.”

Lumitaw din ang mga komento ng mga guro na dapat nang magtalaga ng isang “edukador para sa sektor ng edukasyon.” Matatandaang inamin ni Sara Duterte mismo sa isang talumpati sa DepEd noong Agosto 10 na hindi siya nagmula sa sektor ng edukasyon at wala siyang background kaugnay ng edukasyon kaya iniaasa niya sa kanyang mga opisyal ang ganitong mga usapin.

Sibilyan at hindi mandirigma ang “pinasuko” sa Negros Oriental

Agosto 20, 2023

Pinasubalian ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)- Southeast Negros ang sinasabing pagsuko ng

isang mandirigma nito sa Negros Oriental Police Provincial Office (NOPPO) kamakailan. Sa pahayag noong Agosto 17, inilinaw ni Ka Estrella Banagbanag, tagapagsalita ng yunit ng BHB, na ang 37-anyos na si Rene Potane Janayan na sinasabing sumuko ay hindi kasapi ng BHB.

Si Janayan, residente ng Sityo Dawis, Barangay Calango, Zamboanguita, ay isang magsasaka sa kanilang komunidad. Palabas lamang ang pagpresentsa sa kanya na may dalang isang kalibre .45 pistola, mga bala at rifle grenade, ayon kay Banagbanag.

“Malinaw na ang pagpapasuko kay Janayan ay bahagi ng umaalingasaw na iskemang pangungurakot ng NTF-Elcac, na kinatatangian ng pagpapares ng kung anong lumang pistola at rifle grenade na hindi naman magagamit,” ayon kay Banagbanag.

Dagdag pa niya, si Janayan ay katulad ng mayorya ng mga Negrosanon na lugmok dahil sa krisis sa ekonomya na lalong umiigting sa panahon ng tiempo muerto. “Sinasantala ng mga ahente ng estado ang bulnerabilidad ng mamamayan... kapalit ng pera o tulong kung sila ay susuko,” dagdag pa ni Banagbanag.

Sa programa ng gubyrerno na E-CLIP o Enhanced Comprehensive Local Integration Program, nangangako ang mga sundalo na magbibigay ng samutsaring tulong sa mga “sumuko” tulad ng kagyat na cash na P15,000 at ayuda sa kabuhayan na P50,000. Dagdag pa ang katumbas na halaga ng armas na “sinuko.”

Pero ang totoo, kadalasang binibigyan lamang ng ilang kilong bigas, mga delata at kakarampot na halaga ang pinalalabas na mga “sumuko.”

Ika-3 anibersaryo ng pagpatay sa tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros, ginunita

Agosto 21, 2023

Nagtipun-tipon ang mga demokratikong organisasyong masa sa Fountain of Justice sa Bacolod City noong Agosto 17 para muling ipanawagan ang hustisya sa ika-3 taong anibersaryo ng pagpatay ng mga pwera ng estado kay Zara Alvarez. Pinaslang si Alvarez noong Agosto 17, 2020 habang pauwi sa kanyang tinutuluyang bahay.

Sa pangunguna ng Human Rights Advocates Negros (HRAN), layon ng pagkilos na ipabatid sa mga Negrosanon ang brutal na pagpatay ng estado kay Alvarez at marami pang iba sa buong isla sa kampanyang kontra-terorismo nito. Kabilang sa mga karumal-dumal na kasong ito ang pagpatay sa pamilyang Fausto sa Himamaylan City noong Hunyo.

Si Alvarez ay binaril at napatay ng mga ahente ng estado sa isang mataong lugar sa Eroreco Subdivision, Barangay Mandalagan, Bacolod City noong Agosto 17, 2020. Aktibo siyang kasapi ng Negros Island Integrated Health Program, isang organisasyong nagbibigay ng serbisyo at pagsasanay medikal sa mga maralitang komunidad sa isla.

Isa siyang kilalang tagapagtanggol ng karapatang-tao hindi lamang sa Negros kundi sa internasyunal na komunidad. Sa loob ng dalawang dekada, pinagsilbihan niya ang mga magsasaka at manggagawang-bukid dito. Naging bahagi siya ng progresibong programa ng simbahang Katolika.

Isa si Alvarez sa tinangka ng rehimen na ipadeklarang terorista bago paslangin. Paulit-ulit siyang iniugnay sa armadong kilusan para bigyan-katwiran ang panggigipit sa kanya. Bago nito, iligal siyang hinuli at ikinulong sa ilalim ng rehimen ni Benigno Aquino III mula 2012 hanggang 2014 sa gawa-gawa kasong pagpaslang at paganakaw.

Ayon sa HRAN, “nananatiling mailap ang hustisya para kay Zara... walang signipikanteng pag-usad ang kanyang kaso na iniimbestigahan ng National Bureau of Investigation (NBI), ng pulis, o maging ng independyenteng pag-iimbestiga ng Commission on Human Rights.”

Sa tala ng HRAN, isa ang kaso ni Alvarez sa tinatayang 110 pagpatay sa isla ng Negros sa ilalim ng dating rehimen Duterte habang 30 na ang sa ilalim ng rehimen Marcos Jr. Kabilang dito ang Jacolbe Massare (Hulyo 2022), at ang Fausto Massacre (Hunyo 2023).

Giit ng mga grupo, umigting ang pag-atake ng mga pwersa ng estado laban sa mga progresibo at aktibista nang ipataw ang de facto na batas militar sa isla sa bisa ng Memorandum Order 32 na inilabas noong November 2018. Isinailalim nito ang buong isla ng Negros sa “state of emergency”

at nagpadala ng karagdagang mga batalyong kombat ang estado sa isla.

Mga mangingisda sa Navotas, nagprotesta kontra reklamasyon sa Manila Bay

Agosto 21, 2023

Nagprotesta sa baybayin sa Navotas City noong Agosto 19 ang mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) at mga grupong nagtatanggol sa kalikasan para ipanawagan ang kagyat na pagpapahinto sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Anang mga grupo, palabas lamang ang sinabi ng rehimeng Marcos Jr na pinahihinto ang 22 reklamasyon sa lugar.

Ayon sa Pamalakaya, mismong Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang umamin sa naging pagdinig sa House of Representatives para sa pambansang badyet na hindi pa naglalabas ng kahit anong upisyal na suspensyon ang gubyrno sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

“Hindi matatahimik ang mga mangingisda hanggang nananatili sa aming baybayin ang mga kagamitang pang-reklamasyon na nagdudulot ng malaking perwisyo sa aming kabuhayan. Ang kailangan namin ay katiyakan na ang mga mapangwasak na proyektong ito ay permanenteng ipatitigil,” ayon kay Ronnel Arambulo, Vice Chairperson ng Pamalakaya.

Kinastigo ng grupo si Marcos Jr sa hindi pagtupad ng kanyang rehimen sa sinabing suspensyon sa mga proyektong ito. Anila, dapat maglabas ng atas ehekutibo ang rehimens ng Marcos Jr para ipatigil na ang mga umiiral na proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Liban dito, muling iginiit ng Pamalakaya ang panawagan sa DENR na bawiin ang environmental permit na ipinagkaloob nito sa 22 mapanirang reklamasyon at proyektong dredging sa Manila Bay.

Iniulat din ng mga mangingisda sa Navotas City na simula nang nag-umpisa ang mga reklamasyon sa kanilang baybayin, bumagsak nang 80% ang kanilang arawang kita mula sa pangingsda. Dagdag pa rito ang ginawang pagpapabaklas sa mga tahungan at baklad ng mga mangingisda simula pa Setyembre noong nakaraang taon.

Sa bahaging Navotas City isinasagawa ang 650-ektaryang Navotas Coastal Bay Reclamation Project. Apektado nito ang 1,000 mangingisda, trabahante sa pangisdaan at nagpapatakbo ng mga istrukturang pangisda sa syudad.

Pamasahe sa eroplano, tataas sa Setyembre

Agosto 21, 2023

Dagdag pabigat sa mga bumabyahe sa loob o palabas ng bansa ang ipapataw na fuel surcharge rate sa darating na Setyembre. Pinahintulutan ng Civil Aeronautics Board (CAB) ng Pilipinas ang

mga airline na taasan ang kanilang sisingilin na fuel surcharge rate sa Setyembre sa harap ng sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng petrolyo sa nagdaang mga buwan.

Tumuntong ang singilin sa Level 6, kategorya ng CAB, kung saan sinisingil ng ₱185 hanggang ₱665 bawat pasahero sa lokal na byahe, habang ₱610.37 hanggang ₱4,538.40 sa internasyunal na byahe. Nakadepende ang sisingilin sa layo ng magiging byahe ng bawat pasahero.

Nasa Level 4 simula pa noong Hunyo ang fuel surcharge rate na pinahihintulutan ng CAB. Sa ilalim nito, naniningil ang mga kumpanya ng ₱117 hanggang ₱342 sa lokal na byahe, at ₱385.70 hanggang ₱2,867.82 para sa internasyunal na byahe.

Ang singiling ito, ayon sa CAB, ay isang “optional fee” na pwedeng ipataw ng mga airline para “bawiin ang gastos sa petrolyo.” Kinakailangan lamang umanong mag-apply ng mga airline para maaprubahan ito.

Mga mag-aaral ng University of San Carlos, nagprotesta sa unang araw ng klase

Agosto 22, 2023

Nagtipun-tipon sa isang kilos-protesta ang mga estudyante ng University of San Carlos (USC) sa harap ng kampus nito sa downtown sa Cebu City noong Agosto 21, unang araw ng klase sa pamantasan. Ipinahayag nila ang pagtutol sa

napipintong 6.9% pagtataas ng matrikula, pagtutol sa mapanupil na dress code, pagtatanggal ng badyet sa pahayagang pangkampus, at karapatan sa awtonomya ng konseho ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng panggigipit at pananakot ng mga pulis, itinuloy ng mga estudyante ang programa. Nakiisa sa pagkilos ang mga lider-estudyante ng Supreme Student Council ng USC, mga mamamahayag pangkampus ng Today's Carolinian, STAND-USC, Anakbayan-USC, Gabriela Youth-USC at iba pang mga grupo.

“Sa pagpasok natin sa bagong taong akademiko, ang pagpuprotesta sa mga isyung patuloy na kinahaharap ng mga Carolinian...ay kinakailangan,” ayon sa Gabriela Youth-USC.

Pagtitipon ng APEC kaugnay ng kababaihan at ekonomya, binulabog ng protesta

Agosto 22, 2023

Binulabog ng protesta ang pagtitipon ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) sa Seattle, US noong Agosto 20, kasabay ng isinagawang porum hinggil sa kalagayan ng kababaihan at ekonomya sa mundo. Sa pangunguna ng protesta ng International Women's Alliance (IWA), naantala ng protesta ang panapos na talumpati sa naturang porum ng APEC.

Ayon sa IWA, sa mga eksklusibong pulong na ito sa pagitan ng mga lider ng estado at

megakorporasyon itinuturing ang kababaihan bilang simpleng mga “untapped resource” (hindi pa nagagamit na rekurso) para bigyang katwiran ang neoliberal na mga kasunduan at programa sa malayang kalakalan. Pinaiigting ng mga patakarang ito ang pagsasamantala at pang-aapi sa kababaihan sa buong mundo.

“Hindi sila nakikinig sa kahingian ng mga kababaihan o dinggin man lamang ang kanilang mga pangangailangan bilang mga manggagawa, migrante, magsasaka at kababaihang apektado ng karahasan, krisis sa klima, at gera,” ayon sa IWA. Kaya naman sila na umano ang nagtungo sa pulong para iparating ang tunay na tindig ng kababaihan.

Tinatayang 50 indibidwal ang sumugod sa mismong pagpupulong at sinundan pa ito ng protesta sa labas ng bulwagan. Nagtagal ang porum na ito ng APEC mula Agosto 15 hanggang Agosto 20.

Samantala, isang hiwalay na protesta ang inilunsad ng Bagong Alyansang Makabayan-Oregon, Bayan-Seattle at Pacific Northwest People Over Profit Coalition noong Agosto 16 kasabay ng inilulunsad na APEC Energy Ministers Meeting sa Seattle, US. Nagladlad din ng mga balatengga ang naturang mga grupo at hinarap ang mga opisyal ng APEC habang sila ay papaalis sa pulong sa Sheraton Hotel sa Seattle.

Kababaihan, nangalampag laban sa nagtataasang presyo ng bilihin

Agosto 23, 2023

Inilunsad ng grupong Gabriela ang “Kalampagang Kababaihan” kahapon, Agosto 22, sa harap ng Philcoa sa Quezon City para iparating ang hirap na dinaranas ng kababaihan sa harap ng pagsirit ng presyo ng langis at ng mga bilihin.

Sa pampitong pagkakataon sa loob ng pitong linggo, itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng mga produktong petrolyo kahapon nang umaga.

“Dahil sa mga pagtaas ng langis, hirap na hirap na ang mamamayan, higit lalo ang kababaihan,” ayon kay Cora Agovida, deputy secretary-general ng grupo.

Panawagan nila sa estado ang pagsuspinde sa mga buwis na nakapataw sa langis tulad ng VAT at excise tax na magpapababa sa presyo ng langis nang hanggang ₱14 kada litro.

Binatikos din ng kababaihan ang pagbigay-prayoridad ng rehimeng Marcos sa mga proyektong hindi tumutugon sa kahirapan at gutom ng mga Pilipino.

“Hindi tayo mapapakain ng ₱10 billion na confidential funds. Hindi tayo mapapakain ng ₱1.4 trillion sa infrastructure. Hindi tayo mapapakain ng ₱1.4 billion sa foreign travels. Mapapakain tayo ng dagdag-sahod at pagpapataas imbes na

pagkaltas sa pondo sa pampublikong serbisyo,” ayon kay Agovida.

Panawagan nito, itaas ang sahod para makasabay sa pataas nang pataas na presyo ng mga bilihin at singil.

Dagdag sa napakababa nang sahod sa pangkalahatan, higit pang pagdurusa ang dinaranas ng kababaihan. Sa kasalukuyan, mas mababa nang 78% ang abereyds na natatanggap ng kababaihan na sahod kumpara sa kalalakihan. Mas malaki rin ang epekto ng krisis sa empleyo sa kababaihan, na nagtala ng mas mataas na tantos ng disempleyo at kulang sa trabaho kumpara sa kalalakihan. Malaking bahagi ng kababaihan ay nasa impormal na sektor, walang regular na kita, at walang katiyakan sa trabaho at anumang benepisyo.

Panggigipit sa mga Pilipinong tagapagtanggol sa karapatang-tao, malawakang kinundena

Agosto 23, 2023

Walong internasyunal na organisasyon sa karapatang-tao at 34 sa rehiyon ng Asia Pacific ang nagpahayag ng suporta sa mga Pilipinong tagapagtanggol sa karapatang-tao laban sa walang tigil na pangigipit laban sa kanila ng reaksyunaryong estado.

Pinirmahan ng Asian Forum for Human Rights and Development (FORUM-ASIA), Amnesty International, the Asia Pacific Forum on Women,

Law and Development (APWLD), Front Line Defenders, the International Federation for Human Rights (FIDH), International Network for Economic, Social and Cultural Rights (ESCR-Net), ang International Service for Human Rights (ISHR), World Organisation Against Torture (OMCT) at iba pa ang isang pahayag kahapon, Agosto 22, na kumukundena sa judicial harassment (panggigipit gamit ang batas) sa Karapatan at mga alyado nitong organisasyon.

“Sumusuporta kami sa universality, indivisibility at interdependence ng karapatang-tao,” ayon sa pahayag. “Mariin naming kinukundena ang panibagong hudisyal na panggigipit sa 10 human rights defender (HRD) na napawalangsala sa kasong perjury noong Enero 9, 2023.”

Ang 10 HRD ay ang mga myembro ng pambansang konseho ng Karapatan an sina Elisa Tita Lubi; Cristina Palabay; Roneo Clamor; Gabriela Krista Dalena; Dr. Edita Burgos; Jose Mari Callueng; Fr. Wilfredo Ruazol; at mga lider ng Gabriela na sina Joan May Salvador at Gertrudes Libang; at ang koordineytor ng Rural Missionaries of the Philippines na si Sr. Elenita Belardo.

Ang gawa-gawang kasong isinampa laban sa kanila ni Gen. Hermogenes Esperon, noo’y National Security Adviser, ay ibinasura ng korte noong Enero 9. Bilang tugon, naghain si Esperon ng petisyon para repasuhin ang desisyon. Nakatakdang dinggin ang petisyon sa darating na Agosto 29.

“Nakaaalarma ang patuloy na paggamit sa Anti-Terrorism Act para supilin at pahirapan ang mga HRD,” ayon sa pahayag. Batid nitong di bababa sa 13 pang aktibista mula sa Southern Tagalog ang nahaharap ngayon sa gawa-gawang mga kaso gamit ang batas na ito. Nakikita ng mga internasyunal na grupo ang paggamit sa ATA para gawing hindi lehitimo ang pagtatanggol sa karapatang-tao.

“Ang gayong agresibong pang-aatake sa mga tagapagtanggol ay hindi lamang lumalabag sa pundamental na mga kalayaan, kundi sumasagka rin sa krusyal na gawain sa pagtatanggol at pagpapalaganap ng karapatang-tao para sa lahat,” anila.

Mga barko at eroplanong pandigma ng US, nakatigil sa karagatan ng Pilipinas

Agosto 24, 2023

Hindi lamang mga barko ng China ang naglipana sa teritoryong dagat ng Pilipinas. Mas malaki pa ang presensya dito ng mga barko at sasakyang pandigma ng US at mga kaalyado nitong bansa.

Kasalukuyang isinasagawa ng Australia, sa direksyon ng US, ang war game na “Exercise Alon” sa Palawan, 200 kilometro mula sa Spratly Group of Islands. Nilalahukan ng dalawang platon ng tropang Australian, 175 tropang Pilipino at 150 sundalong Amerikano. Bahagi ito ng Indo-Pacific Endeavor (IPE) ng Australia, isang serye ng mga pagsasanay militar na nagsisilbi sa estratehiya ng US ng pag-ensirkulo at panunulsol ng gera laban

sa China. Nagsimula ang war game noong Agosto 14 at magtatapos sa katapusan ng buwan.

Sinimulan ang war game ilang araw lamang matapos bombahin ng China ng tubig ang barkong nagdadala ng suplay sa binahurang BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal, bahagi ng Spratlys. Todo ang atensyong ibinuhos ng US at papet nitong rehimen sa panggigipit ng mga barkong Chinese para bigyan-katwiran ang presensya ng mas malalaki nilang barko at eroplano sa lugar.

Di alintana ang panganib na dala nito sa mga mangingisda at mamamayang Pilipino, isinagawa ng US at Australia noong Agosto 21 ang isang “simulated air assault” sa karagatan ng Palawan gamit ang sarili nilang mga helikopter at jetfighter. Kinontrol ang assault o pag-atake sa HMAS Canberra, ang pinakamalaking barkong pandigma ng Australia. Ayon sa AFP, ang war game na ito, na nasa buong kontrol at direksyon ng mga dayuhang hukbo, ay “pagtatanggol” sa soberanya ng bansa.

Kasabay ng Exercise Alon, isinagawa ng US ang Pacific Airlift Rally, isa pang war game, na nilahukan ng 14 na bansa mula Agosto 14 hanggang Agosto 19.

Kahapon naman, Agosto 23, sinimulan ng US ang Pacific Partnership sa La Union sa tabing ng “humanitarian assistance” at “relief operations.” Kalahok ngayong taon sa operasyong militar na ito ang 1,500 tropa mula sa Australia, Canada, Chile, Japan, Republic of Korea, New Zealand, the United Kingdom at US.

Dambuhalang presensya sa karagatan ng Pilipinas

Mula Agosto 7 o mas maaga pa, nasa karagatan na ng Pilipinas ang USS Ronald Reagan, isa sa pinakamalaking aircraft carrier ng militar ng US. Ito ang pangunahing forward deployed nitong barkong pandigma. Galing ito sa karagatan ng Australia, kung saan inilunsad ang Talisman Sabre 2023 na nilahukan naman ng 13,0000 tropa mula sa 33 bansa. Ang war game na ito ay bahagi rin ng IPE ng Australia. Kasabay na pumalaot papuntang Pilipinas at dumaan sa mga pinag-aagawang mga isla sa South China Sea ang mga barkong pandigma ng Japan at South Korea.

Hindi totoo ang sinasabi ng US na lahat ng operasyon ng militar nito ay may koordinasyon sa gubyerno ng Pilipinas. Nito lamang mula Agosto 7, unilateral na nagpapalipad ng mga helikopter at jetfighter ang US tungong South China Sea. Nagsagawa ito ng mga carrier-based (mula sa barko) na mga air strike at strike force escort mission nang walang katuwang na mga pwersang Pilipino.

Kasabay ng patung-patong na mga war game na inilulunsad mula sa mga “EDCA site,” nagsasagawa ang mga tropa ng US ng unilateral na mga paghahanda para sa gera sa loob ng teritoryo ng bansa na labas sa awtoridad ng estado ng bansa. Noong Agosto 16, pinalipad nito ang Airborne Early Warning Squadron sa “Philippine Sea” bilang bahagi ng Large Scale Exercise 2023. Kinasangkutan ito ng anim na maritime command at pitong plotang nabal, lahat ng US, na nakakalat sa buong mundo.

Hanggang Agosto 22, nagpapalipad pa ito ng mga jetfighter para ipatrol ang South China Sea, katulad nang ginagawa ng China sa karagatan. Kabilang sa mga nag-oopereyt dito ang Strike Fighter Squadron na nagsasagawa ng mga operasyong paniktik. Noong araw ding iyon, kasabay ng operasyon ng Philippine Coast Guard na nagdala ng suplay sa Ayungin, nagpalipad ng Poseidon, isang eroplanong pangsarbeylans at pampatrulya sa dagat.

Mga manggagawang tinanggal, nagpiket sa Mandaue City

Agosto 24, 2023

Nagpiket sa upisina ng Cebu Easy General Services Corporation, isang man-power agency, sa Barangay Subangdaku, Mandaue City ang mga manggagawa noong Agosto 22 para igiit ang kanilang karapatan sa trabaho.

Tinanggal ang mga manggagawang kinokontrata ng Liwayway Marketing Corporation (LMC), nagmamanupaktura ng OISHI Snack Products, sa pagdadahilang ililipat ang operasyon nito sa bagong planta sa Barangay Catarman, Liloan sa Cebu mula sa Barangay Maguikay, Mandaue City. Liban dito, sinasabi din ng kumpanya na mayroong “redundancy” o nauulit na trabaho kaya sila nagtanggap ng mga manggagawa.

Sa pangunguna ng Liwayway Workers’ Union-ANGLO-KMU, iginiit ng 30 manggagawang tinanggal na ibalik sila sa trabaho at kilalanin ang kanilang mga karapatan sa paggawa. Kinwestyon

ng unyon ang mga batayan ng ahensya sa pagtutukoy ng mga manggagawang tatanggalin sa trabaho, na anito'y lantarang pagbuwag sa kanilang unyon.

Binatikos din ng presidente ng unyon na si Elven Cambaya ang pagkuha ng mga bagong manggagawa ng kumpanya para ipalit sa kanila. Aniya, mas mahaba na ang karanasan nila sa planta at alam nila ang kaukulang trabaho dito pero sinisante pa rin sila.

Giit ng mga manggagawa na tiyakin ng ahensya ang makatarungang kumpensasyon sa mga manggagawang tinanggal, katiyakan sa trabaho at makataong kaayusan sa paggawa para sa mga ililipat sa bagong planta.

Pagdukot at pagpatay sa 2 mandirigmang hors de combat sa Iloilo, kinundena

Agosto 25, 2023

Kinundena ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)- Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command) ang pagdukot at sadyang pagpatay ng mga pwera ng estado sa dalawang mandirigmang wala sa katayuang lumaban noong Hulyo 29. Sa naunang pahayag ng 61st IB, pinalalabas nito na napatay sina Jenny Fariolan (Ka Hope) at John Eric Talibo (Ka Blue) sa isang sagupaan sa Barangay Tagsing, Leon, Iloilo.

Si Fariolan ay 33-anyos na residente ng Barangay Cabalaunan, Miagao habang si Talibo ay 26-anyos na residente ng Barangay Indaluyon, Igaras.

“Walang engkwentrang nagyari. Hindi sila armado nang hinuli at sinalbeyds,” pahayag ni Ka Ariston Remus, tagapagsalita ng BHB-Southern Panay. Kasinungalingan at drama ang ipinalabas na engkwentro at pawang mga itinanim ang ebidensya at mga damit na ipinasuot sa mga biktima, aniya.

Maging ang ama ni Talibo ay hindi naniniwalang nagkaroon ng engkwentro at doon napaslang ang kanyang anak. Sa isang panayam ng lokal na midya kay Barangay Kapitan Susanito Talibo ng Barangay Indaluyon, Igaras, sinabi niyang malinis ang damit ng kanyang anak at walang kahit anong indikasyon na nagkaroon ng palitan ng putok. Dagdag pa ng kapitan, hindi malayong pinatay ang dalawa bago dinala sa lugar para ibalandra ang katawan sa putikan at palabasin na nagkaroon ng engkwentro.

Sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin ng digma, ang mga taong wala sa katayuang lumaban (hors de combat) ay dapat pangalagaan at kilalanin ang mga karapatan. Sila ay may “karapatan sa paggalang sa kanilang buhay, dignidad, mga karapatang pantao, mga paniniwalang pampulitika,...at pangangalagaan sa lahat ng sirkunstansya at makataong itatrato nang walang pagtatangi...”

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang aksyong

magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Mga bayani ng sambayanan

Pinarangalan naman ng BHB-Southern Panay ang dalawang Pulang mandirigma. “Binibigyan namin ng pinakamataas na pagpupugay sina Ka Hope at Ka Blue,” ayon sa pahayag. “Ang kamatayan nila ay ibayong magpapalagablab sa rebolusyonaryong katapangan at pag-aklas ng masang anakpawis.

Tatlong babae, minasaker ng AFP sa Masbate

Agosto 25, 2023

Sadyang pinatay ng mga sundalo ng 96th IB at mga pulis ng Masbate ang tatlong sibilyang babae sa Barangay Jagnaan sa San Jacinto, isla ng Ticao, Masbate noong Agosto 19. Pinalalabas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na napatay ang tatlo sa isang armadong sagupaan sa pagitan ng 96th IB at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate.

Minasaker ng mga sundalo sina Jelyn Guis Dejomo, 56 anyos, Sheryl Salazar Dejomo, 29 anyos, at Divina Lubiano Ajitan, 60 anyos. Ayon sa pahayag ng Karapatan-Masbate, ang katayuan at mga karapatan ng tatlo bilang mga sibilyan ay

hindi ginalang ng berdugong militar. Pinaslang sila matapos ang isang armadong sagupaan ng BHB at militar sa parehong lugar, kung saan namartir si Eddie Rosero (Ka Star/Art/Piccolo), kumander ng BHB sa isla.

Ayon sa lokal na yunit ng hukbong bayan, malaon nang tinutugis ng militar at pulis ang tatlong biktima na inaakusahan nilang may koneksyon sa rebolusyonaryong kilusan. Dati nang nakararanas ng panggigipit ang tatlo at ang isa sa mga biktima ay dating dinakip ng pulis sa gawa-gawang kaso.

Kinundena ng Karapatan-Masbate ang karumaldumal na krimen sa digma at lubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas ng mga pwera ng estado. Anang grupo sa isang pahayag, dapat “batikusin at panagutin ang AFP-PNP at ang buong rehimeng US-Marcos-Duterte sa brutal na pagmasaker.”

Sa ulat ng Karapatan-Masbate, tinambakan ng mga tropang militar ang isla ng Ticao at kasalukuyang naglulunsad ng mapaminsalang operasyong kombat na nagdudulot ng takot at perwisyo sa kabuhayan ng mga residente sa lugar.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito “...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar.”

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Partikular na tinukoy naman ng Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na isang krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang nakikidigma sa takbo ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Tsuper sa Batangas, dinukot ng mga pulis

Agosto 25, 2023

Dinukot ng mga ahente ng Philippine National Police (PNP)-Batangas ang tsuper na si Jose Escobio noong Agosto 24 sa hindi malinaw na mga dahilan, ayon sa ulat ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan. Si Escobio ay isang tsuper na namamasada ng multicab sa Lipa City, Batangas at inaarkila para sa mga byahe.

Ayon sa kanyang asawa, mayroong ihahatid si Escobio mula sa bayan ng San Juan tungong Lipa City sa naturang araw ngunit bigla na lamang siyang hindi makontak bandang alas-5 ng umaga.

Kaugnay nito, napag-alaman ng Tanggol Batangan sa imbestigasyon nito sa mga saksi na nagkaroon ng komosyon sa haywey sa Barangay Puting Buhangin, San Juan kung saan may tatlong lalaking dinampot ng mga pulis.

Matapos ang insidente, kaagad na nagpunta ang pamilya ni Escobio sa munisipyo ng San Juan para alamin ang kinaroroonan ng kanilang ama. Kinumpirma din ng mga pulis na nasa Camp Miguel Malvar, Batangas City si Escobio at ihaharap sa kanyang pamilya matapos ang “interogasyon at kaukulang pagpoproseso sa mga papeles.”

Dagdag na rekisito para makabyahe, pahirap at labag sa karapatan ng mga migrante

Agosto 26, 2023

Kinundena ng grupong Migrante International ang dagdag na mga rekisito sa pagbyahe na ipinataw ng Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) noong nakaraang linggo. Alinsunod sa bagong patakaran nito, kailangang magpakita ng dagdag na mga dokumento ang mga migrante, tulad ng patunay ng may pampinansya silang kapasidad o “show money” bago sila payagang sumakay sa eroplano. Nakatakdang ipatupad ang patakaran sa Setyembre 3.

Inilulusot ng IACAT ang mapaniil na rekisito sa kunwa’y “paglaban sa human trafficking.” Pero ang pagdagdag ng mga rekisitong dokumento at ang dagdag na awtoridad ng mga upisyal sa

imigrasyon para arbitraryong kilatisin ang mga ito, ay labag sa karapatan sa pagbyahe, ayon sa grupo.

Labag din ito sa karapatan sa pribasiya, ayon naman sa ilang kongresista. Nagbibigay puwang ito para sa dagdag na panghuhuthot ng korap na mga upisyal sa imigrasyon.

“Hindi ito ang paraan, kung gusto ng gubyerno na resolbahin ang human trafficking,” ayon kay Kabataan Rep. Raoul Dannel Manuel.

Rekomendasyon niya, gamitin ang mga confidential at intelligence funds para manmanan ang mga posibleng sangkot sa human trafficking, at hindi ang mga ordinaryong Pilipino na gustong bumyahe o magtrabaho sa ibang bansa.

Dagdag itong pasanin ng mga migrante, na karamihan ay lubog na sa utang bago pa sila makalabas ng bansa, ayon pa sa Migrante.

“Malaon nang itinatrato ng gubyernong Pilipino, kabilang ang rehimeng Marcos, ang mga migrante bilang palabigasan. Dapat ibasura ang bagong patakaran na ito.”

Duda naman ang grupong Karapatan na masasawata o mababawasan man lamang ang mga kaso ng human trafficking sa bagong patakaran ng IACAT.

“Ipinapasa ng patakarang ito ang paglaban sa human trafficking sa indibidwal na Pilipino, laluna sa mga OCW, hindi sa gubyerno o sa mga human trafficker at kanilang mga sindikato,” ayon sa Karapatan. Inihalimbawa nito ang kabiguan ng

estado na imbestigahan at isakdal si Pastor Quiboloy na wanted sa US para sa sex trafficking.

#arresthumantraffickers #notostateexactions
#TrabahoSaPinasHindisaLabas
#notolaborexportprogram

Ika-2 serye ng ayuda sa magtutubo sa Batangas, ipinamahagi

Agosto 26, 2023

Nakatanggap ng tulong pampinansya ang mga magtutubo sa Batangas sa ikalawang beses ng pamamahagi ng ayuda sa mga nawalan ng hanapbuhay dahil sa pagsasara ng pangunahing asukarera sa prubinsya. Isinagawa ang pamamahagi noong Agosto 24 sa tatlong bayan sa Batangas. Matagal na ito nilang iginiit.

Ang mga nakatanggap ay pinroseso ng samahan ng mga magtutubo na Sugarfolk's Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Ang relatibong mabilis na paglalabas ng pondo ay dulot ng pagtulak ng Gabriela Women's Party na nakipagtulungan sa DSWD at kay House Speaker Martin Romualdez. Unang namahagi ng suportang pampinansya sa ibang magtutubo ang DSWD noong Mayo 2023.

Tinatayang 12,000 manggagawang bukid at mahigit 7,000 maliliit na plantador ang nawalan ng kabuhayan dahil sa hindi makatarungang pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc. (CADPI) noong Disyembre 2022. Lubhang

naapektuhan nito ang mga plantador sa Batangas dahil 4,500 metriko toneladang asukal lamang kada araw ang kayang gilingin ng nalalabing sugar mill sa prubinsya kumpara sa kapasidad ng CADPI na 12,000 metriko tonelada kada araw. Sa taya noong 2020, sa CADPI ipinapasok ang inaaning tubo mula sa 10,980 ektarya sa prubinsya.

Sa pahayag ng SUGAR-Batangas, sinabi nitong napakaraming pinagdaanan ang mga kapwa nila magtutubo para lamang isalba ang kanilang kabuhayan at itulak ang muling pagpapalakas ng industriya ng asukal sa prubinsya. Sinalubong ang mga pagsisikap na ito ng panggigipit at intimidasyon ng pulis at militar.

“Walang humpay na panggugulo, pangingidnap, pananakot, at pagbabanta...ang ginagawa ng 59th IB sa mga komunidad, boluntir, kasapian ng SUGAR at KAISAHAN,” ayon sa grupo.

Sa harap ng mga ito, hindi sila natakot at tumigil sa paglaban dahil karapatan ang lumahok sa mga kilos-protesta para manawagan ng disenteng trabaho.

“Ito’y pangalawang bugso pa lang ng pamamahagi ng ayuda para sa mga apektado. Hindi lamang sa ayuda natatapos ang ating laban hangga’t nanatili pa rin ang krisis sa industriya ng asukal. Patuloy pa rin tayo manawagan na buksan ang CADPI at pagyamanin ang lokal na produksyon ng asukal at tubó,” dagdag pa ng grupo.

Samantala, binatikos ng mga magtutubo ang pahayag na inilabas ng 59th IB na umano'y nakikiisa at bumabati sa tagumpay ng mga magtutubong tumanggap ng suportang pampinansya. "Pilit na nakikisawsaw sa tamis ng tagumpay ng SUGAR at ng ating mga magtutubó na nalaban para sa ating kabuhayan ang 59th IB," ayon sa grupo.

Pinalalabas ng 59th IB na kaisa sila sa pagbibigay ng tulong sa mga magtutubo ngunit lubha itong pinasinunganlingan ng SUGAR. Anila, para sa mga magtutubo ang 59th IB ay "mapanlinlang, mandurukot, red-tagger, at mamamatay-tao."

Ang mga sundalo ng 59th IB ang nanguna sa pananakot sa mga residente ilang buwan ang nakararaan na huwag lumahok sa mga aktibidad ng SUGAR. Sila rin ang sangkot sa pagdukot sa Balayan 3 kung saan kabilang ang dalawang boluntir ng SUGAR at iba pang kaso ng pananakot at panggigipit sa mga lider ng grupo.

Mga tauhan din ng 59th IB ang tinuturong nasa likod ng pagpatay sa 9-taong batang si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas noong Hulyo 18, 2022.

Pagtapon sa dagat ng kontaminadong basura ng Japan, malawakang pinrotesta

Agosto 26, 2023

Nagtungo ang mga mangingisda at tagapagtanggol ng kalikasan ngayong araw sa Japanese Embassy sa Maynila para batikusin ang

gubyrno ng Japan sa pagtatapon sa Pacific Ocean ng mahigit isang milyong toneladang kontaminadong tubig na ginamit sa pagpapalamig ng plantang nukleyar sa Fukushima. Lumahok sa protesta ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), Earth Island Institute (EII) at Youth Advocates for Climate Action Philippines (YACAP).

Ang Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant ay nawasak noong 2011 matapos ng dambuhalang tsunami na nagpalubog sa malaking bahagi ng syudad.

Sa nagkakaisang pahayag ng tatlong grupo, sinabi nitong “hindi katanggap-tanggap” na basta-basta na lamang nagtatapon ng basurang nukleyar at kemikla ang Japan sa karagatan nang walang pahintulot mula sa mga bansang maapektuhan at kalapit nito.

“Pinapaalalahanan namin ang gubyrno ng Japan na kahit pa pumayag ang gubyrno ng Pilipinas sa pagtatapon ng treated radioactive waste...ay hindi nangangahulugang kumakatawan ito sa kolektibong interes ng mamamayang Pilipino,” pahayag ng Pamalakaya.

Anila, ang mga mangingisda at nagtatanggol sa kalikasan ay lubhang tutol sa hakbang na ito dahil, kahit pa ligtas ito at laluna kung hindi, ay insulto ito sa pambansang patrimonya at soberanya ng kahit anong nagsasariling bansa. “Hindi natin pwedeng pahintulutan ang ibang mga bansa na ituring ang ating mga katubigan at mayabong na

marine biodiversity bilang tapunan ng dumi,”
dagdag pa ng grupo.

Nakiisa din ang Pamalakaya sa mga mangingisda ng Japan na direktang maapektuhan ng hindi pinag-isipang plano ng guberno nito. Hinikayat din ng mga grupo ang internasyunal na mga organisasyon na magtipun-tipon at ipahayag ang pagtutol dito para ipresyur ang Japan na isuspende ang pagtatapon ng maruming tubig at maghanap ng ibang alternatibong paraan.

Nauna nang nagpahayag ng pagtutol ang China at Russia sa pagtatapon ng Japan ng kontaminadong tubig sa dagat. Kontra din ang apektadong mga mangingisda sa South Korea.

SIM Registration Law, palpak sa pagpapigil ng mga text scam at ibang cybercrime

Agosto 26, 2023

Halos isang buwan na matapos ang dedlayn ng pwersahang pagpaparehistro ng mga SIM Card pero kabi-kabila pa rin ang mga kaso ng text scam sa Pilipinas. Noong nakaraang linggo, natuklasan ng mga pulis ang 24,000 SIM na pre-registered sa isang upisina ng Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) sa Pasay City. Napag-alamang ginamit ang mga ito sa mga love scam, ilegal na pagsusugal at scam sa cryptocurrency.

“(D)i talaga mawawala ang scams kahit may SIM registration,” pahayag ng Junk SIM Registration Network, isang alyansa ng mga grupong

tagapagtanggol sa karapatang-tao, espesyalista sa IT, digital activist at mamamahayag. “Imbes na pigilan ng batas ang mga scam, lalo lamang itong dumami sa pamamagitan ng mga “pre-registered” na mga SIM Card, paglipat ng mga scammer ng base ng operasyon sa ibang bansa, paggamit ng mga “chat app” tulad ng Whatsapp, Viber at Telegram.”

Kamakailan, 80,000 rehistradong SIM Card ang nasamsam rin sa isang pang upisina ng POGO sa Las Pinas. Pinaghinalaang ginamit ang mga SIM na ito sa human trafficking at cryptocurrency scam. Nairehistro ang mga SIM Card gamit ang mga pekeng pangalan, ninakaw at ibinentang mga identidad. Patunay ito ng kapalpakan ng batas sa pagsawata ng mga scam sa kabila ng pwersahang pangungulekta nito ng samutsaring datos mula sa mamamayan tulad ng pangalan, tirahan at iba pang pribadong impormasyon.

Noong Hulyo, ibinalita ng pulis na nagkaroon ng 4,104 kaso ng mga krimeng isinagawa gamit ang SIM Card mula Enero hanggang Hunyo, mas mataas nang 190.03% kumpara sa parehong panahon noong nakaraang taon.

Planong pagtayo ng marine hatchery sa Sorsogon, pantabing sa pangangamkam ng lupa

Agosto 27, 2023

Dagdag na pahirap ang panukala ni Rep. Dette Escudero ng Sorsogon na magtayo ng multi-species marine hatchery sa bayan ng Gubat dahil

pantabing ito sa malawakang pangangamkam ng lupa sa lugar. Papatong ito sa perwisyo sa kabuhayan ng mga mag-aalimango sa bayan na ibinunsod ng pagtatayo ng coastal road at pagbabawal sa kanilang manghuli ng crablet alinsunod sa Fisheries Administrative Order No. 264-2020.

Laman ang pakanang ito ng inihaing House Bill 3274 ni Escudero noong Agosto 8. Layunin diumano ng panukalang marine hatchery na mapalakas ang mga mangingisda. Bagamat nitong Agosto lamang inihain ang panukala, noon pang Enero nagmungkahi ang meyor ng Gubat na si Ronnel Lim na maglaan si Vice Mayor Valentin Pura ng isang ektaryang lupa sa Barangay Cogon. Ang barangay Cogon ay kabilang sa 13 barangay na apektado ng coastal road project.

Ayon kay Ernie Galalrdo ng Cota na Daco King Crab Workers Association (COTAW), “Sa halip na tulungan nila kami... pumapabor pa sila doon sa mga nagpaplanong gumawa ng hatchery. Matataas na tao [ang] nagpaplano [nito].”

Tutol ang mga mag-aalimango sa pakana. “Ayaw namin ng hatchery dahil marami tayong supply doon sa wild. Ang ibig [lamang] nilang sabihin [ay] gagawa sila ng hatchery... para yung negosyo ng alimango (ay) monopolyohin nila—sila na ang magnenegosyo at ang mga (gatherer ay) patuloy na pagbabawalan.”

Kinundena naman ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Sorsogon ang lantarang paggamit ng ng mga upisyal ng gubyerno para

ihapag ang anti-mamamayan na mga resolusyon at batas na nagsisilbi sa kanilang personal na mga interes. Malinaw na ang HB 3274 at ang resolusyon ng sangguniang bayan ay pantabing sa kanilang planong pagpapatuloy sa coastal road project at pagpapalayas sa mga residente.

Bagamat importante ang pagpapaunlad at magmodernisa ng teknolohiya sa aquaculture, hindi nito dapat isaisantabi ang natural na proseso ng pag-aalimango na ilang dekada nang hinasa ng mga mangingisda.

Dagdag ng PKM-Sorsogon “ang laban ng mga mag-aalimango at kanilang mga pamilya ay isa lamang sa mga insidente ng pangangamkam ng lupa at kumbersyon ng mga lupaing agrikultural sa Sorsogon, kapalit ng mga proyektong ekoturismo na tiyak na pagkakakitaan din ng iilang negosyante, panginoong maylupa at mga pulitiko.”

Anito: “Dapat magkaisa ang mga Sorsoganon na labanan ang mga ganitong hakbangin at proyekto na tiyak na papatay sa kanilang kabuhayan at paghandaan ang mga paglabag sa karapatang-tao gamit ang mga armadong ahente ng estado tulad ng kapulisan at militar upang isulong ang mga interes ng naghaharing-uri. Tanging sa pagkakaisa at sa sama-samang paglaban lamang makakamit ang karapatan at hustisyang panlipunan na dapat na natatamasa ng bawat mamamayan.”

₱125 milyong confidential funds na ginastos ni Duterte noong 2022, pinakikilatis

Agosto 28, 2023

Pinakikilatis ni House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Rep. France Castro ang ginastos ni Sara Duterte na ₱125 milyon bilang confidential funds noong 2022. Aniya, wala ito sa badyet na ibinigay sa bise presidente noong nakaraang taon.

“Sa General Appropriations Act (GAA) FY 2022, walang nakalagay na ₱125 milyon confidential funds para sa opisina ng bise presidente (OVP),” pahayag ni Castro. “Pero base sa taunang awdit ng COA (Commission on Audit)..., gumastos ang OVP ng ₱125 milyong confidential funds.”

“Saan ito nanggaling at saan napunta?” tanong ni Castro sa kinatawan ng OVP sa pagdingig ng badyet nito para sa taong 2024. Sa ipinapanukalang badyet, humihingi si Duterte ng ₱500 milyong confidential funds. Binubuo nito ang 1/5 ng buong badyet ng kanyang opisina. Hiwalay pa ang hinihingi niyang ₱250 milyon na confidential funds bilang kalihim ng Department of Education.

“Pagpasok na pagpasok pa lang ni Ms. Sara Duterte sa vice presidency, binahiran na niya kaagad ang opisina ng kaniyang pagkahilig sa di na-o-audit na pondo,” puna naman ni Kabataan Rep. Raoul Manuel. Tinawag niyang “uhaw na uhaw” si Duterte sa pondong maituturing na “vice presidential pork barrel.”

Bago nito, pinansin na ng COA ang paggastos ni Duterte ng P668,000 para bumili ng mga gamit sa itinayo niyang upisina bilang OVP. Palusot ni Duterte, “inutang” niya ang pondo sa mga opisyal ng kanyang opisina at binayaran na lamang nang dumating ang pondo. Ilan sa mga opisinang ito ay nagsilbing hedkwarters ng kanyang pagtakbong kandidato noong 2022.

Hindi na bago ang mga anomalya sa paghawak ni Duterte ng pampublikong pondo. Bago siya naging presidente, marami nang “red flag” (mga paggastos na may palatandaan ng anomalya o korapsyon) ang napansin ang COA. Sa partikular, sa pag-awdit ng COA kay Duterte noong meyor ba siya ng Davao City, tinukoy na may mga anomalya sa paghawak ng mga donasyong natanggap niya bilang ayuda sa mga apektado ng pandemyang Covid-19. Ilan sa mga ito ang:

- 1) pagtanggap ng ₱188.814 milyon sa imbentaryo nito.
- 2) di pag-ulat ng mga donasyong sasakyan at iba pang ayuda tulad ng 10 van mula sa Chinese embassy at isang ambulansya at mga suplay medikal
- 3) walang dokumentasyon sa mga ayudang nakalaan para sa mga health workers
- 4) sa unang taon ng pandemya, walang dokumentasyon ng mga imbentaryo ng iba’t ibang aytem na binili ng kanyang opisina na nagkakahalaga ng mahigit P97 milyon. Wala rin itong mga naipakitang dokumento kaugnay

sa pagbili ng relief aid para sa pandemya na nagkakahalaga ng P119 milyon

Anang mga kongresista ng Makabayan, ang iligal na paggamit ni Duterte ng pondo ng bayan ay maaaring magsilbing batayan ng kasong impeachment laban sa kanya.

41% ng mga estudyante sa kolehiyo, tumigil sa pag-aaral sa panahon ng pandemya

Agosto 29, 2023

Halos kalahati, o 41.6% ng mga estudyante sa kolehiyo ang tumigil sa kanilang pag-aaral noong panahon ng pandemya. Alinsunod ito sa datos na ipinrisinta ng Commission on Higher Education sa pagdinig ng Kongreso ng badyet ng ahensya noong Agosto 23.

Ibinase ng ahensya ang taya na ito sa bilang ng mga estudyanteng nagtapos ngayong taon kumpara sa bilang ng mga estudyanteng nag-enrol noong 2020-2021. Ang bilang ng hindi nakapagtapos ay mahigit doble kumpara sa nakaraang mga taon. Noong 2020 halimbawa, nasa 17.56% ang “attrition rate” o bilang ng mga estudyante na pansamantalang nagpaliban o tuluyan nang tumigil ng pag-eskwela.

Mananatiling mataas ang attrition rate sa susunod na dalawang taon, alinsunod sa taya ng CHED. Sa 2024, tinatayang nasa 36.83% at 27.2% ang attrition rate dahil sa kahirapan ng mga estudyanteng manatili sa eskwelahan sa gitna ng

pandemya. Ang mga magtatapos sa mga taong ito ay yaong mga estudyanteng pumasok sa kanilang unang taon sa kolehiyo (o first year college student) sa panahon ng pandemya.

Mas maraming estudyante sa mga pribadong unibersidad at kolehiyo ang nag-drop out kumpara sa mga estudyanteng nasa mga pampublikong unibersidad.

Isa sa mayor na dahilan ng pagtigil ang matagal at mahigpit na lockdown na ipinatupad ng noo'y rehimeng Duterte. Sadyang pinahirapan nito ang mga estudyante at kanilang mga magulang sa usapin ng gastos, panahon at sa kapinsalaan ng kanilang mental na kalusugan. Isa ang Pilipinas sa pinakahuli sa buong mundo sa pagbabalik ng face-to-face na klase.

Diokno, pinangaralan ng kabataan

Agosto 29, 2023

Sinagot kamakailan ni Kabataan Rep. Raoul Manuel ang pahayag ni Benjamin Diokno, kalihim ng Department of Finance, na “di sustainable” at “kontra-mahirap” ang libreng tuition fee sa kolehiyo. Ang Kabataan Partylist ang awtor ng batas na nagtulak para sa libreng matrikula sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo.

Sa pagkwestyon ni Diokno sa batas na ito at ang karugtong na pagkaltas ng ₱6.16 bilyon sa badyet ng mga pampublikong unibersidad, makikita na hindi prayoridad ng gubyrno ang pag-aaral ng kabataang Pilipino, ayon kay Manuel.

“Kung tunay ngang binibigyang-halaga ng administrasyon ni Marcos Jr. ang sektor ng edukasyon, hindi nila talaga dapat titipirin ang pondo para rito,” remarks Manuel.

“Ang edukasyon ay karapatan at hindi ito kailanman naging ‘investment’ lamang o pribilehiyo na binibigay lang sa mga karapat-dapat,” bwelta ni Manuel kay Diokno. “Kung gusto natin na mabigyan ng pagkakataon ang mas marami pang kabataan na makapag-aral sa ating SUCs (state universities and colleges), marami tayong posibleng sustainable na pagkukuhanan ng pondo para rito.”

“Kung tutuusin, para ma-sustain ang unibersal, abot-kaya, dekalidad na edukasyon, pwede nating pagkuhanan ng pondo ang panukala nating patawan ng wealth tax ang halos tatlong libong bilyonaryo sa Pilipinas,” aniya. Binanggit niya ang pag-aaral ng Ibon Foundation na maaaring makalikom ng dagdag na ₱502 bilyon ang estado kung bubuwisan nito ang pinakamayayamang indibidwal sa Pilipinas. “Hindi lamang makikinabang sa dagdag na pondo ang free higher education na aabot sa ₱51.14 bilyon sa 2024, kundi lahat din ng mga batayang serbisyo para sa ating mga mamamayan,” aniya.

Katunayan, lubos na nakikinabang ang multi-bilyunaryong mga Pilipino sa komersyalisadong edukasyon sa Pilipinas.

Kabilang sa mga bilyunaryong may-ari ng eskwelahan ang magkakapatid na Sy na may-ari ng National University (NU), Far Eastern

University (FEU) at Asian Pacific College. Sa kabila ng kanilang limpak-limpak na yaman, nakatakdang tataas ng dagdag na 5% ang tuition at iba pang bayarin sa NU at 4% sa FEU. May yamang \$14.4 bilyon ang magkakapatid na ito.

Samantala, itataas ni Lucio Tan (yaman: \$2.6 bilyon) ang tuition ng University of the East sa Maynila at Caloocan nang matarik na 9.5%.

Itataas din ng pamilyang Yap (yaman: \$445 milyon) ang tuition ng Centro Escolar University (CEU) sa Las Pinas, Makati at Maynila nang 2%.

Ilan pa sa mga bilyunaryong nakikinabang sa matataas na matrikula ang:

- pamilyang Zobel de Ayala (yaman: \$2.8 bilyon), may-ari ng University og Nueva Caceres, National Teachers College at Affordable Private Education Centers o APEC

- Eusebio Tanco (yaman: \$605 milyon), may-ari ng STI Colleges, STI Senior High School, Philippine Woemn's University, West Negros University at IAcademy

- pamilyang Yuchengco (yaman: \$420 milyon), may-ari ng Mapua University, Malayn Colleges, Malayan High School at iPeople

Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido, ginunita

Agosto 31, 2023

Sama-samang ginunita kahapon, Agosto 30, ng mga kaanak at kaibigan ng mga biktima ng sapilitang pagkawala ang Pandaigdigang Araw ng mga Desparesido. Iginiit nila ang kagyat na paglilitaw at pagbibibigay ng hustisya sa kanilang mga mahal sa buhay at kaibigan na dinukot at winala ng mga ahente ng estado.

Sa Manila, nagpiket ang mga grupo sa karapatang-tao sa pangunguna ng grupong Desaparecidos sa Court of Appeals, sa Padre Faura para suportahan ang petisyon ng mga kaananak nina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil "Bazoo" de Jesus na nagsamapa ng Petition for Writ of Habeas Corpus sa nasabing korte, noon pang Hulyo 5.

Ang naturang petisyon ay kinatigan ng korte. Inutusan nito ang Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police na ilitaw ang dalawa.

"Mula sa panahon ng rehimeng Marcos Sr noong dekada 1970 at dekada 1980 hanggang sa kasalukuyang administrasyong Marcos Jr, ang sapilitang pagkawala ay nagsilbing instrumento para maghasik ng takot at patahimikin ang mga kritiko," ayon sa pangkalahatang kalihim ng Karapatan na si Cristina Palabay.

Sa tala ng Karapatan, higit 1,000 indibidwal ang sapilitang iwinala sa ilalim ng diktadurang Marcos Jr habang nakapagtala ng 821 biktima sa ilalim ng rehimeng Cory Aquino, 26 sa panahon ng rehimeng Estrada, 206 sa ilalim ng rehimeng Arroyo, siyam sa panahon ng rehimeng Aquino II,

20 sa panahon ni Rodrigo Duterte at walo sa unang taon ng rehimeng Marcos Jr.

“Ang sapilitang pagkawala ay hindi lamang mga numero...kumakatawan ito sa mga buhay na nawala, winasak na mga pamilya, at mga komunidad na nabubuhay sa takot,” ayon pa kay Palabay. Dagdag niya, ang mga ito ay lubhang paglabas sa karapatang-tao at lantarang pagbalewala sa pag-iral ng batas.

Samantala, nagtirik ng kandila ang mga grupo sa karapatang-tao sa dambana ng biktima ng sapilitang pagkawala na si Fr. Rudy Romano sa Redemptorist Church sa Cebu City matapos ang isang misang bayan. Nanawagan sila ng hustisya sa lahat ng biktima ng sapilitang pagkawala ng estado.

Tatlong inaresto sa Batangas, iginiit na palayain

Agosto 31, 2023

Nanawagan ang mga kaanak ng biktima at grupo sa karapatang-tao sa Batangas na palayain ng mga pwersa ng estado ang tatlong dinukot at ikinulong ng mga pulis noong Agosto 24 sa San Juan, Batangas. Kinilala ang mga biktima na sina Ernesto Baez Jr, Jose Escobio, at Junald Jabonero. Dinampot sila ng mga pulis habang bumabyahe sa Barangay Buhay na Sapa.

Ang tatlo ay sinampahan ng gawa-gawang mga kaso ng pagpatay, illegal possession of explosives, at Comprehensive law on Firearms and

Ammunition. Ayon sa ulat ng pulis, nakumpiska umano sa kanila ang mga baril, bala at magasin, mga gamit pampasabog, mga selpon at laptop, at iba pa.

Sa ulat ng Tanggol Batangan, grupo sa karapatang-tao sa prubinsya, nabisita ng pamilyang Escubio ang kanilang padre de pamilya noong Agosto 25 na ipiniit sa Camp Miguel Malvar, Batangas City. Si Escubio ay naunang iniulat ng kanyang pamilya na nawawala na nagsabing maghahatid ng kanyang mga pasahero gamit ang isang multicab sa Lipa City.

Ayon sa kanyang asawa, mayroong ihahatid si Escobio mula sa bayan ng San Juan tungong Lipa City sa naturang araw ngunit bigla na lamang siyang hindi makontak bandang alas-5 ng umaga.

Sina Jabonero at Baez Jr, na silang umarkila kay Escobio, ay parehong organisador ng Samahan ng Magbubukid sa Batangas.

Sa salaysay ng tatlo, pasado alas-5 ng madaling araw noong Agosto 25 ay bumyahe sila mula sa isang resort sa bayan ng San Juan. Nang inaresto, tinutukan umano sila ng armas ng mga pulis saka isinakay sa ibang sasakyan at tinakluban ang mga mukha. Ibinalik sila ng mga pulis sa lugar sa tulay sa bahaging Barangay Buhay na Sapa at doon pinalabas na mayroong dalang mga armas at mga pampasabog.